7. Entonces hablé a él, ¡oh Zarathustra,! yo que soy Ahura-mazda.
8. Obedéceme, o Tima, hermoso, hijo de Vivaghao, como recordador y portador de la ley.
9. A esto me contestó Tima, el hermoso, ¡oh Zarathustra.!
10. No soy yo el Creador, no el maestro, no el pensador, no el pensador, no el portador de la ley.
11. Entonces hablé a él ¡oh Zarathustra! yo que soy Ahura-mazda.
12. Si tu no me quieres obedecer, ¡oh Tima! como recordador y portador de la ley.
13. Entonces extiende mis mundos, entonces haz fértiles mis mundos, entonces obedéceme como defensor, alimentador e inspector de los mundos.
14. A esto me contestó Tima el hermoso ¡oh Zarathustra!
15. Yo quiero extender tus mundos, yo quiero hacer fértiles tus mundos, yo quiero obedecerte como defensor, alimentador e inspector de los mundos.
16. No puede exister durante mi señorío ni viento frío ni calor, ninguna desrtucción, ninguna muerte.
17. Entonces creé para él armas de victoria yo que soy Ahura-mazda.
18. Una lanza de oro (ala) y un estilete formado de oro.
19. Allí está Tima para conducir el señorío.
20. Por esto han sido dados a Tima como reyno trescientos países.
21. Entonces fué para él esta tierra llena de animales, bestias de tiro, hombres, perros, pájaros y fuegos que arden rojos.
22. No encontraron para sí espacio, los animales, las bestias de tiro, y los hombres.
23. Por ello fueron dados a Tima como reino seiscientos países.
24. Entonces fué para él tierra llena de animales, bestias de tiro, hombres perros, pájaros y fuegos que arden rojos.

25. No encontraban espacio para sí los animales, las bestias de tiro y los hombres.

26. Por ello fueron dados a Tima como reino novecientos países.

27. Entonces fué para él esta tierra llena de animales, bestias de tiro, hombres, perros, pájaros y fuegos que arden rojos. No encontraban espacio para sí los animales, las bestias de tiro y los hombres.

28. Entonces yo le notifiqué a Tima: Tima, hermoso; hijo de Vivaghao.

29. Llena está la tierra reunida de animales, bestias de tiro, hombres, perros, pájaros y fuegos que arden rojos.

30. No encuentran para sí espacio los animales, las bestias de tiro y los hombres.

31. Por esto se fué Tima hacia las estrellas, al medio día hacia el camino del sol.

32. Él partió esta tierra con su lanza de oro.

33. Él hizo un agujero en ella con el estilete.

34. Entonces hablando. Con amor oh Spenta Armaiti.

35. Aparece y separaos una de otra por orden (mía).

36. Tu portadora (madre) del ganado, de las bestias de tiro y de los hombres.

37. Entonces mandó Tima abrirse a esta tierra y fué más grande en un tercio que antes era.

38. Entonces mandó Tima abrirse a esta tierra y fué más grande en dos tercios que antes era.

39. Entonces mandó abrirse a esta tierra y fué más grande en tres tercios que antes era.

40. Sobre esto (tercio) adelántanse entonces el ganado, las bestias de tiro y los hombres.

41. Según el deseo y la voluntad de ellos, como es siempre solo su voluntad.

42. Un grupo produjo entonces el Creador Ahura-mazda con los celestiales Tazatas, el célebre en Airyanavaeja, la buena creación.

43. Un grupo produjo Tima el brillante, dotado de buena reunión, con los mejores hombres, el célebre en Airyanavaeja la buena creación.

44. A este grupo vino el Criador Ahura-mazda con los celestiales Tazatas el célebre en Airyana-vaeja de la buena creación.
45. Hacia aquel grupo vino Tima el brillante, dotado de buena reunión, con los mejores hombres, el célebre en Airyana-vaeja de la buena creación.
46. Entonces habló Ahura-mazda a Tima: Tima, hermoso, hijo de Vivaghao.
47. Sobre el mundo poblado de Cuerpos quisieran venir los males del invierno.
48. Por esto se prepara un fuerte y destructor Invierno.
49. Sobre el mundo dotado de cuerpos quisieran venir los males del Invierno.
50. Por eso quisieron caer nieve en gran abundancia.
51. Sobre las cumbres de los montes, sobre las extensiones de las alturas.
52. De tres (sitios), ¡oh Tima vaya (de aquí) el ganado!
53. Si está en el más terrible de los sitios.
54. Si está sobre las cimas de los montes.
55. Si está en las profundidades de los valles.
56. A las seguras moradas.
57. Antes de este invierno tuvo la región pastos.
58. Correrán las aguas primero, después se derretirá la nieve.
59. Nubes, oh Tima, quisieran descender sobre el lugar dotado de cuerpos.
60. Que ahora vé los pies del más grande y más pequeño ganado.
61. De aquí traza una circunferencia de la extensión de una carrera de caballo hacia los cuatro ángulos.
62. Lleva hacia allá la simiente del ganado, de las bestias de tiro y de los hombres, de los perros, de los pájaros y de los fuegos que arden rojos.
63. De aquí traza esta circunferencia de la extensión de una carrera de caballo hacia los cuatro ángulos para morada de los hombres.
64. De una extensión de una carrera de caballo hacia todos los cuatro ángulos para las vacas provistas de leche.
65. Reune allá el agua, en la magnitud de un hâthra.
66. Allá haz que vívan las aves.

67. En el que siempre ha de durar, color, de oro (sitio) cuyos alimentos no perecen.
68. Allá eleva moradas.
69. Pisos, columnas, patios y cercados.
70. Allá lleva tú la semilla de todos los hombres y mujeres.
71. Que sobre esta tierra son los más grandes, los mejores y los más hermosos.
72. Allá lleva la semilla de toda clase de ganado.
73. Que sobre esta tierra es el más grande el mejor y el más hermoso.
74. Allá lleva la semilla de toda clase de árboles.
75. Que sobre esta tierra son los más altos y más aromáticos.
76. Allá lleva la semilla de todos los alimentos.
77. Que son sobre esta tierra los más dulces y aromáticos.
78. Todo esto haz por pares e imperecederos.
79. Hasta los hombres que están en esta circunferencia.
80. No haya allá querella, ni disgusto.
81. No repulsión, ni enemistad.
82. No mendicidad ni mentira.
83. No miseria, no enfermedad.
84. No dientes que sobresalen en medida.
85. No una estatura que pase la medida del cuerpo.
86. Ningún otro de las señales que son las señales de Agramainyus que él hizo en los hombres.
87. Arriba sobre el país haz nueve puentes.
88. En medio seís, abajo tres.
89. A los puentes superiores lleva la semilla de mil hombres y mujeres.
90. A los del medio (la semilla) de seiscientos, a los inferiores de trescientos.
91. A esto (lleva) los que en las circunferencias están con la lanza de oro.
92. Al rededor de esta circunferencia (haz) una alta puerta y una ventana que la misma se alumbre por dentro.
93. Sobre esto pensaba Tima: ¿Como he de hacer yo una circunferencia como Ahura-mazda me ha dicho?

94. Entonces dijo Ahura-mazda a Tima: Tima, hermoso, hijo de Vivaghao.
95. Pisa esta tierra con los talones, golpéala con las manos.
96. Somejante como los hombres mandan separarse a la tierra habitada.
97. Entonces hizo Tima la circunferencia de la extensión de una carrera de caballo hacia los cuatro lados.
98. Allí llevó él la semilla del ganado de los animales de tiro, de los hombres, perros, pájaros y fuegos que arden rojos.
99. Entonces hizo Tima la circunferencia de una carrera de caballo hacia los cuatro lados para morada de los hombres.
100. De la longitud de una carrera de caballo hacia los cuatro lados para las vacas provistas de leche.
101. Allá reunió el agua en la magnitud de un Hathra.
102. Allá hizo el que los pájaros habitasen.
103. En el (sitio) que siempre ha de duras, color de oro, cuyos alimentos nunca perecen.
104. Allá levantó él moradas.
105. Pisos, columnas, patios y cercados.
106. Allá llevó él la semilla de todos los hombres y mujeres.
107. Que sobre esta tierra los más grandes, los mejores y los más hermosos son.
108. Allá llevó él la semilla de toda clase de ganado.
109. Que sobre esta tierra el más grande, el mejor y el más hermoso es.
110. Allá llevó él la semilla de todos los árboles.
111. Que sobre esta tierra los más altos y los más aromáticos son.
112. Allá llevó él la semilla de todos los alimentos.
113. Que sobre esta tierra los más dulces y más aromáticos son.
114. Todo esto lo hizo él por pares é imperecederos.
115. Hasta los hombres que esta circunferencia.
116. Allá no había ni disputa ni discordia.
117. Ni repulsión ni enemistad.
118. Ni mendicidad ni mentira.
119. No miseria, no enfermedad.
120. Ni dientes que sobresalen en medida.

121. Ni estatura que pase la medida del cuerpo.
122. Ninguna de las señales que son las señales de Agramainyus, que él ha hecho en los hombres.
123. Allá arriba en la región construyó él nueve puentes.
124. En medio seis, abajo tres.
125. A los puentes superiores llevó él la semilla de mil hombres y mujeres.
126. A los de en medio de seiscientos, a los inferiores de trescientos.
127. A esto llevó él los que en la circunferencia están con la lanza de oro.
128. Alrededor de esta circunferencia (construyó él) una elevada puerta y una ventana que la misma se ilumina por dentro.
129. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
130. ¿De que clase son las (luces, ¡oh santo Ahura-mazda! que allá alumbran) en las circunferencias que Tima ha hecho?
131. A. esto contestó Ahura-mazda: Autogenas luces y en filas (órden) creadas.
132. De una sola manera y paso se ven las estrellas, la luna y el sol.
133. Estos tienen por un día lo que es un año.
134. Cada cuarenta años hacen dos hombres de dos hombres, un par un varón y una mujer.
135. Así mismo de las clases de animales.
136. Estos hombres llevan la más hermosa vida en los círculos que hizo Tima.
137. Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
138. ¿Quién ha extendido allá la ley Mazdayasnica, en estos círculos que Tima ha hecho?
139. A esto contestó Ahura-mazda: El ave Karschipta, ¡oh santo Zarathustra!

TERCER FARGARD

1. Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
2. ¿Qué es lo más agradable en 1er lugar a esta tierra?

3. A esto contestó Ahura-mazda: Donde un santo varón avanza, ¡oh santo Zarathustra!
4. Leña de sacrificio en la mano, Berecma en la mano, la taza en la mano, el mortero en la mano.
5. En conformación con la ley pronunciando estas palabras: A Mithra con su amplio poderío quiero yo invocar y a Râmagâetra.
6. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
7. ¿Que es lo mas agradable a esta tierra en 2° lugar?
8. A esto contestó Ahura-mazda: ¡Que un santo varón se edifique allá su morada!
9. Provisto de fuego, provisto de ganado, provisto de mujer niños y buenos rebaños.
10. Entonces hay en esta morada abundancia en ganado, abundancia en rectitud, abundancia en pasto, en perros, en mujeres, en jóvenes, en fuego, en todo lo que pertenece a una buena vida.
11. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
12. ¿Qué es lo más agradable a esta tierra en tercer lugar?
13. A esto contestó Ahura-mazda: En donde más se produzca por cultivo granos, y árboles que dan alimentos (que llevan).
14. En donde se rieguen terrenos secanos, o se saque el agua de tierra de demasiado húmeda.
15. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpo, Puro!
16. ¿Qué es lo mas agradable a esta tierra en cuarto lugar?
17. A esto contestó Ahura-mazda: En donde más nazcan ganados y bestias de tiro.
18. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
19. ¿Qué es lo más agradable a esta tierra en quinto lugar?
20. A esto contestó Ahura-mazda: En donde más dejen su orina el ganado y las bestias de tiro.
21. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
22. ¿Qué es lo más desagradable a esta tierra en primer lugar?
23. A esto contestó Ahura-mazda: Los posesionamientos de Arezura, ¡oh santo Zarathustra!
24. Cuando sobre ella vienen juntos del infierno los devas con los drujas.
25. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!

26. ¿Qué es lo más desagradable a esta tierra en segundo lugar?
27. A esto contestó Ahura-mazda: En donde más se entierra en ella perros muertos y hombres muertos.
28. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
29. ¿Qué es lo más desagradable, a esta tierra en tercer lugar?
30. A esto contestó Ahura-mazda: En donde más se hacen amontonamientos de Dakhmas, en donde más se colocan sobre ella hombres muertos.
31. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
32. ¿Qué es lo más desagradable para esta tierra en cuarto lugar?
33. A esto contestó Ahura-mazda: En donde existan más cavernas de los (animales) creados por Agra-mainyus.
34. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
35. ¿Qué es lo más desagradable para esta tierra en quinto lugar?
36. A esto contestó Ahura-mazda: Cuando, ¡oh santo Zarathutra! la mujer o el hijo de un santo varón va el contrario (al revés) camino.
37. Cubierto de suciedad polvo y tiene (lleva) una llorosa conversación.
38. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
39. ¿Quién es el primero que alegra a esta tierra con el mayor contento?
40. A esto contestó Ahura-mazda: Quien con preferencia cava donde fueron enterrados perros muertos y hombres.
41. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
42. ¿Quien en segundo lugar alegra a esta tierra con mayor contento?
43. A esto contestó Ahura-mazda: El que con preferencia aplana Dakhmas en donde son colocados encima hombres muertos.
44. Ninguno cualquiera debe llevar un muerto.
45. Cuando un solo, único le trae, al muerto.
46. Así se ensucia el Nacus de la nariz para fuera, de los ojos para afuera, de la lengua, del rostro, del amis afuera.
47. Sobre sus (i.e. de aquellos que cometen estos pecados) uñas salta este Druckus Nacus.

48. Y ellos son impuros después, para siempre, por la eternidad.
49. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpo, Puro!
50. ¿Donde está el sitio para el hombre que conduce el muerto?
51. A esto contestó Ahura-mazda: Debía ser el que tiene menos agua y menos árboles de esta tierra.
52. El más puro y el más seco.
53. En cuyos senderos pasen menos el ganado y las bestias de tiro.
54. Y el fuego de Ahura-mazda el Berecma que está atado en santidad y el santo varón.
55. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
56. ¿Qué distancia del fuego, que distancia del agua, que distancia del Berecma que está atado, que distancia de los hombres puros?
57. A esto contestó Ahura-mazda: Treinta pasos del fuego, treinta pasos del agua, treinta pasos del Berecma que está atado, tres pasos de los hombres puros.
58. Por eso deben estos mazdayasnas amontonar sobre esta tierra montones alrededor.
59. Con alimentos se deben llevar después allí a estos mazdayasnas, con vestidos deben llevarse después allí a esto mazdayasnas.
60. Al más malo (——————————)
61. Al más poco (——————————)
62. Estos alimentos debe comer, estos vestidos debe vestir.
63. Todo hasta los más añosos, envejecidos, que no tienen ninguna semilla más.
64. Por eso lo que es ya envejecido o está envejeciendo y que no tiene ninguna semilla más.
65. Fuerte y rápido le deben dejar después permanecer los mazdayasnas sobre los montes.
66. Según lo ancho de su espalda deben cortarle la cabeza.
Se entregará el cuerpo a las devoradoras criaturas de Spenta-mainyus, a las aves carnívoras y Kahrkasas.
67. Qué hablen así: "Este se arrepiente para sí de todo lo malo en pensamiento, palabras y obras.
68. "Sí él ha cometido otras obras pecaminosas."

69. "Así se ha confesado el castigo."
70. "Si él no ha cometido aun otras obras pecaminosas."
71. "Así se arrepiente de ellas para siempre."
73. ¿Quién disfruta en tercer lugar alegra a esta tierra con mayor contento?
74. A esto, contestó Ahura-mazda: El que más aplana (llena) las cavernas de las criaturas de Agra-mainyus.
75. ¡Criador de los mundos dotados de cuerpos, Puro!
76. ¿Quién alegra en cuarto lugar a esta tierra con el mayor contento?
77. A esto contestó Ahura-mazda: El que más cultiva: Frutos del campo, yerba y árboles que producen los alimentos, ¡oh santo Zarathustra!
78. O: el que provee de agua al campo seco, o hace agua para el que no tiene agua.
70. Pues no está alegre esta tierra que yace largo tiempo inculta.
80. Cuando ella puede ser cultivada.
81. Entonces es ella buena para morada de estos (hombres).
82. Allá está bien crecido el ganado que largo tiempo va sin hijos.
83. Pues entonces es ella buena para los animales machos.
84. El que trabaja esta tierra con el brazo izquierdo y el derecho, con el brazo derecho y el izquierdo, ¡oh santo Zarathustra!
85. A este trae ella riqueza.

GUILLERMO TELL

Trahediang tinulâ ni Schiller sa wikang alemán, isinalin ni J. R. sa tagalog.

PANAUHIN

Herman Gessler	Púnung hukúm ng̃ *Austria* sa *Schwyz* at sa *Urí*.
Werner	Mahal na tao. Baron sa *Attinghausen*.
Ulrich sa *Rudenz*	Kaniang pamankin.
Werner Stauffacher ..... *Konrad Hunn* ..... *Ytel Reding* ..... *Hans auf der Mauer* .... *Yerg im Hofe* ..... *Ulrich,* Panday ..... *Jost* sa *Weiler*	Tagá *Schwyz*
Walther Fürst ..... *Tell* (Wilhelm) ..... *Raesselmann,* cura ..... *Petermann,* sacristan ..... *Kuoni,* pastol ..... *Werni,* mang̃ang̃asó ..... *Cuodi,* mang̃ing̃isdâ	Tagá *Urí*
Arnold sa *Melchtal* ..... *Conrad Baumgarten* ..... *Maier* sa *Sarnen* ..... *Struth* sa *Winkelried* ... *Klaus* sa *Flüe* ..... *Burkhardt* sa *Bühel* ..... *Arnold* sa *Sewa*	Tagá *Unterwalden*

Walther .....
Guillermo ..... } anak ni Tell

Pfeifer sa *Luserna*
Kunz sa *Gersau*
Jenni ..... bataán ng̃ mang̃ing̃isdâ
Seppi ..... bataán ng̃ pastol
Gertrud ..... asaua ni *Stauffacher*
Hedwig ..... asaua ni *Tell,* anak ni *W. Fürst*
Bertha sa *Bruneck,* ..... mayamang dalaga

Armgard .....
Mechthild .....
Elsbeth .....
Hildegard ..... } asaua ng̃ mg̃a magsasaká.

Friesshardt .....
Leuthold ..... } sundalong upáhan

Rudolph der Harras .... escudero ni *Gessler.*
Johannes ..... Pumatay sa magulang. Duque sa *Suabia.*
Stüssi ..... bantay búkid.
Ang túro sa Uri.

Isang sugò ng̃ kaharian — Isang magpapaátag — Maestro Kantero, mg̃a gastadol, aluáge — Magtatauag — Mg̃a kapatid ng̃ kaauaang-gauâ — Kábayohán ni Gessler at ni Laudenberg.

Taong báyan — Babai at lalaki sa mg̃a náyon sa kabundúkan.

UNANG LABÁS

UNANG HATÌ

Pampang na batong matarik ng̃ dagátang *Vierwaldstaetter,* katapat ng̃ *Schwyz.* Ang dagata'i nánások sa lupà: isang kubu sa tabí ng̃ pampang at isang batang palakaya'i namamankâ: sa kaitáasan ng̃ pampang, paakyat, matatanauán sa liuanag ng̃ arao ang mg̃a kahúyan, náyon at baháyan ng̃ Schwyz. Sa kaliuâ ng̃ nanonoód ay napakikita ang taluktok ng̃ *Haken,* libot ng̃ alapáap: sa kánan, sa malayô ang mg̃a bundok ng̃ ielo. Dapat márinig, bago itaas ang tabing, ang tuno ng̃ *Kuhreihen* at ang taginting ng̃ bayimbî ng̃ mg̃a báka na dapat lumáuig isang sumandalì pagka bukás ng̃ tabing. (Batang namamanka'i aauit: tuno ng̃ *Kuhreihen*).

"Nayákag maligò ng̃ masayang dagátan,
ang bata'i náidlip sa lílim ng̃ pampang,

Tínig nakauátas
Flauta'ng kasingtamís
Anó'i boses anhel
Auitan sa Láng̃it.

Nang siya'i mágising sa amihang simui
Abot sa dibdib na'i nápukol ang álon

Sa 'lalim tumauag:
Bata, ika'i, akin:
Dinayang natulog
S'aki'i yayakagin."

Pastol (sa itaas ng̃ bundok: ibang tuno ng̃ *Kuhreihen*)

Paálam, bukiran,
Madamong pastúlan,
Lálayô ang pastol
Lampás na'ng tag-arao!

Sa bundok ang tung̃o, ng̃unit magbábalik
Pag huni ng̃ ibon (kukuk) pag gising ng̃ auit,
Pag ang lupa'i muling dam'tan ng̃ bulaklak
Pag agus sa Mayo ng̃ batis sa gúbat.

Paálam, bukiran,
Madamong pastúlan,
Lalayô ang pastol
Lampás na'ng tag-arao!

Mang̃ang̃asó sa Alpes. (sísiput sa itaas ng̃ batong katapat ng̃ pastol: bagong tuno ng̃ *Kuhreihen*)
Nákulog sa itáas, ang tulai náyanig,
Ako'i nang̃ang̃aso sa daang matarik:

Pang̃ahás náhakbang
Sa parang ng̃ ielo,
Do'i ualang tag-arao
Sariuà mang damó!

Sa ibabâ ng̃ paa'i alimuum lámang
Di na mákilala'ng̃ mg̃a kabáyanan:

Pagita'i alapáap
Nagtatanao lupà;
Sa gitnâ ng̃ tubig
Gubat na sariuà!

(Máririnig sa kabundúkan ang malaking iñgay anaki'i kulug: magdidilim ang lupà sa tátakip na alapáap.)

Ruodi, mañgiñgisdâ mangagaling sa kubu. *Werni,* mañgañgasó bababâ sa itaas ñg bató. *Kuoni,* pastol, darating, pasán sa balikat ang bañgang gatasán: kasunod si *Sepping* batáan niya.

Ruodi: Dalî, Jenni. Italì mo ang bankâ, at dárating ang kilabot ñg libis: umuúgung sa kaitaasan ñg bunduk, nagkukulubung ang *Miethenstein;* maginau ang hihip ñg hánñgin: sa bantâ ko'i tayo'i, aabutan ñg masamang panahon.

Kuoni: Uulan, bankero. Nañgiñginaing magaling ñg damó ang aking mña tupa, ang bantay nila'i, nákuykuy sa lupà.

Werni: Nagpupuságan ang mña isda't násisid ang kasili: may bagiong hihihip.

Kuoni (sa kaniyáng batáan): Ting'nan mo, Seppi, kung ang mña hayop ay natitípon.

Seppi: Kilalá ko si *Lisel* na maitim: naririnig ko ang kuliling.

Kuoni: Kung gayo'i ualang kulang: si *Lisel* ang láging galâ.

Ruodi: Mataginting ang inyong bayimbî, mamang pastol.

Werni: May pamuti ang hayop . . . ¿sarili ba ninyo, kababayan?

Kuoni: Hindî po ako totoong mayaman! . . . ya'i sa aking mahal na pañginoong Attinghausen, paíui sa akin.

Ruodi: Anong dikit ñg pangliig ñg baka!

Kuoni: Talastás po niyang sia ang namiminunò: kung iya'i al'sin ko'i dina sia mañgiñginain.

Ruodi: Namamalî kayo: ¡isang ualang pag-iisip na hayop. . . .

Werni: Sianña! Hayop man po'i, may pag-iisip din; talastás naming mañgañgasó ñg gamusa: marunong mag iñgat pag nañgagsisilakad sa parang: isa'i nañgunñgunang naninindig and tainña at humahalinghing pag ang mañgañgaso'i nalalapit.

Ruodi (sa pastol): Uuî ba kayo ñgayon sa bahay?

Kuoni: Sagad na ang damó sa Alpes.

Werni: Dumating nauâ kayong malualhatì, Pastol.

Kuoni: Yaon din ang nasà ko sa inyo: di laging nakakauî ang inyong paris.

Ruodi: Naito ang isang taong natakbong balisá!

Werni: Siya'i kilala ko; si Baumgarten sa Alzellen.

Konrad Baumgarten (hapóng dumating).

Baum: Sa ngalan ng̃ Dios, magpaparao, ang inyong bankâ!

Ruodi: Hm! hm! ano't nagmamadalí?

Baum: Inyong kalagin! Iligtas akó sa kamatayan! Itauid ninyo akó!

Kuoni: Anó ang inyó, kababayan?

Werni: Sino ang humahabol sa inyo?

Baum (sa mang̃ing̃isdâ); Dalî, dalî at ako'i aabutan na: habol ako ng̃ mg̃a dragon ng̃ hukúm: patay ako kung mahuli.

Ruodi: Bakit kayo habol ng̃ mg̃a dragon?

Baum: Iligtas muna akó at saká tayo mag salitaan.

Werni: Punô kayo ng̃ dugô! Anong nangyari?

Baum: Ang may kutang hukúm ng̃ Emperador, na namamahay sa ibabao ng̃ Rossberg. . . .

Kuoni: Si Wolfenschiessen! Siyang nagpapahagad sa inyo?

Baum: Ya'i dina makatatampalasan, pinatay ko siya!

Lahat (nang̃agsiurung): Kaauaan kayo ng̃ Dios! Anong inyong ginauâ?

Baum: Ang balang malayang lalaki sa aking lagay! Ginamit ko ang aking kapangyarihan sa bahay sa ibig tumampalasan sa puri ko't asaua.

Kuoni: Dinum'han ng̃ hukúm ang inyong púrì?

Baum: Dî ipinahintulot ng̃ Dios at ng̃ matalim kong palakol mangyari ang sa lilong nasà.

Werni: Sinibak ninyo siya sa ulo?

Kuoni: Oh! mapakingan namin. May panahon hangang makalag ang banka sa pampang.

Baum: Ako'i nang̃ang̃ahoy sa parang, mana'i dumating ang aking asauang hapô sa takot ng̃ kamatáyan. "Ang hukúm sa kuta'i nasa bahay: nagutos na siya'i handaan ng̃ pagpaligò: siya'i hining'an ng̃ dî karapatdapat: siya nagalpas ng̃ ako'i hanapin." Umuî ako kapagkaraka at doon din sa pagpaligo'i aking pinalakol at inutás.

Werni: Matuid na gauâ: dî kayo masisisi ng̃ sino pa man.

Kuoni: Ang sukab! Nagbayad din siya! Matagal nang kautang̃an niya sa mg̃a taga Unterwalden.

Baum: Pagdaka'i nabalità; ako'i ipinahuhuli. Samantalang tayo'i nag uusap . . . Dios . . . nalampas ang panahon. . . .

Kuoni: Dalì, bankero . . . itauid mo ang bayani.

Ruodi: Hindì po maari: ang panaho'i masamâ. Kayo'i dapat maghintay.

Baum: Santong Dios! Dî ako makapagaantay? Bauat tigil ay kamatayan!

Kuoni (sa mañgiñgisdâ); Sa ñgalan ñg Dios! Ang kapua'i dapat tulunñgan: ang gayo'i maaaring mangyari sa ating lahat!

(ugung at kulug)

Ruodi: Humahagibis ang habagat: mas'dan ninyo ang pagkulû ñg dagatan: dì ako makalalaban sa alon at bagió.

Baum (yákap siyá sa tuhod): Tulunñgan din nauâ kayo ñg Dios kung ako'i inyong kahabagan. . . .

Werni: Kalarô ang buhay, maaua ka, bankero.

Kuoni: Siya'i may bahay, may asaua't anak.

(Kulúg at kidlat na sunudsunod)

Ruodi: At ano? Mayroon din naman akong buhay na anking, may asaua't anak sa bahay, gaya niya. . . . Ting'nan ninyo ang alon, ang silakbo't alimpuyó: anaki hinahañgo sa kailaliman ang lahat ñg tubig. . . . Nasà ko ñgang totoo mailigtas ang lalaking may loob, ñguni't talastás ninyong hinding hindì maaari.

Baum (sa pagkaluhod): Diyata't mahuhulog akó sa kuko ñg kaaway, malapit na sa makapagliligtas na pampang? Ayon nga't naaabot ñg paniñgin, nararating ñg sigao, ayon ang bankang makapagtatauid . . . at titirá ako dito ualang saklolo't ualang magagauâ!

Kuoni: Ting'nan ninyo, sino yang narating?

Werni: Yan ang si Tell na tagá Büglen.

Tell dalá ang alkabús.

Tell: Sino itong taong náhiñgi ñg tulong?

Kuoni: Isang taga Alzellen na sa pagtatangol ñg sariling puri'i pinatay si Wolfenschiess, yaong hukúm ñg Hari na nanirá sa kaniyang kastillo sa ibabao ñg Rossberg: habol siya ñg mga sundalo ñg hukúm sa patag at siya'i aabutan. Nagaamo-among siya'i itauid ñg bankero, ñguni't ito'i natatakot sa darating na bagio at dî mañgahás tumugpá.

Ruodi: Nayan si Tell, na marunung din naman managuan at makapagpapatotoo kung ang pagtauid ay mapañgañgahasan.

Tell: Pag kailañgan, bankero'i dapat lahat pañgahasan.

(Kulug na malalakas: ang alo'i napaiitaas)

Ruodi: Dapat ba akong tumalon at mahulog sa bunñgañga ñg infierno? Dî yan gagauin ñg sino mang may isip.

Tell: Ang taong may loob ay huling nagaalaala sa kaniyang sarili: naasa sa Dios at nagliligtas sa nañgañganib.

Ruodi: Maginhaua ang gauang humatol sa dî masasak'tan: naito ang banka at nayaon ang dagat: tik'man mo.

Tell: Maaaring maauà ang dagat ñguni't hindî ang hukum: pañgahasan mo, bankero.

Mga Pastol at mañgañgaso: Iligtas, itangol, iligtas ninyo siya!

Ruodi: Ang kapatid ko man ó anak ko man yata siya'i hindî maaari: ñgaion ay Sn. Simon at Sn. Judas, nagñgañgalit ang dagat at hinihiñgî ang kaniyang bankay.

Tell: Sa ulul na salitâ'i ualâ ritong kauuuian; natakbo ang panahon; ang kapua'i dapat abuluyan. Magsabi ka, bankero, ibig mong tumugpâ?

Ruodi: Ayao, hindî ako!

Tell: Ñgaion! Sa ñgalan ñg Dios! Ibigay dito ang bankâ. Titikman ñg aking mahihinang lakas.

Kuoni: Ha! Tell na matapang!

Werni: Ganiyan ang mañgañgasó.

Baum: Kayo ang magliligtas sa akin, ang aking anhel, Tell.

Tell: Tunay at kayo'i ililigtas ko sa kamay ñg hukum! Sa pañganib ñg sakuna'i iba ang tutulung. Dapua't ibigin ang mahulug sa kamay ñg Dios, huag sa kamay ñg mga tao. (Sa pastol.) Kababayan, aliuin ang aking asaua kung sapitin ang karaualdaual. Tinupad ko ang dî ko dapat paubayaan. (lulukso sa bankâ).

Kuoni (sa mañgiñgisdâ): Kayo'i isang balitang bankero: dî ninyo mapañgahasan ang ginauâ ni Tell.

Ruodi: Ang lalong magagaling ay dî makatutulad kay Tell. Sa kabunduka'i ualâ siyang kaparis.

Werni (Aakyat sa itaas ñg bato): Lumalayô na. Tulunñgan ka nauâ ñg Dios, lalaking may loob. Tig'nan ang pagsalunñgá sa alon ñg bankâ.

Kuoni (sa pampang): Matatabunan ng̃ alon . . . ! Dì ko na makita. . . . Ng̃uni't hindì. . . . Ayon uli. . . . Ah! ang bayani't nakikipaglaban sa daluyong.

Seppi: Naito nang pasabay paá ang mg̃a kabayuhan ng̃ hukum!

Kuoni: Santong Dios at sila ng̃a! Yan ang abuloy sa pang̃anib.

(Tropang nang̃ang̃abayo ni Laudenberger)

1º nang̃ang̃abayo: ¡Huag itagu ang nakamatay! Ibigay dito.

2º: Dito siya nagtúng̃o: huag itangi!

Kuoni at *Ruodi*: Sino ang ibig ninyong sabihin, mg̃a daragon?

1º (natanauan ang bankâ): Ha! anong namamalas ko, diablo!

Werni (sa itaas): Yaon bang nasa bankâ ang inyong hanap? Hayo't habulin! Gapusin kung kayo'i náhing̃ang umabot.

2º: Nakatakas! Nakaalpas!

1º (sa pastol at mang̃ing̃isdâ): Inyo siyang pinatanan, kayo ng̃aion ang magbabayad . . . ! Lusubin ang kanilang hayupan! Iualat ang kubu, sunugin lahat at gunauin!

(mang̃agsisialis)

Seppi (takbong kasunod): Ay! ang aking mg̃a tupa.

Kuoni (susunod): Sa aba ko! ang aking mg̃a hayop!

Werni: ¡Ang mg̃a sukab!

Ruodi (babaluktutin ang kamay): Oh makatuirang Lang̃it! Kailan bagá darating ang magliligtas sa aming bayani! (susundan sila).

IKALAUANG HATÌ

Sa *Steinen* sa Schwyz. Isang kahoy ng̃ Linde sa tapat ng̃ bahay ni Stauffacher, tabing daang malapit sa tulay.

Nagsasalitaan si Werner, Stauffacher at si Pfeifer na taga Luserna.

Pfeifer: Yan ng̃a po, mamang Stauffacher, yan ng̃a ang sabi ko. Huag ninyong sumpaan ang Austria, kung inyong maiilagan. Mang̃apit kayong mahigpit at matapang sa Imperio paris hangan ng̃ayon. Ipagtatangol kayo ng Dios at ang inyong matandang kalayaan.

(Kakamayan siyang mataimtim at ibig lumayô.)

Stauffacher: Mátira kayó hangang sa dumating ang aking maybahay. Kayo'i panaohin ko sa Schwyz: ako ang inyo sa Luserna.

Pfeifer: Salamat pô ng̃ maraming marami. Dapat akong dumating ng̃aion din sa Gersau. Anomang pighating inyong tangapin sa kasakiman at kapalaluan ng̃ inyong mg̃a Hukum, bat'hin ninyong lahat. Maaaring magbago, madalî, makaaakyat sa Trono ibang Emperador. Ng̃uni't makapit kayong minsan sa Austria, kaniya kayo magpakailan pa man.

(Aalis. Si Stauffacher ay uupung malumbay sa isang bankô sa ilalim ng̃ Linde (Tilo). Gayon siya darat' nan ni Gertrud, kaniyang asaua na lalapitan siya, at matagal na pagmamasdang ualang imik.)

Gertrud: Ano't ualang kibô, kaibigan? Dî na kita makilala! Mahabang arao ng̃ namamasid ko, ng̃uni't dî ako naimik, ang madilim na kahapisan sa iyong noo. Niyayapus ang pusù mo ng̃ piping lunus: ipagkatiualà sa akin: yamang ako ang iyong tapat na asaua humihingî ng̃ kalahatì sa iyong dusa. (Iaabot ni Stauffacher ang kamay ng̃uni't hindî iimik.) Sabihin mo sa akin ang nakalulunkut sa iyong puso. Pinagpalà ang iyong kasipágan, namumulaklak ang masaganâ mong pamumuhay, punô ang mg̃a buliligan sa kamalig: nang̃agsiuing tiuasay galing sa bundok ang mg̃a dî mabilang mong báka, ang alagaang matataba't makikintab na kabayo, upan ding daanin ang tagginao sa maal'uang kabahayan. Aya't nakatayô ang mayaman mong bahay, anaki'i sa mataas na tao. Bagong sinankapan ng̃ mahahalagang kahoy, yarì ayon sa matuid na sukat: nagkikintaban ang mg̃a dung̃auan, nagpapahalatang pinamamahayan. Sari-saring kulayang kalásag ang nang̃akaguhit at marurunong na sauikain ay nang̃akasulat na mababasa ng̃ nagpapahing̃ang maglalakad at pagtatak'han ang kanilang kahulugan.

Stauffacher: Mabuti ang pagkayari ng̃ bahay, tamà ang pagkasukat! Datapuâ ay! naugâ ang lupang ating pinagtatayuan.

Gertrud: Ano ang ibig mong sabihin, Werner?

Stauffacher: Dî pa nalalaon ako'i nakaupo sa harap nitong Linde, paris ng̃ayon, masayang pinagmamasid ang magandang kayarian, siyang pagdating ditong galing sa Küss-

nacht, sa kaniyang kuta ang Hukum at ang mg̃a kábayuhan niya. Sa tapat ng̃ bahay ay tumigil at pinagmálas. Ng̃uni't tumindig akong madalì, at masunurin, alin ng̃a ang karapatan, aking siyang sinalubung: siya ang sumasalagay ng̃ makapangyarihang Emperador dito sa bayan. "Kanino ang bahay?" Ang tanong niyang may masamang akala, alam niya't akin. Ng̃uni't madaling naguari-uari ako at sumagot: "Ito pong bahay, dakilang hukum, ay sa aking pang̃inoong Emperador, inyo at aking hiram." — Mulî siyang nagsabi: "Ako ang namiminunò sa bayan sa ng̃alan ng̃ Emperador, dî ko ibig na ang magsasaka'i magtayô ng̃ bahay at mamahay ng̃ malayà sa sarili, tila baga isang may kapangyarihan: paguusigin ko at ipagbabaual sa inyo." Pagkasabi nito'i lumayong galit, ng̃uni't ako'i nátirang malungkut ang kalulua at pinagninilaynilay ang sinabi ng̃ taksil.

Gertrud: Maybahay kong minamahal at pang̃inoon. Mapakikin'gan mo kaya ang sasalit'in ng̃ iyong asaua? Laging ipinagbabansag ko na ako'i anak ng̃ marunong at dakilang *Yberg*. Nang̃agsisiupo kaming magkakapatid at inuulak ang balahibung tupa sa mahahabang gabí ng̃ tagginao kapag sa bahay ni ama'i nang̃atitipun ang mg̃a punù sa bayan, binabasa ang mg̃a kasulatan ng̃ nang̃aunang Emperador, at sa mahusay na salitaa'i iniisip ang ikagagaling ng̃ bayan. Pinakikimatiagan ko yaon madlang marurunong na sabi, at itinaimtim sa pusù ang inisip ng̃ matalinong, ang ninasà ng̃ may bait. Kayâ ng̃a't pakin'gan mo at tandaan ang aking sasabihin, sapagka't talastás ko nang laon ang sa iyo'i nakalulumbay. — "Galit sa iyo ang hukum, malaki niyang násа'i tampalasánin ka, sapagka't nasasansalà mong ang tagá *Suisa'i* lumunod sa angkan ng̃ Harì, kundî tapat na maniig kumapit sa Imperio, tulad sa ginauâ ng̃ mg̃a pinagnunò. Dî baga gaion, Werner? Sabihin kung ako'i namamalî.

Stauffacher: Gayon ng̃a, yan ang punung gálit ni Gessler sa akin.

Gertrud: Kinaiingitan ka, sa mabuti mong pamumuhay dahil, malayang tao ka sa iyong sariling minana. — Siya'i ualâ. Sa imperio at sa Emperador din tinangap mo ang katutuhanang ang bahay ay iyo, iyong maipahahayag kung maipahahayag ng̃ puno na kaniya ang kaniyang mg̃a lupà; sapagkat ualâ kang kinikilalang ibang pang̃inoon liban na sa kataastaasan sa boong kakristianohan. — Siya'i isa la-

mang huling anak sa kaniyang bahay, ualang mapañgañgan'lang sarili kundî ang sakbit na balabal, kayâ ñga't tiniting'nan niya ñg may lasong matang punô ñg galit ang kaginhauahan ñg timauang tao. Laon nang isinumpâ niya ang iyong kapahamakan. — Salamat at hangan ñgayo'i dî ka pa nakikilos . . . ibig mong antaying kaniyang uyamihin sa iyo ang lilo niyang nasà? Ang pautás ay nañgunña.

Stauffacher: Anong magagauâ?

Gertrud (lalapit): Pakin'gan mo ang aking hatol. Talastás mo't dito sa Schwyz, lahat ñg matitinong tao'i nañgagsisidaing dahil sa kasakiman at katampalasanan ñg Hukum. Maniualâ ka't doon man sa itaas sa Unterwalden, at sa Urí sauâ na at pagod na lahat sa kabigatan ñg yugu. Sapagka't kung si Gessler ay narito, doon si Laudenberger sa dagátan ay magaling ang paguaualanghiâ. . . . Ualang dumadating na mañgiñgisdang bankâ dito sa atin na dî may taglay na balità ñg bagong kataksilan at kalabisan ñg mña Hukum doon. Kayâ ang makabubuti, magtipontipon ang ilan sa inyong may mabuting akálâ, tahimik magpulong upan ding matapus ang mabigat na pasán. Sumasampalataya akong dî kayo pababayaan ñg Dios, Siya umaagapay sa mabuting bagay. Magsabi ka, ualâ ka bagang tapat na kaibigan sa Urí na iyong mapagbubuk'san ñg pusù?

Stauffacher: Maraming may pusung taong kilalá ako roon, maraming mararañgal at iginagalang na sa aki'i katualâ at dî naglilihim. (tumindig) Babai, ¿anong guló ñg mapañganib na pag-iisip ang ginising mo sa tahimik kong dibdib? Ibinalik mong laban sa akin sa liuanag nang arao ang aking kalooban, at ang ipinagbaual ko sa aking panimdim ay magaang sinabi ng ualang takot mong dila. Pinagnilaynilay mo rin baga naman, ang sa aki'i inihahatol. Ang kalagimlagim na galit, ang kalansing ñg patalim ay iyong gigisiñgin dito sa mapayapang libís. Mañgañgahás kami, isang mahinang bayan ñg mña magsasaka, lumakad makibaka sa harì ng Mundo? Ualâ silang hinihintay kundî isang mabuting dahilan, at pababahain dito sa kaauaauang lupà ang mña mababañgis na hukbu ñg kaniyan kalakasan, gagamitin ang kaugalían ñg nanalo, dadahilanin ang nasang pagpayapá upang ding lipulin ang matatandang pinagsulatan ñg kalayaan natin.

Gertrud: Kayo nama'i mg̃a lalaki rin, bihasá kayong gumamit ng̃ palakol, at ang may loob ay tinutulung̃an ng̃ Dios!

Stauffacher: Isang kakilakilabot at kalagim-lagim na hampas ng̃ Dios ang pagbabáka: hayop man, pastol man ay dì nakaliligtas.

Gertrud: Dapat bat'hin ang padalá ng̃ Lang̃it: ng̃uni't, ang kahalayhalay ay dì sukat bat'hin ng̃ may puring pusù!

Stauffacher: Ikinaliligaya ng̃ loob mo itong bahay na ating itinayô: susunugin nang katakottakot na pagbabaká.

Gertrud: Matanto kong yaring puso'i, natatanikalâ sa biyayang lumilipas, ay susunugin ko siya ng̃ sariling kamay.

Stauffacher: Naniniualâ ka sa magandang loob ng̃ kapua tao: ang musmus mang sangol sa duya'i, dì pinatatauad ng̃ pagbabáka.

Gertrud: Ang kamusmusa'i, may kaibigan sa Lang̃it: tumiing̃in ka sa harapan at huag sa likuran, Werner.

Stauffacher: Kaming mg̃a lalaki'y, marunong mamatay sa pakikipaglaban; ng̃uni at anó ang sa inyo'i, mangyayari?

Gertrud: Napipilì ng̃ kahinahinaan ang katapusan: isang talon sa tulay ay makapagliligtas sa akin.

Stauffacher (siya yayakapin): Ang may niyayakap na ganitong puso ay dapat makipaglaban dahil sa kaniyang bahay at kaaliuan at dì matatakot sa alin mang hukbu ng̃ Harì.

. . . Ng̃aion di'i, pasasa Urí ako, doo'i natitirá ang katoto kong, si Walther Fürst, na sa mg̃a panahong ito'i, nagiisip na paris ko. Matatagpoan ko rin doon ang mahal na baron sa Attinghaus—bagamat mataas na dugû'i, may pagibig sa bayan at may paggalang sa matatandang ugalì. Sila'i, aking kakasanguniin upan ding malabanan ang sa lupang kaauay. . . . Paalam . . . at habang ako'i, nalalayo pamahalaan mong tiuasay ang pamamahay. . . . Sa naglalakbay bayan tung̃o sa bahay ng̃ Dios, sa banal na Monge na nagtitipun para sa kaniyang konbento magbigay ng̃ saganâ at iyo silang alagaan. Dì tumatago ang bahay ni Stauffacher: nakatindig siyang talagá sa tabi ng̃ daan, tunay na silung̃án ng̃ alin mang naglalakad.

(Samantálang sila'y napapasalikurang dako, darating si Wilhelm Tell sama si Baumgarten sa dakong harap ng̃ palabasan.)

Tell (kay Baumgarten): Ng̃ayo'i, dina ninyo ako kailang̃an. Masok kayo doon sa bahay: dian natitira si Stauffacher, isang amá ng̃ sinomang napipigit. Ng̃uni't, malasin—ayon siya . . . sumunod parito kayo!

(Mang̃agsisilapit: ang kalagayan ay mababago.)

IKA-ATLONG HATÌ

Hayág na plasa sa Altdorf

Sa isang kataasan, sa likuran daku'i, may makikitang itinatayong kutâ na halos ay matatapos kaya ng̃a mahahalatâ ang kauuian. Tapus na ang dakong likod, ang harapan lamang ang itinatayu pa: nang̃agtayô ang mg̃a andamióng inaakyatan at pinananaugan ng̃ mg̃a tarabahador: sa taluktuk ay nagbibitin ang magbububung: lahat ay nagkikilusan at nagsisigauâ.

Magpapaatag, Maestro Kantero, Mg̃a Gastador at Aluage.

Magpapaatag (binabalisá ng̃ tunkud ang nagsisipagatag): Huag magtumilmil! Liksi! Dito ang bató, ang apog, ang galagala. Makita ng̃ Punonghukum pagdatíng na ang gaua'i malayu na. . . . ¡Hinayhinay anaki'i, mg̃a susô! (Sa dalauang gastador na may dalang pasan.) Yan ba ang tinatauag na mag pasan! Ng̃aion di'i, pagdalauahang dagdagan. ¡Dinadaya ang kanilang katunkulan nitong mg̃a tamad!

Isang gastador: Ito ang tinatauag na masamang palad! Tayo rin ang humihila ng̃ bato para sa ating bilanguan at panglupig.

Magpapaatag: Ano ang ipinagbububulong ninyo? Bayang ualang saysay, mabuti lamang para ang hayop ay gatasan, at saka magtamad gumalagalà sa itaas ng̃ mg̃a bunduk.

Isang matandâ: Ako'i dina makakaya!

Magpapaatag: Dalî, matandâ: magtarabaho!

1º Gastador: Ualâ na baga kayong kalulua, nakikita na ninyo na ang matanda'i bahagya nang makalakad, ay inyo pang sinasagudsod sa mabigat na pagaatag?

Maestro Kantero: Ya'i sumisigao sa Lang̃it!

Magpapaatag: Pang̃alagaan ninyo ang sarili: ginaganap ko ang aking katunkulan.

2º Gastador: Magpapaatag, ano po ba ang magiging ng̃alan ng̃ kutang itinatayo namin dito?

Magpapaatag: Pangsupil Urí ang itatauag sa kaniya, sapagkat sa ilalim nitong yugu'i kayo'i mang̃agsisiyuku.

Mg̃a Gastador: ¡Pangsupil Urí!

Magpapaatag: Hm! ng̃ayon ¿ano't kayo'i nagtatauanan?

2º Gastador: Ito bang bahaybahayang ito ang inyong isusupil sa Urí?

1º Gastador: Ting'nan ng̃a kung ilang gaya niyang punsupunsuhan ang kailang̃an pagpatungpatung̃in, hangang magauâ ang isang bunduk, ang kaliitliitang bunduk sa Urí!

(Ang Magpapaatag ay pasasalikuran.)

Maestro Kantero: Sa kailaliman ng̃ dagat ko ihahagis ang martillong ipinaggauâ ko nitong sinumpang kabahayan.

(Si Tell at si Stauffacher ay darating.)

Stauffacher: Oh! bakit ako binuhay kung ito'i mamamas'dan!

Tell: Dito'i dî mabuting lumagay: tayo'i tumuluy!

Stauffacher: Nasa Urí ba ako, sa bayan ng̃ kalayaan?

Maestro Kantero: Mamà, kung ang mg̃a bilanguan ay inyong makita man lamang, sa ilalim ng̃ mg̃a torre: ah! siang̃a po! ang doo'i naninirá'i dina makaririnig ng̃ tilaok ng̃ manok.

Stauffacher: ¡Oh Dios!

Maestro Kantero: Ting'nan po ninyo ang mg̃a *bastiong* ito, at itong mg̃a panukud pader (contrafuerte). Nang̃agtindig anaki'i sa hangang ualang katapusan.

Tell: Ang itinayô ng̃ kamay, ay maibubual din naman ng̃ kamay. (Ituturo ang mg̃a bunduk.) Ang bahay ng̃ kalayahan ay itinindig sa atin ng̃ Dios.

(Maririnig ang tugtug ng̃ isang tambul: may taong mang̃agsisidating na may dalang isang sambalilo sa dulo ng̃ isang mahabang tulus: kasunud ang isang magtatauag: mg̃a babai at bata'i nagsisilsilang manood.)

1º Gastador: Ano ang ibig ng̃ tambol? Kayo'i magiñgat!

Maestro Kantero: Anong buling-buling yan, anong kahulugan ng̃ sambalilo?

Magtatauag: ¡Sa ngãlan ng̃ Emperador! Makinig kayong lahat!

Mga Gastador: Huag dau maingay! Makinig kayon lahat!

Magtatauag: Nakikita ninyo itong sambalilo, mga lalaki sa Urí, ilalagay siya sa isang mataas na haligui, sa gitna ng̃ Altdorf, sa kataastaasan lugar at ito ang utus at kalooban ng̃ pununghukum sa bayan: kikilanlin at pagpipitagan ang sambalilo paris din ng̃ pagkilala sa kaniya: luluhuran, pagpupugayan at igagalang. — Dito ibig kilanlin ng̃ Harì ang mga masunurin. Parurusahan ng̃ Harì sa ari at catauan ang sumuay sa utos.

(Ang mga tao hahalakhak, tutugtugin ang tambol at lalampas.)

1º Gastador: Anong katakataka ang bagong naisipan na naman ng̃ hukum. Tayo, gagalang sa isang sambalilo! Ano ba? Mayroon ba kayong nabalitaang katulad?

Maestro Kantero: Tayo, mang̃agsisiluhod sa isang sambalilo? Ibig ba niyang paglaruan ang mga matitino't at may puring̃ tao?

1º Gastador: Kung ang korona man sana lamang ng̃ Emperador! Gayon siya ang sambalilo ng̃ Austria: yao'y nakita kong nakabitin sa itaas ng̃ tronong pinagbibigyan ng̃ lupà.

Maestro Kantero: Ang sambalilo ng̃ Austria! Maging̃at kayo! Ya'i isang dayang ibig tayong italì sa Austria.

Mga Gastador: Ualang may puring taong papayag sa gayon kahiâhiâ.

Maestro Kantero: Tayona't ating kasanguni-in ang iba.

(Mang̃agsisilusong.)

Tell (kay Stauffacher): Ng̃ayong alam ninyo ang sagot, paalam na po, mamang Werner.

Stauffacher: ¿Saan kayó paparon? Oh huag kayong madaling umalis!

Tell: Nagkukulang sa bahay ang Ama: paalam na po.

Stauffacher: Ang pusù ko'i punû ng̃ pighatî: ibig ko sa inyong makipagusap.

Tell: Dî nakagagaan sa pusung mabigat ang mga salitâ.

Stauffacher: Ng̃uni't ang mga salitâ'i naghahatid sa paggauâ.

Tell: Ang magagauâ lamang ng̃ayo'i magtiis at tumahimik.

Stauffacher: Titiisin baga ang dî sukat bat'hin?

Tell: Ang mababagsik na pang̃inoon ay siyang madadaling magsilipas. Pag ang masamang panahon ay nagbabang̃on sa gitna ng̃ alon, pinapatay ang lahat ng̃ apoy at ang mg̃a sasakia'i nagmamadaling kumakanlong sa payapa. Ang malakas na hang̃i'i nagdaraan dî nagiiuang bakas sa balat ng̃ lupà. Tumahimik ang bauat isa, matirá sa sariling bahay: ang payapa'i pababayaang pumayapà.

Stauffacher: Ang akalà ninyo?

Tell: Dî nanunukâ ang ahas kung hindî galitin. Sila'i mang̃agsisipagsauà rin kung kanilang mamas'dang ang lupà ay tahimik.

Stauffacher: Maraming magagauâ kung tayo'i magtulungtulung!

Tell: Maginhauang nakararaos ang nagiisa paglubug ng̃ sasakian!

Stauffacher: Ganian kalamig ninyo pinauubayaan ang ikagagaling ng̃ lahat.

Tell: Ang sariling lakas ang tunay na naaasahan ng̃ bauat isa.

Stauffacher: Pagnagsasapi-sapi, ang mg̃a mahihina ma'y lumalakás.

Tell: Ang malakás ay lalong malakás pag nagiisá.

Stauffacher: Sa makatuid ay dî makaaasa sa inyo ang tinubuang bayan, kapag sa kagipita'y ang huling gauî'i hauakan?

Tell (iaabot sa kaniya ang kamay): Sa malalim na bang̃in linulusung ni Tell ang náligao na tupa, at pababayaan kayâ baga niya ang mg̃a kaibigan? Ng̃uni't inyong gagaui'i huag akong isama sa mg̃a kapulung̃an: dî ako marunung magtagal sa pagpilì at paghatol. ¿Kailang̃an ninyo ako sa tadhanang gagauin? Tauagin si Tell, at ako'i dî magkukulang.

(Maghihiualay at aalis sa iba't ibang tabi. Isang biglang guló ay maririnig sa mg̃a andamio.)

Maestro Kantero (tatakbong darating): Ano ang nangyari?

1º Gastador (darating sisigao): Ang magbububung ay nahulug!

(Bertha darating. Maraming kasunud.)

Bertha: Nabalian? Takbo, iligtas ninyo, inyong abuluyan kung maaabuluyan pa, iligtas: na ito ang gintû.

(Ihahagis ang kaniyang mg̃a pamuti sa mg̃a tao.)

Maestro Kantero: ¡Ang inyong gintô! . . . Lahat ay minamagaan ng̃ inyong gintô! Kapag ang mg̃a anak ay inyo nang naulila, at nagauang balo na ang mg̃a asauang babai, at himutok at hirap ay nadalá na sa lupà, akalà ninyong magagamot na lahat ng̃ inyong gintô? . . . Hayo! Masasayang tao kami bago kayo nagsidating: kasama ninyong nasok dito ang pighati't sákit!

Bertha (sa Magpapaatag na dumarating): Buhay pa?

(Ang Magpapaatag ay ipahahalatâ sa kaniyang kilos na hindî.)

Oh kutang sauing palad! Sumpâ ang nagbabang̃on at sumpâ ang maninirà!

(Aalis.)

IKA-APAT NA HATÌ

Sa Bahay ni Walther Fürst.

Si Walther Fürst at si Arnold sa Melchthal sabay na lálabás baua't isai' sa ibang pintô.

Melchthal: ¡Mamàng Walther Fürst . . . !

Walther Fürst: Kung tayo'i mahuli! Mátira kayo sa inyong kinaroroonan. Libot na libot tayo ng̃ tiktik.

Melchthal: Ualâ baga kayong taglay na anomang gáling sa Unterwalden? Ualang anoman sa aking amá? Dî ko na matatagalan magantay na halokipkip anaki'i nabibilangô. Ano kayâ bagang mabigat na sala ang aking guinauâ na sukat parusahan, na ako'i nagtátagong anaki'y nakamatay? Dahil at ang isang ualanghiang batáan na sa matá ko ibig agauin ang aking mg̃a báka, ang pinakamagaling kong pang-unsí diumano'i utos dao ng̃ hukum, dinurug ko ang dalirì ng̃ bambú?

Walther Fürst: Kayo'i napakabiglâ. Yao'i sa hukum na alagad: siya'i sinugo ng̃ inyong punù. Sapagka't kayo'i linapatan ng̃ parusa, mabigat man siya, pinagtiisan sanang ualang imik.

Melchthal: Titiisin ko po bagá ang hunhang na sabi niaong ualanghia: "Kung ibig ng̃ magsasakang kumain, batákin niya ang araro." Nang kinakalag niaong alipin sa araro

ang aking mg̃a baka, ang mg̃a magaganda kong hayop; parang idinagok sa aking kalulua: galit na naguung̃ulan, anyong natatalastas bagá nila, yaong dì karapatdapat, at nagaanyon ibig manuag; pinasukan ng̃a ako ng̃ matuid na galit, dî nakapagpigil at hinampas ko ang sinugù.

Walther Fürst: Ah! Kung kami'i bahagya ng̃ makasupil sa aming loob, ¿paanong makapagpipigil kayâ ang masilakbong kabataan?

Melchthal: Ang ikinalulumbay ko lamang sa lahat ng̃ ito'i ang aking Amá! . . . Totoong nagkakailang̃an ng̃ alágà at akong anak niya'i malayo! May galit sa kaniya ang hukum dahilan sa kaniyang palaguing ipinaglalaban ang katuiran at kalayahan. Kayâ ng̃â at nang̃ang̃amba akong pipiitin nilá ang matandâ at ualâ isa man sukat makapagtangol sa kaniya sa dilang kataksilán. . . . Mangyari sa akin ang ibigi'i ako po'i aahon.

Walther Fürst: Magantay kayo lamang ng̃ kauntî at magtiistiis hangang tayo'i tumangap ng̃ balita galing sa Unterwalden. . . . Ako'i may naririnig na natuktuk, lakad kayo . . . sakali'i isang sugù ng̃ hukum . . . masok kayo . . Kayo'i dî ligtas dito sa Urí sa kamay ni Laudenberger . . . ang mg̃a hukum (déspota) ay nagaabutan ng̃ kamay.

Melchthal: Tayo'i tinuturuan ng̃ ating dapat gau'in.

Walther Fürst: Lakad! Tatauagin ko kayong mulì, kung dito'i layù na sa pang̃anib. (papasok si Melchthal) Ang sauing kapalaran! Dî ko sukat siyang pagpahayagan ng̃ aking masamang narinig. — ¿Sino ang nátuktuk? Sa tuituing nabubuk'san ang pintu'i may naaantayan akong samâ! Kanulò at masamang akalà ay nang̃agsisipakinig sa lahat ng̃ suluk: hangan sa kalooblooban ng̃ bahay ay nang̃agsisipasok ang mg̃a sugù ng̃ mararahás. Dî malalaot pipilitin kami ng̃ pang̃anib na kandaruhan at pasakan ang mg̃a pintuan. (Magbubukás at biglang mapapaurung: papasok si Stauffacher) ¿Ano ang namamálas ko? Kayo, mamang Werner? Ng̃aion ng̃a, Santong Dios! Isang karapatdapat at kagiliu-giliu na panaohin! . . . Ualâ pang tumuntung sa aking pintuang magaling kaysa sa inyo! Malualhatì nauâ kayong dumating sa aking bahay! Anó ang nagakay sa inyo rito? Anó ang inyong hinahanap sa Urí?

Stauffacher: Matatandang panahon at ang matandang Suisa!

Walther Fürst: Sila'i kasama ninyong taglay. . . . Mas'dan, naaaluanan ko yaring kalooban: pusù ko'i nátibuk na malakas, mulâ ng̃ kayo'i mámalas . . . umupu kayo, mamang Werner. — ¿Paano ng̃ inyong iuan si aling Gertrud, ang inyong kaligaligayang maybahay, ang matalinong na anak ng̃ pantás na Iberg? Sa lahat nang naglalakbay galing sa Alemania at tung̃o sa Italia na nagdadaan sa ibabao ng̃ Meinradszell ay naririnig ipagbantog ang inyong mapanaohing bahay. . . . Ng̃uni't, sabihin, bago ba kayo kagagaling sa Flülen, at ualâ ba kayong ibang namálas bago tumuntung nitong hagdanan?

Stauffacher (umupo): Tunay at isang katakatakang bagong gauâ ang aking nakita, na dì nakalugud sa akin.

Walther Fürst: Kaibigan, madaling nayakap ng̃ inyong paning̃in.

Stauffacher: Kailan ma'i ualang nakita sa Uríng kapáris. . . . Mulang taong-isip ay kinapal ualang kutang panglupig na natayô dito, at ualang pinagtibay na bahay liban na sa hukay.

Walther Fürst: Hukay ng̃a siya ng̃ kalayahan. Inyong tinauag ng̃ kaniyang ng̃alan.

Stauffacher: Mamang Walther Fürst, dì ko ibig sa inyo ipaglihim; dì ako inakay dito ng̃ nasà ng̃ isang ualang mágauâ. Mabibigat na pag-iisip dumadagan sa loob . . . kapigitan ang iniuan sa bahay, kapigitan ang dito dinaratnan. Dapuat ang ating binábata'i dì sukat tiisin, at ualang nakikitang katapusan dito sa paghihirap. Malaya ang taga Suisa mulang ang mundó ay mundó; tayo'y nabihasa sa mabuting kalagayan. Páris ng̃ nangyayari'i ualang nakita dito sa lupà buhat na ang pastol ay gumagálâ sa kabundukan.

Walther Fürst: Tunay! Ang nangyayari'i ualang halimbauà. Pati nang ating mahal na pang̃inoon sa Attinghausen, na umabot ng̃ matatandang kapanahunan ay nagsasabing ito'i dì na matitiis.

Stauffacher: Doon man sa itaas ng̃ gubat ay mabigat din ang lakad at dugû na ang umagos. . . . Si Wolfenschiessen, ang hukum ng̃ haring namamahay sa ibabao ng̃ Rossberg, nagdalá ng̃ pita sa bung̃ang ipinagbaual! Ang asaua ni Baumgarten na taga Alzellen inibig na dahasin at lugsuan ng̃ puri, ng̃uni't siya'i inutas ng̃ palakol ng̃ lalaki.

Walther Fürst: Oh! matuid humukum ang Dios! . . . Sabi ninyo'i si Baumgarten isang mababangloob na tao! Naliligtás ba siya at mabuti ang pagkatago?

Stauffacher: Itinakas siya sa dagatan ng̃ inyong manugang; sa bahay ko sa Steinen doon siya itinatagò. . . . Ng̃uni't lalong kakilakilabot ang sa aki'i kaniyang ibinalità na nangyari sa *Sarnen;* dapat magdugu ang pusù ng̃ balang may loob na tao.

Walther Fürst (makikinig na taimtim): Inyo ng̃ang sabihin, ano ang nangyari?

Stauffacher: Sa *Melchthal,* doon pagpasok sa tabi ng̃ *Kerns,* may naninirang isang matiuasay na tao na pinang̃ag̃anlan *Enrique* sa *Halden,* taong may pang̃ung̃usap na kinikilala ng̃ kalahatan.

Walther Fürst: Sino ang dî nakakikilala sa kaniya? Ano ang nangyari? Ituloy ninyo.

Stauffacher: Pinarusahan ni *Laudenberger* ang kaniyang anak dahil sa isang munting sala, ipinagutus na ang mg̃a baka, ang pinakamagaling na paghila'i kalagin sa araro; hinampas ng̃a ng̃ anak ang batáan at ng̃aio'i naglalayas.

Walther Fürst (sa malaking nasà): Ng̃uni't ang ama . . . anong lagay ng̃ ama?

Stauffacher: Ipinahuli ni *Laudenberger* ang ama, at inutusang kapagkaraka'i isiput ang anak; ng̃uni't sapagkat sumumpâ ang matanda ng̃ katotohanan na sa nagtatago ay ualâ siya mang munting balità, kapagkaraka ipinatauag ng̃ hukum ang mg̃a verdugong magpapahirap. . . .

Walther Fürst (lulukso at ibig siyang dalhin sa ibang tabi): Oh! tahimik, sukat na!

Stauffacher (palakás ang salitâ): "Nakaalpas man sa akin ang iyong anak, nasa kamay ko ikau" — siya'i ipinabual sa lupà at ipinabutas ang mg̃a matá ng̃ matulis na patalim!

Walther Fürst: Mahábaging Lang̃it!

Melchthal (lalabas na biglá): ¿Ang mg̃a mata, sabi ninyo?

Stauffacher (Gitlâ. Kay Walther Fürst): Sino itong bagongtao?

Melchthal (hahauakan siya ng̃ mahigpit): Sa mg̃a mata! Magsabi!

Walther Fürst: Oh ang kahabaghabag!

Stauffacher: Sino ito. (Siya'i uiuituitan ni Walther Fürst) Ang anak? Makapangyarihang Dios!

Melchthal: At ako'i nasa malayo! . . . Sa kaniyang dalauang matá?

Walther Fürst: Magpigil kayo at magbatang parang lalaki.

Melchthal: Dahil sa aking utang, dahil sa aking sála. . . . Kung gayo'i bulág! Tunay na bulág at bulág na totoo?

Stauffacher: Ang sinabi ko. Tuyô ang bátis ng̃ paning̃in! Dina muling magmamalas ng̃ liuanag ng̃ arao.

Walther Fürst: Inyong kahabagan ang kaniyang pighatì!

Melchthal: Magpakailan pa man! Dina magmumuli!

(Ididiin ang mg̃a kamay sa mata at tatahimik ng̃ ilang sandali: at saká babaling sa isa at isa at magsasalitâ ng̃ malumanay, puno ng̃ hikbî at luhang boses.)

Oh biaya ng̃ Lang̃it mahal at marang̃al
Ang ilao nang mata't liuanag ng̃ arao,
Ilao ang sa lahat na ikinabubuhay,
Kahoy mai natayo, at hanap ay ilao.

Sia'i dapat magtiis, ang gabi'i damdamín
Gabing ualang tapos, maraual na dilim!
Ang murang gubata'i dina mamalásin,
Kulay ng̃ bulaklak, pulang pang̃inurin.

Dî ng̃a kamatayan, ng̃uni't sauing palad
Ang mabuhay at dî magtamong liuanag!
Datapua ¿at bakit ako minamalas
Nang mukhang may aua, at lipos ng̃ habag?

Ako'i may dalauang malinao na matá,
At dî mahatian ang bulág na amá,
Kapatak man lamang sa dagat ng̃ sayá
Na sa mg̃a mata'i nakaliligaya.

Stauffacher: At dapat kong dagdagan ang inyong dalamhatì ng̃aion sukat ko siyang gamutin. Siya lalong sinalantâ! Sapagkat inagao ng̃ hukum sa kaniya ang lahat ng̃ ari at ualang itinirá kundî ang tunkud upan ding hubad at bulág ay makapagpalimos sa balang pintuan.

Melchthal: Ualâ kundî tunkud ang bulág na matandâ! Lahat ay inagao, pati liuanag ng̃ arao, ang arì ng̃ kahiraphirapan! Ng̃aion huag sabihin sa akin ang tumirá at magtago. Hamak at duag na anak ako na nagisip sa sariling kapanatagan at dî sa iyo . . . iniuang sanlâ ang mahal

mong ulo sa kamay ng̃ taksil; layô duag na pangambá . . . ualâ kundì mabang̃is na gantí ang dapat kong isípin. Ako'i paahon . . . ualang magpipigil . . . hiling'in ko sa hukum ang matá ng̃ amá . . . hahanapin ko siyá sa gitnâ ng̃ lahat niyang sandatahan . . . ¿anhin ko ang buhay kung ang nagbabaga at maantak na sakit sa kaniyang dugu'i masub'han? (ibig umalis)

Walther Fürst: Matirá kayo! Anong inyong magagauâ sa kaniya? Siya'i nakalukluk sa *Sarnen* sa kaniyang mataas na kastillo, at inaalibughâ ang galit ng̃ mahihinà sa kaniyang panatag na kutà.

Melchthal: At tumirá man siya sa itaas, doon sa bahay ng̃ ielo ng̃ *Schreckenherns* o matayog pa, doon sa mapang̃inuring luklukan ng̃ *Dalaga,* tataosin ko siya; ipagsama ang dalauang pong binatang paris ko, at iuauasak ko ang kaniyang kutà. At kung ako'i dì sundan ng̃ sinoman, at kung kayong lahat, sa dahil sa inyong mg̃a bahay at mg̃a hayop ay iyuko ang liig sa yugo, tatauagin ko ang mg̃a pastol sa kabundukan, doon sa harap ng̃ lang̃it, doon na ang pagiisip ay malinao, at ang puso'i may lakas, doon ko sasalitin ang nangyaring kakilakilabot.

Stauffacher (kay Walther Fürst): Sumusuku na ng̃a sa Lang̃it. . . . Aantayin bagâ nating dumating pa ang lalong karaualdaual?

Melchthal: Ano baga ang karaualdaual pang katatakutan, kung ang bituin ng̃ mata'i sa kaniyang lunga'i dina payapa? Ualâ baga tayong sandatâ? ¿Bakit pinagaralang binitin ang busug at painugin ang mabigat na palakol? Bauat isa'i may panglaban pag nasa lubhang pang̃anib. Natigil ang hapóng usá at iniaakmâ sa nang̃agsisihabol ang pinang̃ang̃ambahang sung̃ay, itinatalon sa bang̃in ng̃ agmusa ang mang̃ang̃asó . . . ang toro mang pangararo, ang maamong kasamasama ng̃ tao, na matiising nagyuyuku ng̃ malakas na liig sa yúgu, siya may nálukso, pag ginalit, inihahasa ang matibay na sung̃ay at ilinalambanag ang kaauay sa alapaap.

Walther Fürst: Magisip sana ang tatlong kabayanan paris nating tatlo, at akalà ko'i tayo'i may magagauâ.

Stauffacher: Pag ang *Urí'i* tumauag, pag ang *Unterwalden* ay tumúlung, magbibigay ng̃ puri ang taga *Schwyz* sa matandang sapì.

Melchthal: Marami ang mg̃a kaibigan ko sa Unterwalden, at bauat isa'i ipang̃ang̃ahás ang katuaan, katauan at dugû, kapag may tangol sa likuran. . . . Oh mg̃a dakilang pinagama nitong lupà! Ako'i isa lamang batà sa gitnâ ninyo, mg̃a may pinagdaanan . . . ang dila ko'i dapat magpakumbaba at mapipi sa inyong mg̃a kapulung̃an. Ng̃uni't huag alipustain ang aking hatol at sasabihin sa kabatáan ko dahil, at sapagkat ualang maramit nakita; dî ako pinapagsasalitâ ng̃ masilakbong dugû; batak ako ng nagdudugong lakás ng̃ dî matingkalang sakit; bató mang buháy ay dapat mahabag sa akin. Kayo'i mg̃a ama at ulo sa inyong bahay at nagnanasà ng̃ masunuring anak na igalang ang inyong mararang̃al na noo, at magtankilik sa bituin ng̃ inyong matá. Oh dahil at kayo'i dipa nagdadamdam sa inyong katauan at ari, dahil at ang inyong mg̃a mata'i malinao pa't matalas na nakagagalao sa kanilang kalubán, dahil dito, huag ninyo kaming iuan sa aming pighatî. Nakabitin din naman sa ulo ninyo ang sundang ng̃ taksil: inyong ilinalayô ang báyan sa Austria: yan at dî iba ang sa aking amang sala; kaparis na sala at kaparis na dusa ang sa inyo ri'i ipaparátang.

Stauffacher (kay Walther Fürst): Kayo ang mag atas; laan akong susunod.

Walther Fürst: Mapakin'gan natin kung ano ang ihahatol ng̃ mg̃a mararang̃al na magiginoo sa *Sillinen* at sa Attinghausen. . . . Tiualà akong ang kanilang mg̃a ng̃alai'i makapagdadagdag ng̃ mg̃a kaibigan.

Melchthal: Saan sa buung kabundukan may dadang̃al pang ng̃alan sa inyo at sa ng̃alan at sa inyo? Ganiyang ng̃ala'i tunay na patinga para sa bayan, sila'y may mabuting tunog sa ating lupà. May mayamang minana sa kabanalan ng̃ mg̃a magugulang, at ang mana'i inyong pinalaki. . . . Ano aasa sa matataas na tao? Ating ganaping nagiisa ang dapat, kung tayo'i nagiisa ng̃a sa ating bayan! Ang akalà ko'i dapat nating pagaralan ang magtangol din sa atin.

Stauffacher: Kaparis na pang̃anib ay dî ilalapit sa atin ang mg̃a matataas na tao. Ang bahang kumukulug sa kapatagan hangan ng̃aio'i dipa narating sa kaitaasan. . . . Ng̃uni't dî tayo pagdadamutan ng̃ kanilang abuluy kung kanilang makita ang sandatahang bayan.

Walther Fürst: Kung mayroon sanang isang makahuhukum sa atin at sa Austria lahat ay maipauubaya sa katuiran at

útus. Ngũni't ang nayúrak sa ati'i ang ating Emperador, ang kataastaasang hukum . . . *tulungãn tayo ng̃ Dios!* . . . Tarokin ninyo ang mg̃a lalaki sa *Schwyz,* ako ay hahanap ng̃ kaibigan sa *Urí.* Ng̃uni at ¿sino ang ating susuguin sa Unterwalden?

Melchthal: Ako ang inyong isugù . . . kung sino ang lalong nasasakitan. . . .

Walther Fürst: Dî ko maipapahintulot: kayo'i aking panaohin, at dapat kong ting'nan ang inyong kapanatagan.

Melchthal: Magpaubaya kayo sa akin! Kilala ko ang mg̃a lusútan at ang mg̃a akyatan sa bató; lábis ang matatagpoan kong mg̃a kaibigan na makapagtatago sa akin sa kaauay at makapagaampon.

Stauffacher: Samahan siya ng̃ Dios sa pagahon! Doon sa itaas ay ualang lilo! . . . Suklam na suklam sa mararahás na puno, na ito'y ualang makitang sukat maglinkod. Ang taga Alzellen man tutulong sa atin sa gubat, tatauag ng̃ kaibigan at pakikilusin ang bayan.

Melchthal: Paano ang ating paghahatíd na panatag ng̃ balità upang ding madayà ang munakalà ng̃ mg̃a lilong puno?

Stauffacher: Tayo'i magtatagpotagpo sa *Brunnen* o sa *Treib* na dinadaung̃an ng̃ mg̃a sasakian ng̃ mg̃a mang̃ang̃alakal.

Walther Fürst: Ganiang kahayag ay dî dapat nating ganapin ang nasà. Pakin'gan ninyo ang aking isip. Sa kaliua, sa tabing dagat, patung̃o sa *Brunnen* pagkalampas sa *Mythenstein* may isang tahimik na linis sa gitna ng̃ kahuyan. *Rutli'ng* tinatauag ng̃ mg̃a pastol, sapagka't doo'i nagkaing̃in. Doon nagtatagpo (kay Melchthal) ang amin at inyong hanganang-bayan, at sa isang sumandalî (kay Stauffacher) ay maiaahon kayong galing sa Schwyz ng̃ isang bankaan. Ilang na landás ay makapagaakay sa atin sa dilim ng̃ gabí at doon tahimik na magpulung. Ang bauat isa'i makapagdadala ng sampong katoto, na kaisang pusò at loob; gaion natin mapaguusapan ang bagay ng̃ lahat at sa Dios ay ipang̃akò.

Stauffacher: Siya nauâ! Ng̃aion iabot sa akin ang inyong bayaning kanan, magkamay kayo, at ganito: paris nating tatlong tao ng̃aion samasamang nagaabutan ng̃ kamay, mahusay at ualang kaliluhan, gaion din naman ipaglalaban natin ang tatlong lupà sa anomang mangyari, mamatay ma't mabuhay.

Walther Fürst at *Melchthal*: Mamatay ma't mabuhay!

(Magkakamay magtatagal at ualang imik.)

Melchthal: Matandang binulag, liyag na magulang,
Dî mo mamalasin ang masayang arao
Nang aming tagumpay tuâ't kaligtasan,
Nguni't didin'gin mo at mauauatasan!

Pagsasagutan sa bundok ng sigâ,
Pag lingas ng alab ng apoy na tandâ,
Pag nangagiba na ang sa lilong kutà,
Sa bahay mo ang Suiso'i dadalao na kusà,
Masayang balita'i sa iyo'i dadal'hin
Arao ay sisikat sa gabing madilim. (maghihiuahiualay)
(Gabi liliuanag, arao sa dilim.)

———oOo———

IKALAUANG LABAS

UNANG HATÌ

Bahay ng mataas na taong Baron sa Attinghausen. Isang gotikong salas: kalasag na may mga larauan at kahulugan, yelmo ang pinakapamuti. Ang Baron isang matandang may ualong-puot limang taon, mahaguay at marangal ang bigkas, nanununkud sa isang bambung may sungay gamusa sa hauakan at may damit na balat. Kuoni at anim pang bataán ay nangagtindig sa tabi niya may hauak na kalaykay at pangápas. *Ulrich* sa *Rudenz* darating gayak mahal na tao.

Rudenz: Naito po ako, tio; ¿anó ang inyong nasa?

Attinghausen: Pahintulutan mo akong, ukul sa matandang ugali ng bahay ay uminom na kasama ng mga alagad ng inumin sa umaga. (iinom sa isang sarong lilibot sa mga kamay ng mga alagad). Nang unang panahon kasama rin nga ako nila sa kabukiran at kaparangan, at minamataan ko at pinangangasiuaan ang kanilang sipag, paris din nga naman kung kanilang taglay ang aking bandilà sa pagbabaka; ngaio'i dina ako makakaya kundî mamahalà nga lamang, at kundî ako dalauin ng mainit na arao ay diko siya mahánap sa ibabao ng kabundukan. At gaion, pakiput ng pakiput ang aking kinikilusan, hinay hinay akong nálakad sa kakiputkiputan at kahulihulihang kinatatahimikan ng lahat ng buhay. Ako aking anino lamang, at madaling magiging pangalan lamang.

Kuoni (kay Rudenz iaabot ang saro): Iniaabot ko sa inyo, mahal na binata. (dahil at si Rudenz ay nagaalangang ang saro'i tangapin) Inomin agad. Isang sarong inuman at isang pusù.

Attinghausen: Magsiuì na kayo, mg̃a batà, pagdating ng̃ pang̃ilin ay mapaguusapan natin ang bagay sa bayan. (mang̃agsisialis ang mg̃a alagad).

Attinghausen at Rudenz.

Attinghausen: Namamalas kitang may bigkis at bihís, ¿pasasá Altdorf ka bagá sa kutà ng̃ mg̃a punù?

Rudenz: Opo, tio, at ako dî makapaglálaong. . . .

Attinghausen (uupo): Totoo ka bagang nagmamadalî? Ano? Pinagdadamotan ka baga ng̃ panahon ng̃ iyong kabatáan at ikau, at totoong tinitipid mo siya sa iyong matandang mama?

Rudenz: Namamalas kong ako'i dî ninyo kailang̃an: ibang tao lamang ako dito sa bahay.

Attinghausen (Pagmamasdan siyang matagal): Sia ng̃a, at sa aba ko! Sayang at ang bahay ay naging iba sa iyo! . . . *Uli, Uli!* Dina kita makilala. Sutlâ ang iyong damit; pakpak pavoreal ang pamuti mong palalo, purpurang balabal ang nakasakbat sa iyong balikat; ang magsasaka'i tinitingnan mong hináhamak, at ikinahihiâ mo ang kaniyang matapat na pagbátì.

Rudenz: Ang puring sa kaniya'i nararapat, ay aking ibinibigay; itinatang̃i ko ang ibig niyang kunin.

Attinghausen: Ang boong kabayánan ay nasasaklauan ng̃ gálit ng̃ harì . . . ang pusong may tapang ay punô ng̃ pighatî, dahil sa taksil na dahas na aking tinitiis . . . icau ng̃a lamang ang dî nasasakitan . . . namamasdan kang layô sa mg̃a iyo, at nakampi sa kaauay ng̃ bayan, dinudustâ mo ang aming kapiitan, humahabol sa hunghang na katuaan, nagpapalimos ka sa mata ng̃ mg̃a hukum, samantalang dumudugo sa matinding hampas ang amangbayan.

Rudenz: Ang baya'i napipiit, ¿ng̃uni at bakit, mamà? Sino ang naghulug sa kaniya dito sa kapiitan? Nagkakailang̃an ng̃ isangisa lamang magaang salitâ at nang kapagdaka'i guminhaua, at ang emperador ay humilig sa kaniya. ¡Aba nila, silang tumatakip sa mata ng̃ bayan, upan ding iuaksi ang ikagagaling! Sa sariling pakinabang ibig nilang sansalain na itong mg̃a kabayanan ay sumumpa at pasakop sa

Austria. Mapapalad yaong nañgagsisiupo sa luklukan ñg mga mararañgal kasiping ñg mga dakilà. . . . Pinapañginoon nila ang emperador ñg huag sa kanino ma'y mamañginoon.

Attinghausen: Dapat ko baga yan din'gin at sa bibig mo mangaling?

Rudenz: Ako inyong inusig, pahintulutang magtapos.—¿Anong karañgalan, mamà, ang inyong tinatamo rito at kahulugan? Ualâ ba kayong lalong mataas na puri kundî maging isang *Landammann,* o pañginoong may bandilà, at magatas sa tabi nitong mga pastol? Ano po? Dî baga lalong marañgal na akalà, may alay sa haring pañginoon, mañgapit sa kaniyang mayamang maningning na bahay, sa kayo'i makibagay sa inyong mga alagad at sa hukuma'i makiupo sa tabí ñg magsasaká?

Attinghausen: Ay! *Uli, Uli!* Nakikilala ko siya, ang voses ñg tukso! Nasok siya sa iyong tainga at linason ang iyong pusù.

Rudenz: Tunay nga, dî ko ipagkakaila . . . taos sa kaluluang sumasakit sa akin ang tuyâ ñg ibang tao na nagpapañgalan sa atin ñg mahal na taong magsasaká. Samantalang ang marañgal na kabinataan dito sa kalupaan ay nagkakamit ñg puri sa lilim ñg bandilà ñg mga Hapsburg, diko matitiis na ako'i dito matirang tahimik at ualang magauà, at magdaan ang pamumulaklak ñg buhay sa hamak at mababang gauâ. Sa ibang lupa'i may nanyayaring sukat tularang, isang mundo ñg kapurihan at kabantugan nabubuhay na maningning sa kabila niyang mga bunduk. . . . Kinakalauan sa taguan ang aquing yelmo at kalasag; dî sumasapit dito sa mga libis ang matapang na tunug ñg tambuli ñg guerra, ang hiau ñg Heraldo, na sa torneo'i naanyaya; ualâ kundî ang kureihen, at ang mga bayimbî ñg mga hayop na dî mabagobago ang aking naririnig.

Attinghausen: Bulág na nahikayat ñg hunghang na kislap, alipustain mo ang tinubuang lupà! Ikahiâ mo ang matatandang ugali ñg iyong mga magugulang. Nagbabágang luha nanasain mong matanauan ang bahay, ang mga bunduk ñg amang bayan at ang tugtug ñg mga hayop na ñgaio'i inaalipustâ mong pinagsasauaan: yayapusin ka ñg dî matingkalang lumbay kung iyong marinig sa malayong lupà. Oh! makapangyarihan ang lakas ñg amang bayan! Ang ibang marayang mundo ay dî laan sa iyo; doon sa palalong ta-

hanan ng̃ emperador lagi kang mang̃ing̃iba sa pusù mong tapat! Ibang kaugalian ang hinihiling ng̃ mundo sa iyong kinamtan dito sa mg̃a libis. . . . Hayo, ipagbili mo ang malayang kalulua, tumangap ka ng̃ lupang buisan, paalipin ka sa punù, ng̃aiong makapagsasarili kang punù, at harì sa iyong mana at malayang lupà! Ay! *Uli, Uli!* Mátira ka sa tabi ng̃ mg̃a iyo! Huag kang pasa Altdorf! . . . Ah huag mong paubayaan ang madakilang bagay ng̃ amang lupà! . . . Ako ang hulí sa aking lahì . . . ang ng̃alan ko patapús sa akin. Doon nakabitin ang yelmo at kalasag; ibibigay sila sa akin sa hukay. Dapat ko bagang naunauin sa huling paghingá na ualâ kang hinihintay kundî ang mata ko'i itárak upan ding lumayô dito sa tahanan, at ang mg̃a mahal kong arì na tinangap sa Dios, ay tangapin sa kamay ng̃ Austria?

Rudenz: Sayang ng̃ ating pakikipagtigasan sa Harì, ang mundo ay kaniya; ibig baga nating tayo lamang nagiisang matigas ang ulo at masuayin put'lin ang kaniyang tanikalâ sa bayan na inilibot sa atin ng̃ kaniyang lakas? Kaniya ang mg̃a tiangi, ang mg̃a hukuman, kaniya ang mg̃a daan ng̃ mang̃ang̃alakal, at ang kabayo mang umaakyat sa ibabao ng̃ *Gotthardt,* ay dapat sa kaniya bumuis. Libot tayo at kulong ng̃ kaniyang mg̃a lupain, para ng̃ napukut. . . . Aampunin baga tayo ng̃ Imperio? Makakapagtankilik ba siya sa kaniya rin laban sa palaking lakás ng̃ Austria? Pag dî tayo tinulung̃an ng̃ Dios, ualang Emperador dî makakatulong sa atin. Ano ang maihahalaga sa pang̃ung̃usap ng̃ mg̃a Emperador na sa kapigitan ng̃ salapî at pagbabaka ay isinasanlâ ang mg̃a bayang nang̃ag̃sisikalong sa tankilik ng̃ *manoyo* at ipinagbibili sa kaharían? . . . Hindî ng̃a po, tio. Dito sa mabibigat na panahon ng̃ mg̃a kampihan, kauanggauâ at pantás na akalà ang makikapit sa lalong malakás. Ang putong ng̃ Emperador ay palipatlipat sa iba't ibang lahi na dî inaalaala ang matapat na pagsunod. Ng̃uni't ang magmarapat sa punong may lakás na mamanahin ay tinatauag na maghasik ng̃ binhî sa darating na panahon.

Attinghausen: Pantás ka bagang totoo? Ibig mo pang tumalinong sa iyong mararang̃al na magulang na ipinakipaglaban ang mahalagang mutya ng̃ kalayahan sa arì, dugô at lakasbayani? . . . Tumugpa ka sa Luzern, at magtanong ka doon gaano ang tindi sa mg̃a bayan ng̃ bigat ng̃ pagpupuno ng̃ Austria! Mang̃agsisiparito't bibilang̃in ang ating mg̃a tupa at mg̃a baka, susukatin ang ating mg̃a bunduk, palalayasin

sa ating mg̃a gubat ang mg̃a ibon at hayop, hahadlang̃an ang ating mg̃a tulay, tatayuan ang ating mg̃a bantayan, babayaran ng̃ ating kahirapan ang kanilang binibiling lupà at ng̃ ating dugo ang kanilang mg̃a pagbabaka. . . . Hindì ng̃a, kung ang ating dugo'i dapat nating ibuhos, ay maging dahil sa atin . . . mura pa nating bibil'hin ang kalayahan sa kaalipinan.

Rudenz: ¿Ano ang magagauâ natin, bayan ng̃ mg̃a pastol laban sa mg̃a hokbo ni Alberto?

Attinghausen: Pagarálan mong kilan'lin itong bayan ng̃ mg̃a pastol, batà! Kilala ko siya, siya'i inakay ko sa mg̃a pagbabaka, at nakita ko siyang makipaglaban sa *Favenz*. Pumarito sila at tayo'i piliting yumuko sa yugo, na ating pinagkaisahang huag bat'hin! . . . Oh! pagaralan mong pakiramdaman ang iyong lahi. Huag mong iuaksi sa palipás na kinang at palara dahil ang tunay na perlas ng̃ iyong kataasan. Tauagin kang ulo ng̃ isang malayang bayan na tumatalagá sa iyo sa puso at pagirog, na matapat umaagapay sa iyo sa laban at kamatayan; siya ang iyong ipagmalakí, ipagbansag mo ang iyong kataasan. . . . Ibuhol mong mahigpit ang katutubong talì, at yumakap ka sa amang lupà, sa sinisingtang amang lupà at iyong pang̃apitan ng̃ lubos mong pusù. Dito ang matitibay na ugat ng̃ iyong kalakasan; doon sa ibang bayan ay magiisa ka, marupok na ános na babaliin ng̃ balang hihip ng̃ hang̃in. Oh, hali ka, matagal nang dì mo kami nakikita; tikman mo maghapon lamang sa tabi namin . . . ng̃aion lamang huag kang pasa *Altdorf*, ¿naririnig mo? huag ng̃aion; ialay mo sa mg̃a iyo ang isang arao lamang. (hahauakan siya sa kamay)

Rudenz: Ako'i nang̃ako—pabayaan mo po ako—ako ay gapus!

Attinghausen (bibitiuan ang kaniyang kamay at . . .)

Ikau ay gapus! . . . Sia ng̃a, sauing palad, ng̃uni't hindì sa pang̃ung̃usap at sumpâ: ikau ay gapus ng̃ talì ng̃ pagibig (si Rudenz ay tatalikod). Magtago ka kung iyong ibig. Yaon ng̃ang dalaga, Bertha sa Bruneck, ang tumatauag sa iyo sa tahanan ng̃ mg̃a hukum, ang nagtatalì sa iyo sa paglilinkod sa emperador. Ibig mong kam'tan ang dakilang dalaga sa pagtatakuil sa iyong bayan. . . . Huag kang padaya! Nang ikau ay mahuli, ipinapain sa iyo ang irog, ng̃uni't dì siya laan sa iyong kabaitan.

Rudenz: Sukat na ang aking narinig. Matirá kayong mabuti. (aalis)

Attinghausen: Matirá ka, musmus na binata! Siya'i paparoon! Dî ko siya mapigilan, mailigtas. . . . Gayon ang paghiualay ni Wolfenschiessen sa kaniyang bayan; gayon din naman ang pagsunud ng̃ iba: ang ibang karik'tan ay siyang nag-lalayô sa kabinataan at makapangyarihang sumasaklao sa ating mg̃a kabundukan. . . . O! maraual na oras ng̃ ipinarito sa mg̃a tahimik at mapapalad na libis ng̃ taga ibang lupà, upan ding masirà ang kalinisan ng̃ ugali. Ang bago'i nanasok na masiglá; ang matandâ, ang marapat ay nalayo, ibang kapanahonan ang narating, ibang lahi ang nabubuhay at ibang pagiisip! Ano ang ginagauâ ko pa rito? Nang̃alilibing na ang lahat na kinasama ko sa kalakasan at buhay. Ang aking panahon ay nasa ilalim na ng̃ lupà; mapalad yaong dî nagkakailang̃an ikabuhay ang mg̃a bagong panahon. (aalis)

IKALAUANG HATÌ

Isang damohang libot ng̃ matatayog na bato, kagubatan.

Sa mg̃a bato ay may hagdan-hagdan, kakapitan, at hagdanan man na makikitang papanaogan ng̃ mg̃a tao. Sa dakong likod ay natatanauan ang dagatan na sisikatan sa simulâ ng̃ bahaghari sa liuanag ng̃ buan. Sa kalayolayuan ang matataas na bunduk at sa likod nito ang mg̃a bunduk ng̃ ielo. Gabing madilim sa damohan, ang dagatan lamang at mg̃a taluktuk na ielo ang maliliuanagan ng̃ buan.

Melchthal, Baumgarten, Winkelried, Meier sa *Sarnen, Burkhart* sa *Buhel, Arnold* sa *Sewa, Klaus* sa *Flue,* at sa likoran apat pang ibang magsasaká; sandatahang lahat.

Melchthal (sa dako pang likod ng̃ pala-basan.) Naluang ang landas sa bunduk: magsisunod lamang sa akin, kilala ko ang bato at ang kurúsan doon sa itaas; tayo'i dumating na: ito ang *Rutli.* (Mang̃agsisilabas na may dalang pasagsag.)

Winkelried: Mg̃a abay!

Sewa: Ualang tao!

Meier: Ualang sinomang magsasaká dito. Tayo ang nauna sa tagpuan, tayong taga Unterwalden.

Melchthal: ¿Gaano na kalalim ang gabí?

Baumg.: Ang bantay ilao sa Selisbreg ay kasisigau pa ng̃ a las dos.

(May maririnig sa malayong taginting.)

Meier: Tahimik! Kayo'i makinig!

Sa Buhel: Ang kampanà ng̃ Maitines sa simbahanan sa gubat tumataginting na napaiitaas ditong malinao galing sa Schwyz.

Sa Fue: Ang hang̃ing malinis ay malayo ang napaghahatdan ng̃ tunog.

Melchthal: Lumakad ang ilau at magpaning̃as ng̃ ilang sang̃a upan din lumiuanag kung ang mg̃a tao'i dumating. (dalauang tao ang lalakad)

Sewa: Isang magandang gabing may buan. Naroon at tahimik ang dagatan anaki'i palas na salamin.

Sa Buhel: Maginhaua silang makatatauid.

Winkelried (may ituturu sa dagatan): Ha! ting'nan ninyo! tuming̃in kayo doon! Ualâ ba kayong nakikita?

Meier: At ano ba? . . . Ah! siang̃a! Isang bahaghari sa gitnâ ng̃ gabi.

Melchthal: Siya'i nagbubuhat sa liuanag ng̃ buan.

Sa Flue: Isang bihirang katakatakang tandâ: marami ang nabubuhay na dî nakakita ng̃ kaparis.

Sewa: Sila ay dalaua: mas'da't may isa pang maputlâ sa itaas.

Baumg.: Isang bankáan ay nagdadaan doon sa ibabâ.

Melchthal: Yan ang si Stauffacher at iyon ang kaniyang banka; ang bayani ay hindi napaantay na matagal.

(Kasama si Baumgarten na pasasa pangpang.)

Meier: Ang mg̃a taga Urí ang siyang naglalaon.

Sa Buhel: Dapat silang maglibot na matagal sa kabundukan upan ding madayà ang mg̃a tiktik ng̃ hukum. (Samantala'i ang dalauang magsasaká ay nagpaning̃as ng̃ apoy sa gitnâ.)

Melchthal (sa pangpang): Sino yan? Sabihin ang pang̃ung̃usap!

Stauffacher (sa ibabâ): Mg̃a kaibigan ng̃ bayan!

(Mang̃agsisilusong na lahat at sasalubung̃in ang nang̃agsisidating. Aahon sa banka si *Stauffacher, Itel*

Reding, Hans itaas ng̃ *Mauer, Iorg* sa *Hofe, Konrad Hunn, Ulrich* na *Panday, Jost* sa *Weiler,* at tatlo pang magsasakang sandatahang lahat.)

Lahat (hihiyao): Dumating nauang malualhatì!

(Samantalang ang iba'i natitira sa ibabâ at nagbabatian, pauuná si Melchthal at si Stauffacher.)

Melchthal: Oh mamang Stauffacher! Nákita ko po siya, yaong dî na muling magmamalas sa akin! Ipinatong ko yaring kamay sa kaniyang mg̃a mata, at nagbabagang paghigantí ang aking tinigis doon sa pinatay na arao ng̃ kaniyang paning̃in!

Stauffacher: Huag bangitin ang paghigantí. Dî ang nangyari ang nasang sing̃ilin, kundî sansalain ang darating na samâ. . . . Ng̃ayon, magsabi kayo, kung ano ang ginauâ sa lupang Unterwalden, ano ang nalakad para sa bagay ng̃ kalahatan, anó ang isip isip ng̃ mg̃a tao, paano at kayo'i nakaligtas sa mg̃a silò ng̃ kalilohan.

Melchthal: Tinahak ko ang likod ng̃ kalagim-lagim na bundok ng̃ *Surennen* na kinalalatagan ng̃ malalauak na kaparang̃an ng̃ ielo, doo'y ualang naririnig na hiao kundî ang sa buitreng mangdadagit tupa; dumating ako sa lusung̃an ng̃ Alpes na batian at tagpuan ng̃ mg̃a pastol sa *Urí* at *Engelberg,* sa paligauan ng̃ lahat: ipinagpatid ko sa uhao ang natutunao na ielo na bumubulang umaagos sa *Runsen.* Pinasok ko ang mg̃a ilang na kubu ng̃ mg̃a pastol, taong bahay ako rin at panaohin, hangang sumapit sa tahanan ng̃ mg̃a mapapalad na nabubuhay na tao. Nakarating na naman doon sa mg̃a kalibisang yaon ang aling̃aong̃ao ng̃ nangyaring bagong katampalasanan, at magalang na pagtangap ang inialay sa akin ng̃ sauî kong palad sa baua't pintuang sa paglalakbay ko'y tauagan. Dinat'nan kong hapís yaong mg̃a matutuid na loob sa karahasan ng̃ bagong palakad dahil; sapagka't, kung ang damong tumutubo sa kanilang mg̃a Alpes ay di napapalitan magpakailan man; kung umaagos na tiuasay ang kanilang mg̃a bukal, alapaap man at hang̃in ay sumusunod ng̃ tadhanang kilos, gayondin naman lumalakad ang matandang gauî mulâ sa nuno at apo. Dî nila matangap sa ugaling lakad ng̃ buhay ang pang̃ahas na biglang kabagohan. Iniabot nila sa akin ang lipaking kamay, at inabot sa mg̃a dinding ang mg̃a kalauang̃ing sundang, at ang tapang ay kumidlat ng̃ masaya sa mg̃a mata ng̃ aking bangitin ang mg̃a ng̃alang iginaga-

lang ng̃ magsasaká sa kabundukan, ang inyo at ang kay Walther Fürst . . . ang inyong akalaing matuid ay sinusumpaan nilang gagauin; nang̃anunumpang susunod sa inyo hangan sa kamatayan. . . . Kayâ ng̃a sa lilim ng̃ dakilang ugalì ng̃ panauhin ako'i nakapaglakbay na panatag sa bahaybahay . . . at ng̃ ako'i dumating sa tinubuang libis, sa malayong nakakalat ang aking mg̃a pinsan . . . ng̃ aking matagpuan ang amang binulag at binauian ng̃ pagaarì sa ibang dayami nakahigâ, at nabubuhay sa auà ng̃ mg̃a mahabaging ibang tao.

Stauffacher: Makapangyarihang Dios!

Melchthal: Ng̃uni't dî ako umiyak! Dito ko pinaagos sa malambot na luhà ang lakas ng̃ nagbabaga kong hinagpis, sa kalooban ng̃ dibdib anaki'i isang mahalagang yaman, itinagò ko siya at nagisip lamang gumauâ. Aking ginapang ang lahat ng̃ taluktuk ng̃ kabundukan; ualang natagong libís na dî ko linusong; hangang sa batbat ng̃ ielong paa ng̃ dî naaagnas na lamig gumalà ako at nakatagpô ng̃ pinamamahayang kubu, at saan man, kapag dal'han sa akin ng̃ mg̃a hakbang, ay natatagpuan ko ang dî mabagong galit sa karahasan; sapagka't hangan doon sa mg̃a huling hanganan, ng̃ maybuhay na Kinapal, hangan doon sa maramot na lupa'i nakasasaklao ang kayamanan ng̃ mg̃a hukum . . . at hinikayat ko at pinukao ng̃ tibu ng̃ aking pananalitâ ang mg̃a pusù niyaong may loob na bayan, at atin sila sa pang̃ung̃usap at loob.

Stauffacher: Malaki ang inyong nagauâ sa maikling tadhanà.

Melchthal: Ako'i may ginauâ pa! Ang dalauang kutang Rossberg at Sarnen ay siyang kapuâ kinatatakutan ng̃ magsasaká, sapagka't sa likod nila'i magaang nakakukublí ang kaauay at nakatatampalasan sa bayan. Inibig kong mamalas ng̃ tunay na matá; napasa Sarnen ako at tining'nan ang kutà.

Stauffacher: ¿Kayo nakapang̃ahas hangan sa lungâ ng̃ Tigré?

Melchthal: Ako'i naggayak pelegrino, nakita ko ang hukum, gumong sa kayamanan sa mesa . . . sabihin kung napipigil ko ang aking puso; nakita ko ang taksil at dî ko siya inutás.

Stauffacher: Mandi't pinapalad ang inyong kapang̃ahasan. (Samantala'i napadakong una ang mg̃a ibang magsasaká at nang̃alapit sa kanilang dalaua.) Ng̃uni't sabihin ng̃a sa akin sino ang mg̃a kaibigan at ang mg̃a pusuang taong na-

ng̃agsisama sa inyo? Magkakilakilala kami upan ding magkatiualà at maghayag ng̃ pusù.

Meier: Sino po ang dì nakakikilala sa inyo, maginoo, dito sa tatlong lupain? Ako ang si Meier sa Sarnen; ito po ang aking pamangkin, anak ng̃ kapatid na babai, si Struth sa Winkelried!

Stauffacher: Ang inyong binangit ay kilalang pang̃alan. Ng̃ala'i Winkelried niyaong pumatay sa Dragon sa sapang tabi ng̃ *Weiler,* at nagiuan ng̃ buhay sa gayong paglalaban.

Winkelried: Nunò ko po yaon, mamang Werner.

Melchthal (ituturò ang dalauang magsasaká): Ito'i nang̃agsisitirá sa likod ng̃ gubat, taong konbento sa *Engelberg* . . . ng̃uni't dì po ninyo sila dapat alipustain dahil, at sapagka't sila'i nasasakop at dì para nating malayang nabubuhay sa sariling minanang lupa . . . sila'i may pagibig sa bayan at may mabuting kapurihan.

Stauffacher (sa dalaua): Iabot ninyo sa akin ang kamay. Mapuod ng̃a ang dì napaaalilà sa kanino man sa ibabao ng̃ lupà; ng̃unì ang matinong kabaita'i namumung̃a sa balang kalagayan.

Konrad Hunn: Ito po ang maginoong Reding, aming matandang Landamman.

Meier: Kilala ko silang tunay. Silá ang aking kausapin, dahilan sa isang matandang maliit na mana. . . . Maginoong Reding, tayo po'i magkaauay sa harap ng̃ usapín, dito'i magkaibigan. (magkakamayan)

Stauffacher: ¡Bayaning pananalitâ!

Winkelried: Narinig ninyo? Narating! Pakin'gan ang tambulì sa Urí!

(Sa kana't kaliua'i may makikitang sandatahan mg̃a taong may taglay na pasagsag manaog sa mataas na batohan.)

Itaas ng̃ Mauer: Masdan! Lumusong ang banal na alagad ng̃ Dios, ang marapat na parì ay kasama! Dì niya kinatakutan ang hirap ng̃ daan at ang dilim ng̃ gabi; tapat na pastol ay pinang̃ang̃alagaan ang kaniyang bayan.

Baumgarten: Kasunod ang sacristan, at ang maginoong Walther Fürst; ng̃uni at dì ko masuliapan sa karamihan si Tell.

(Walther Fürst, Rosselmann, cura, Petermann, sacristan, Kuoni, pastol, Werni, mang̃ang̃asó, Ruodi, mang̃i-

ngisdâ, at lima pang ibang taong bunduk. Lahat na tatlongpo at tatlo ay magsisilakad na pauuna at lilibutin ang apoy.)

Walther Fürst: Dapat ngã baga tayo sa sariling arì at sa sariling tinubuang lupà tahimik at lihim na gumapanggapang, anaki'i nangakamatay tao, at sa dilim ng gabing nagtatakip ng madilim na kumot sa sala at sa sapakatan takot sa arao, hinahanap natin ang santong katuiran na maningas pa at maliuanag sa masanting na katanghalian!

Melchthal: Bayaang mangyari! Ang linikha ng madilim na gabi'i malayà at masayang lilitao sa sinag ng arao.

Rosselmann: Pakin'gan, mga nanumpang kaibigan, ang isinapuso sa akin ng Dios. Nangalalagay tayong parang isang mga sugò ng lupain, at nahahalagahan ang isang tunay na bayan. Kayâ nga tayo'i maglinao alinsunod sa matatandang ugalì ng bayan, paris ng ginaganap pag ang panaho'i payapà; ipatauad sa kagipitan dahil ang munting dî tapat dito sa kapulungan. Ang Dios ay sumasalahat, kapag naguusig ng katuiran, at tayo'i nangatitindig sa tapat ng kaniyang langit.

Stauffacher: Tunay: tayo'i maglining alinsunod sa matandang ugalì: kung ngaion ma'i gabi, nguni't nagliliuanag ang ating katuiran.

Melchthal: Ang bilang may dî punô, ang mga pusò ng lahat ng baya'i naririto: nangagkakaisa ang pinakamabubuti.

Konrad Hunn: Ualâ man sa kamay ang mga matatandang sulat; nguni at nangalilimbag sa pusò.

Rosselmann: Nangyari! Mapunô nga ang kabilugan. Itaas nga ang mga kális ng kalakasan.

Itaas ng Mauer: Lumukluk sa kaniyang upuan ang punò ng bayan at agapayanan ng kaniyang mga *Meribul*.

Sacristan: Tatlong bayan tayo rito. Sino ang sukat mangulo sa kapulungan?

Meier: Sa ganitong puri'i makakapakitalo ang Urí sa Schwyz: kaming tagá Unterwalden ay naurung.

Melchthal: Kami'i naurung: kami ang humihinging abuloy sa mga malalakas na kapitbayan.

Stauffacher: Hauakan nga ng Urí ang kális: ang kaniyang bandila'i nangunguna sa amin ng nakikibaka sa Roma.

Walther Fürst: Ang puri ng̃ kális ay nauukul sa Schwyz; ipinagbabansag natin tanán na tayo'i kaniyang lahì.

Rosselmann: Pahintulutan ako'i pagitnâ sa marakilang pagtatalo; Sa kapulung̃a'i Schwyz, sa pagbabaka'i Urí ang mang̃ung̃ulo.

Walther Fürst (iaabot kay Stauffacher ang mg̃a kális): Kayâ ng̃a hauakan!

Stauffacher: Hindì sa akin: sa lalong matandâ ang dilag.

Sa Hofe: Si Ulrich na panday ang katandatandaan.

Itaas ng̃ Mauer: Ang lalaki'i matapang, ng̃uni at dì malayang lagay; dì makahuhukum sa Schwyz ang sinoman sakop.

Stauffacher: Ualâ baga rito ang maginoong Reding, ang matandang punongbayan? Sino pa ang ibang marapat na hahanapin?

Walther Fürst: Siya ng̃a ang magpunò at mang̃ulo sa kapulung̃an! Ang doo'i payag, magtaas ng̃ kamay. (Itataas ng̃ lahat ang kanan.)

Reding (pagigitnâ): Dì ko mailagay ang kamay sa ibabao ng̃ mg̃a santong sulat, kaya ng̃a pasusumpaan ko rito sa mg̃a ualang katapusang bituin, na dì lalayô magpakailan man sa katuiran. (Iaabot sa kaniya ang dalauang kális; siya'i lilibutin, Schwyz sa gitnâ, sa kana'i Urí, sa kaliua'i Unterwalden. Siya titindig tukud sa kális ng̃ pagbabaka.) Ano ng̃a, ano ang nagtaglay dito at nagtipon sa tatlong bayan ng̃ kabundukan, dito sa ilang na pampang ng̃ dagatan sa lalim ng̃ gabi? Ano ang magiging laman ng̃ bagong bigkís na ating niyarì sa ilalim ng̃ mabituing lang̃it?

Stauffacher (pagigitna ng̃ kaunti): Ualâ tayong niyaring bagong bigkís (liga); Ito'i isang matandang bigkís ng̃ panahon ng̃ ating mg̃a magugulang na dito'i muling pinupukao. Talastasín, mg̃a kasumpang katoto! Pinapaglalayô man tayo ng̃ dagátan at ng̃ mg̃a kabundukan, at balà mang baya'i may sariling paglakad at pang̃ung̃usiuà, tayo'i isang dugû at isang lahì lamang, iisa ang bahay na ating pinangaliñgan.

Winkelried: Tunay ng̃a baga yan, ang sinasabi ng̃ ating mg̃a auit na tayo'i naglakbay ditong galing sa malayong bayan? Oh! ipahayag sa amin ang inyong natatanto, upan ding ang bagong pagtutulong na bigkís ay tumibay sa alaala ng̃ matandâ.

Stauffacher: Pakingan ninyo ang sinasalitâ ng̃ matatandang pastol. — Nang unang panahon, may isang malaking bayan sa dakong ibabâ (Norte) na nagdadaan ng̃ kakila-kilabot na gutum. Sa ganitong kapigita'i pinagkaisahan ng̃ kalahatan, na ang baua't ikasampuo ng̃ mg̃a tao sa bayang ituro ng̃ kapalaran ay iuan ang sa mg̃a amanglupa. . . . Yao'i nangyari! At nang̃agsitugpâ ng̃a, nagtatang̃isan, lalaki at babai, makapal na hokbo sa dakong ilayang, sikatan ng̃ arao sa katanghalían; patalim ang nagbukás sa kanila ng̃ daan sa Alemania, hangan sa mataas na lupà nitong mg̃a kabundukan. At ang mg̃a naglalakbay ay dî nang̃apagod hangang sila'i dumating sa masukal na libís na ng̃aio'i inaagusan ng̃ *Muotta* sa gitna ng̃ mg̃a damuhan. Ualâ mang nakita ditong bakas ng̃ tao kundî isang kubuhang nagiisa sa pampang. Doo'i may taong nakaupo nagaantay ng̃ maitatauid. Ng̃uni at umalong malakas ang dagatan na dî malagayan; napagmas'dan naman niláng mabuti ang lupà, namalas ang digkit ng̃ kahuyan, nang̃akasumpung ng̃ mabubuting bukal, at isinaloob na sila'i nasasa liniliag na tinubuang bayan. — Pinagkaisahan ng̃ang matirá, at itinayô ang matandang náyon ng̃ Schwyz, at pinagsikapan mahabang arao linisin ang gubat ng̃ balabalaking likao-likao na ugat ng̃ kahoy. . . . At saka ng̃ ang laki ng̃ lupà ay dina magkasia sa bilang ng̃ lumaking bayan, umahon ng̃a ang iba sa *Maitim na bunduk,* hangang sa *Putinglupà,* doon na sa linilikurang pader na ielo, ay may naninirang ibang bayang may ibang uikà. Itinayô nilá ang nayong *Stauz* sa gitnâ ng̃ kagubatan, ang náyong Altdorf sa libís ng̃ Reuss . . . doon nang̃atirá ng̃uni at laging alaala ang lahing pinagbuhátan; nang̃agkakakilala ang mg̃a taga Schwyz sa karamihan ng̃ ibang mg̃a lahing mula noo'i nang̃agsidating at nanirá sa gitnâ nitong lupà, nalukso ang dugû at natibok ang pusù, at nagpapakilala. (sa kana't kaliua'i iaabot ang kamay.)

Itaas ng̃ Mauer: Tunay ng̃a: Tayo'i isang pusù at isang dugû.

Lahat (magkakamayan): Tayo'i isang bayan at ibig gumauang parang isang loob.

Stauffacher: Ang ibang mg̃a baya'i may pasang ibang yugù, sila'i nang̃agsisukù sa nanalong taga ibang bayan. May naninira din naman sa ating bayan maraming may aring tao na nagpapasan ng̃ ibang katungkulan at ipinamamana ang kaalipinan sa kanilang mg̃a anak. Ng̃uni at tayong tunay na lahì ng̃ matatandang taga *Schwyz,* ipinaglaban nating

lágì ang kalayáhan natin. Dì natin linuhurán ang sino mang prínsipe, at sariling bukal sa kalooban pinilì natin ang sukub ng̃ emperador.

Rosselmann: Malayang pinilì natin ang sukub at tankilik ng̃ imperio; yao'i natatalatâ sa sulat ng emperador Federico.

Stauffacher: Sapagka't ang kalayaha'i mayroon din namang punù. Dapat magkaroon ng̃ isang mang̃ulu, isang kataastaasang hukum na sakdalan at pangaliñgan ng̃ katuiran sa pagtatalo. Kayâ ng̃a ang kapurihan nitong lupang inagao ng̃ ating mg̃a ama sa kasukálan ay kanilang inialay sa emperador na nagng̃ang̃alang pang̃inoon ng̃ lupang aleman at italiano, at kaparis ng̃ ibang malalaya ng̃ kaharian ay natatalagá sa sandatang paglilinkod; ito ng̃a lamang ang nagiisang katunkulan ng̃ mg̃a malalaya, ipagtangol ang kahariang nagtatangol sa kanila.

Melchthal: Ang dito'i humigit ay tunay na alipin.

Stauffacher: Sila'i nang̃agsisisunod sa bandilà ng̃ Imperio, pagdaraan ng̃ tumatauag sa katungkulan at nakilaban sa kaniyang mg̃a pagbabaka. Sandatahang nagsisama silá sa Italia upan ding maiputung sa kaniyang ulo ang korona sa Roma. Ng̃uni at sa sarili sila'i nabubuhay, nang̃ang̃asiuang sa kanila rin, alinsunod sa matandang ugalì at sariling utus; ang kataastaasang punò ay ang Emperador lamang. At dahilan dito'i may inilaang isang *Conde* marakilà na dì naninirá dito sa ating lupà. Pag may pinatay na tao, tinatauag siya rito at sa gitnâ ng̃ arao at sa silong ng̃ lang̃it, malinao at maliuanag ipinang̃ung̃usap niya ang katuiran, ualang katakutan sa tao, ¿alin dito ang bakas na tayo'i naging alipin? Magsabi ang nakatatalastas ng̃ iba!

Sa Hofe: Ualâ, gayon ng̃a ang lahat na inyong sinasabi: marahás na pamiminunò ay dì natin kailanman pinayagan.

Stauffacher: Ang Emperador may ating ding sinuay ng̃ inibig niyang ibalì ang katuiran sa kapakinabang̃an ng̃ mg̃a parì. Sapagkat niyaong nasain ng̃ mg̃a taong naninira sa bahay ng̃ Dios, agauin sa atin ang mg̃a kabundukang ating lininis mulâ sa ating mg̃a ama, dumukut ang Abad ng̃ isang matandang sulat na nagbibigay sa kaniya nitong ualang nakasasakop na lupà — ibig tayong ualinbahalain. Kayâ ng̃a sinabi natin: "Yang sulat ay magdaraya! Ualang emperador na makapagbibigay sa ibá ng̃ aming arì; at ibigin ng̃ imperiong itang̃i sa amin ang katuiran, matatangihan din

naman namin siya sa aming mg̃a kabundukan." — Gayon ang pananalitâ ng̃ ating mg̃a ama. At ng̃aion ¿papasanin baga natin ang alipustâ ng̃ yugù, magtitiis bagang paalipin sa iba ang dì nagauâ sa atin ng̃ sinomang emperador sa kaniyang kapangyarihan? Ating linalang itong mg̃a lupain sa kasipagan ng̃ ating mg̃a kamay, ang matandang gubat unang tahanan ng̃ mabang̃is na oso ay pinaging tahanan ng̃ mg̃a tao; ang lahì ng̃ dragon umaahon sa makamandag na sapà ay ating tinutug; pinauì natin ang makapal na alimuum na laging bumabalot dito sa kasukalan, tinibag ang matigás na bató, at ang naglalakbay ay ipinagbukas ng̃ matibay na daan sa itaas ng̃ bang̃in; sanlibong taong atin at sarili ang lupà, . . . at ¿paparito baga ang taga ibang bayang alagad ng̃ kaniyang pang̃inoon, at papandayin sa atin ang tanikalâ at aalipustain tayo sa sariling lupà? ¿Ualâ bagang hatol sa ganiyang higpit? (magkikilusan ang lahat) Hindi ng̃a: natatapus din ang karahasan. Kapag ang napipigit ay ualang makitang tulong, kapag ang bigat ng̃ pasa'i lumabis. . . Kukunin ng̃a niyang masaya sa lang̃it at ipananaog sa lupà ang dì matingkalang katuirang nahahayag doon sa itaas dì nababago at dì nasisirà, paris din ng̃ mg̃a bituin. . . . Nagbabalik ang matandang lagay ng̃ lupà, kapag sa tao humahadlang ang kapua tao . . . at sa huling gamot, kapag ang lahat na'i aayao bumisa, ang patalim ay ibinigay sa kaniya. . . . Ang ating mg̃a arì ay dapat nating ipagtangol sa karahasan — Ating ipaglalaban ang ating lupà, ipaglalaban ang mg̃a asaua at ang mg̃a anak.

Lahat (idadagok ang mg̃a kális): Ipaglalaban ang mg̃a asaua at mg̃a anak!

Rossel (pagigitna): Bago kayo humauak sa patalim, ay dapat munang maglining! Payapang mapaglilinis natin ito sa emperador. Isang pang̃ung̃usap lamang ninyó, at ang mg̃a mararahás na ng̃ayo'i nanglulupig ay magaamo amo sa atin.

Tangapin ang malimit sa inyong inialay, humiualay kayo sa imperio at kilanlin ang kataasan ng̃ Austria.

Itaas ng̃ Mauer: Ano ang sinasabi ng̃ Cura? Tayo'i susumpâ sa Austria?

Sa Buhel: Huwag kayong makinig!

Winkelried: Isang lilo, isang kaauay ng̃ bayan ang ganiyang naghahatol!

Reding: Payapa, mg̃a kasumpaan!

Sewa: Tayo, kumilala sa Austria, ng̃ayon nangyari na ang nangyayari!

Sa Flue: Ipabitao sa atin ng̃ dahas, ang dì natin ibinigay sa kabaitan!

Meier: Kung magkagaio'i alipin tayo, at nararapat tayong paalipin.

Itaas ng̃ Mauer: Itaboy at palayasin sa Schwyz, hubdan ng̃ puri ang magnasang sumuku sa Austria! Punungbayan, ipinahahayag kong nasá na ito'i unang atas ng̃ lupà na ating ibibigay.

Melchthal: Sia nauâ! Ang bumangit ng̃ pagsuku sa Austria, al'san ng̃ katuiran at ng̃ puri, huag siyang tangapin sa kaniyang bahay ng̃ sino man tagabayan.

Lahat (ilalagay ang kanan): Ibig namin yay maging utus!

Reding (makalampas ang sumandaling tahimik): Sia nauang maging utos!

Rosselmann: Ng̃ayo'i kayo'i malaya, malaya kayo alinsunod sa utos na ito. Dì mabubunot ng̃ dahas ng̃ Austria, ang dì niya nakuha sa mabuting salitâ.

Jost sa Weiler: Tumuluy ang lakad ng̃ kapulung̃an!

Reding: Nanumpang mg̃a kaibigan! Natikman na bagá ang lahat ng̃ malulubay na hatol? Sakali ay dì natatalastas ito ng̃ Harì; sakali'i dì niya ninanasà ang ating tinitiis. Dapat nating tikman ang huli, iparinig sa kaniya ang ating mg̃a taghoy, bago humauak ng̃ patalim! Sa matutuid mang bagay ay kakilakilabot din ang kalakasan! Tumutulung lamang ang Dios, kapag ang tao'i dina makakaya!

Stauffacher (kay Konrad Hunn): Kayo ng̃ayon ang magpahayag! Magsabi!

Konrad Hunn: Nasasa *Rheinfeld* ako, sa tahanan ng̃ Emperador, upan ding ipahayag ang mabigat na pagyurak ng̃ mg̃a hukum, at ng̃ kunin ang sulat ng̃ ating matandang kalayahan na pinagtitibay ng̃ baua't bagong magharì. Maraming sugù ng̃ mg̃a bayan ang natagpuan ko roon, mg̃a taga *Suavia,* taga pampang ng̃ *Rhin* na nagkamit na lahat ng̃ kanilang kasulatan at masasayang nagsibalik sa kanilá! Akong, inyong sinugo'i itinaboy sa mg̃a sangunian, na nagbigay sa akin ng̃ ulul na sagot: "Ualâ ng̃aiong panahon ang emperador; magiisip siya sa inyo sa ibang arao." At nang aking daanan malunkut ang mg̃a sala ng̃ tahanang-

hari, nakita ko ang duke Juang nakatindig at umiyak sa isang suluk, sa tabí niya ang marangal na maginoo sa Wart at Tegerfeld. Tinauag nilá ako at nagsabi: "Umasa kayo sa sariling lakas: katuira'i huag antayin sa Harì. ¿Dî baga niya hinub'dan ang anak ng̃ tunai na kapatid at inagao sa kaniya ang sariling mana? Inaamò-amò siya ng̃ duke dahilan sa mana sa ina; puno na ang kaniyang taon, at dumating na ang kapanahunang lupà at tao pang̃asiuaan. Ano ang isinagot sa kaniá? Isang maliit na koronang bulaklak ang ipinutong sa kaniya ng̃ emperador: ito, ania, ang pamuti ng̃ kabatáan.

Itaas sa Mauer: Napakin'gan ninió! Matuid at katuiran huag asahan sa Emperador: umasa sa sarili!

Reding: Ualang iba tayong magagauâ. Ng̃aio'i hatulan, magsabi upan ding ating maganap na maluag ang pinipita.

Walther Fürst (pagigitnâ): Ang nasà nati'i lipulin ang sinusumpang paglupig; ang matatandang kalayahan na minana sa ating magugulang ay ibig nating siang palakarin, hindî ualang uastô nasà natin magbago. Matirá sa emperador ang sa emperador; maglinkod sa kanila ng̃ matapat ang mai pang̃inoon.

Meier: Ako'i may binubuisang lupain sa Austria.

Walther Fürst: Sun'ding ganapin ang mg̃a katunkulan sa Austria.

Jost sa Weiler: Ako ay nabuis sa mg̃a maginoo sa Rappersweil.

Walther Fürst: Sumunod at bumuis.

Rosselmann: Aking sinumpaan ang mahal na babai (Virgen) (?) sa Zurich!

Walther Fürst: Ibigay sa konvento ang sa konvento.

Stauffacher: Ako ualang binubuisan, kundî ang sa Imperio.

Walther Fürst: Ang mangyayari ai mangyari, ng̃uni at dî lalampas. Ang mg̃a hukum ang kanilang mg̃a alipi'i ibig nating itaboy at ilugsû ang mg̃a matitibay na kutà; ng̃uni at kung mangyayari ay huag tumulù ang dugû. Makita ng̃ Emperador na tayo'i sa huling kapigitan lamang naguaksi ng̃ katunkulan sa pagpipitagan. At kung mamasdan tayong nagpipigil sa ating sukat na kilusan, ay marahil maghunus siya sa kaniang galit at magisip ng̃ mahusay; sapagka't pinang̃ambahan ang bayang marunung magpigil may patalim mang hauak.

Reding: Nğuni at pakin'gan natin kung paano makatatapus? Ang kaauay ay sandatahan, at tunay! ay dì hilig sa kapayapaan.

Stauffacher: Siya'i papayapà pag tayo'i nakitang may sandata: atin siyang bibiglain bago makapaghandâ.

Meier: Madaling sabihin nğuni at maliuag ganapin. Tayo tinitindigan sa bayan nğ dalauang matibay na kutang nagtatankilik sa kaauay, at magiging katakot-takut kung ang lupa'i lusugin nğ harì. Rossberg at Sarnen ay dapat munang malupig bago magbunut nğ sundang sa tatlong kabayanan.

Stauffacher: Magtagal tayo at nğ magkabalita ang kaauay; napakarami ang nakatatalastas nğ lihim.

Meier: Sa mğa bayan sa gubat ay ualâ isa mang lilo.

Rosselmann: Ang kampi man, ang mabuti, ay nakapaglililo rin.

Walther Fürst: Kung pabayaan sa ibang arao, ay mayayari ang kutang panglupig sa Altdorf, at ang hukum ay makapagtitibay.

Meier: Kayo'i nagiisip sa inyo.

Sacristan: At kayo ualang matuid!

Meier (makikilos na biglâ): Kami'i ualang matuid! Sasabihin sa amin nğ Urí!

Reding: Sa nğalan nğ inyong isinumpâ, tahimik!

Meier: Oo, pag ang Schwyz ay nakikiisá sa Urí, kami'i dì iimik.

Reding: Dapat kong sabihin sa inyó sa harap nğ kalahatan na ang kapayapa'i ginugulo nğ inyong masilakbong kalooban! Dì baga tinatayuan nating lahat ang iisa rin bagay?

Winkelried: Kung atin yang ilaan hangang sa Pasco nğ Panğanğanak, ay maaaring alinsunod sa ugalì na lahat nğ namamaya'i magdalá nğ alay sa hukum sa kaniyang kutà. Sampu o labindalaua katao'i makapagtitipon sa kutang hindi mamamalayan na makapagtataglay na lihim nğ matulis na patalim na madaling maipasak sa tulus, sapagka't sino may dì makapagtataglay nğ sandata sa kutà. At saka sa tabi sa gubat magaantay ang karamihan, at kapag malualhating makuha ang pintuan, hihipan ang isang tambuli, ay iiuan niyaon ang pinagtataguan. Ganian ang madaling maging atin ang matibay na kutà.

Melchthal: Ako ang bahalang umakyat sa Rossberg, sapagka't hilig sa akin ang isang alilang dalaga sa kutà, at madali ko siyang madadayang iabot sa akin sa pagdalao sa gabi ang maliit na hagdan; kung ako'i nasa itaas na'i maipapanhik ko ang lahat ng̃ kaibigan.

Reding: Kalooban baga ng̃ lahat na itadhanà? (Ang karamiha'i itataas ang kamay.)

Stauffacher (bibilang̃in): Dalauangpu at isa laban sa labingdalaua.

Walther Fürst: Kung mailugsô sa tadhanang arao ang mg̃a kutà, sa bunduk at bunduk ay maibibigay natin ang tandâ sa ning̃as at usuk; magsisitindig agad na madali ang mg̃a bayan-bayan: kapag namalas ng̃a ng̃ mg̃a hukum ang kinang ng̃ patalim, maniuala sa akin, lalayuan nilá ang paglaban, maglulubay at aalis ng̃ payapà at pang̃ing̃ilagan ang ating mg̃a bayan.

Stauffacher: Si Gessler lamang ang kinatatakutan ko na magmamatigas; siya'i libot na lagi ng̃ kaniyang kabayuhang mabang̃is; dì niya iiuan ang lupang dì muna magbubu ng̃ dugû, at maitaboy man siya ay pang̃anib din sa bayan. Mabigat at mapang̃ambang siya'i mapigilan.

Baumgarten: Kung saan ang lalong pang̃anib, doon ninyo ako ilagay; utang ko yaring buhay kay Tell. Ibig ko siyang isabit sa ikagagaling ng̃ bayan: nailigtas ko na ang aking puri, nagaanan yaring pusù.

Reding: Hatol ang dalá ng̃ panahon. Antayin siyang matiis. Dapat naman tayong umasa ng̃ kaunti sa *sakana*. — Ng̃uni at magmasid, samantalang tayo'i sa gabi naglilining, tumataas na sa taluktuk ng̃ mg̃a bunduk ang umaga, ang maning̃as na pangising. — Aba tayo at maghiuahiualay, bago tayo masikatan ng̃ arao.

Walther Fürst: Huag mang̃amba: dahandahang nalayo ang dilim sa mg̃a libís. (Lahat ay sa sariling kalooban ay magpupugay at magmamasid na mapitagan at tahimik sa liuanag ng umaga.)

Rosselmann: Sa liuanag na ito, na bumabati sa atin una sa ibang mg̃a taong sa ibaba'i nahing̃ang mabigat sa kalapitan sa mg̃a hapis ng̃ malalaking bayan, ay pabayaang sumpaan ang pang̃ako ng̃ bagong bigkís. Ibig naming maging isang bayan ng̃ magkakapatid, at dì maghihiualay sa anomang kapigitan at pang̃anib. (Uulitin ng̃ lahat na taas ang

tatlong dalirì.) Ibig naming maligtas, paris ng̃ mg̃a magugulang, mamatay muna, bago mabuhay sa kaalipinan. — Kami'i umaasa sa kataastaasang Dios at dì natatakot sa lakas ng̃ mg̃a tao. (Magyayakapan.)

Stauffacher: Lakad bauat isa ng̃aion ng̃ tahimik
Sa kaibiga't bahay na mahal sa dibdib:
Itago ng̃ pastol ang hayop sa lamig
At lihim humanap ng̃ tulong sa hápis.

Ano mang mangyari hangan sa tadhana
Na sukat itang̃is, idaloy ng̃ luhà,
Magtiis ang loob; bayaang humabà
Ang bilang ng̃ sala ng̃ sukab sa lupà.

Arao ay darating at pagbabayaran
Sa minsan ang lahat, bauang kasalanan:
Pigilin ng̃ isa ang matuid na uhao,
Sa arao ng̃ lahat ang galit ilaan;

Nakao ng̃a sa arì nating lahat mandin
Ang magisa ng̃aiong humiganting lihim.

(Samantalang sa iba't ibang tabí ay tahimik na aalis tutugtug ang orquesta ng̃ kaligaligayang sonata: ang ualang lamang palabasa'i matitira pang ilang sandaling bukás, at mapagmamasdan ang nataas na arao sa mg̃a kabundukan ng̃ ielo.)

———o———

IKA-ATLONG LABAS

UNANG HATÌ

Harapan ng̃ bahay ni Tell: taglay ni Tell ang puthao: Hedwig ay nang̃ang̃asiuà sa bahay. Si Walther at si Wilhelm ay naglalarô sa dakong libís: ang galaua'i arkabus.

Walther (aauit): Taglay ang pana't ang búsug
Sa libís at kabundukan
Ang mang̃ang̃aso'i nalusog,
Maagang madaling arao.

Kung doon sa papauirin
Ang manoyo'i (lawin ai) naghaharì;
Sa kabundukan at bang̃in
Hari'ng mang̃ang̃asong pilì.

Kania'ng malauak na parang
Ang matudlâ nia't mabihag,
Aring tunay ñga't yaman,
Ang nagapang at nalipad. (darating na nagtatatakbo.)

Nalagutan ako ñg bagting: inyo pagigihin, ama.

Tell: Ayao ako. Ang tunay na mañgañgaso'i nagsisikap na magisá.

(Ang mga batà ay magsisitayô.)

Hedwig: Maagang nagaaral ang mga batang mamanà.

Tell: Maagang naghahasà ang ibig tumálas (ang ibig maging maestro.)

Hedwig: Ibigin ñg Dios na dî nila kailan man matutunan.

Tell: Lahat ay dapat nilang pagarálan. Ang ibig makipaglaban sa hirap ñg buhay, ay sa init at lamig (defensa y ofensa) dapat humanda.

Hedwig: Ay! sino man sa kanila'i dî matatahimik sa bahay!

Tell: Ina, gaion din ako: dî ako nilalang ñg lupà para magpastol; ualang pahiñga'i dapat kong habulin ang isang natakbong nasà. Akin lamang kinatutuaan yaring buhay, kung sa bauang arao ay may bagong nabibihag.

Hedwig: At dî mo naaalaala ang takot ñg asaua, na nañgañgamba, samantalang ikau ay inaantay. Pinañginñilabutan ako kapag naririnig ang mga sinasalitâ ñg mga bagontao sa inyong pañgahas na lakad. Naka ang pusù sa tui kang paaalam, takot na dî ka na muling magbalik. Para kitang namamalas, ligao sa bunduk ñg ielo, luksuhin ang balang tibag; namamalas ko mandin ang paghila sa iyo sa bañgin ñg tumatalong gamusa, ang pagbuhus sa iyo ñg nabulusuk na ielo, ang pagbuka sa iyong paa nang magdarayang *Firn* na lalamonin ka, buháy na ibinaon sa kakilakilabot na hukay. — Ay! habol ñg libong sarisaring kamatayan ang pañgahás na mañgañgasó sa Alpes. Karaualdaual na hanapbuhay, lipos ñg pañganib na nagaakay sa kalaliman.

Tell: Ang maligayang loob na naglilibot, sa Dios naasa at sa hiniram na lakás, yao'i maaluang dumadaig sa anomang lakarin at pañganib; dî natatakot sa bunduk ang inianak sa ibabao niya. (Nayarì na ang ginagauâ, itatabi ang kasangkapan.) Ñgaion, akalà ko, maluat na magtatagal ang pintu. Dî nabayad ñg aluagi ang may puthau sa bahay. (Kukunin ang sambalilo.)

Hedwig: Saan ka paparoon?

Tell: Sa Altdorf, sa amang bianan!

Hedwig: May sinasapantahà ka bang panḡanib? Ipahayag mo sa akin.

Tell: Ano ang naisipan mo, (babai) Hedwig?

Hedwig: Mayroon silang linalala laban sa mḡa hukum. — Sa Rutli nagpulung, talastás ko, at kalakip ka sa bigkísan (liga).

Tell: Dî ako kaharap . . . nḡuni at dî ko lalayoan at tatalikdan ang bayan kung tumauag.

Hedwig: Ilalagay ka nila kung saan may panḡanib; ang kabigatbigatan ay siang iyo, paris nḡ (palagì) dati.

Tell: Ang baua't isa'i naambag alinsunud sa arì.

Hedwig: Itinauid mo ang taga Unterwalden sa gitnâ nḡ bagió . . . himala at kayo'i nakaligtas . . . dî mo nḡa baga naalaala ang anak at asaua?

Tell: Mahal na asaua, naalaala ko kayo: kaya nḡa ilinigtas ko ang ama dahil sa mḡa anak.

Hedwig: Tumugpâ sa nagnḡanḡalit na dagat! Dî pagasa sa Dios ang dapat itauag; ya'i tuksuhin ang Dios.

Tell: Ang totoong napakaraming nagiisip ay ualang mabuting magagauâ.

Hedwig: Ikau ay mabuti at matulunḡin, totoo: ang lahat ay inaabuluyan mo, nḡuni at pagka ikau ay nasa panḡanib, ualang tutulong sa iyo.

Tell: Huag itúlut nḡ Dios na ako'i magkailanḡan nḡ abuluy. (Hahauakan ang arkabus at tunud.)

Hedwig: Ano ang gagauin mo sa arkabus? Iuan mo rito yan!

Tell: Nauaual'an ako nḡ kamay pag ualâ akong sandata. (darating ang mḡa batà)

Walther: Saan po kayo paparoon, ama?

Tell: Sa Altdorf, batà, sa nunù, . . . ibig mong sumama?

Walther: Mangyari pa! Ibig ko nḡa.

Hedwig: Ang hukum sa lupà ay naroon! Lumayô ka sa Altdorf.

Tell: Nḡaion sia tutugpâ.

Hedwig: Kaya nḡa, bayaan mo munang siya'i malayo. Huag ka niyang maalaala, talastás mo't galit siya sa atin.

Tell: Ako'i dî masasaktan ng̃ kaniang sukab na loob: matuid ang ginagauâ ko at dî natatakot sa kanino mang kaauay.

Hedwig: Nagkakataong ang kinagagalitan niya'i ang nagsisigauâ ng̃ matuid.

Tell: Ng̃uni at sapagka't, dî nia silá malapitan . . . akalà kong ako'i pababayaang tahimik ng̃ mataas na tao.

Hedwig: Aba! at talastás mo na baga?

Tell: Dî pa nalalaon ako'i nang̃ang̃aso sa mg̃a masusukal at ilang na bang̃in ng̃ libís (ng̃ Schachten) na mahukay at ualang bakas-tao, at ng̃ ako'i nagiisang umaakyat sa makitid na landás na bato na pilit dadaanan, sapagka't sa isang tabi'i nakatayô ang matarik na pader na bato, at sa ibaba'i umuugong na kakilakilabot ang ilog ng̃ *Schachen,* (kakapitan siya sa kaliua't kanan ng̃ mg̃a batà at titing̃alain siyang nasang makinig) siyang pagdating ng̃ hukum ng̃ lupà kasalubung, nagiisang paris ko, tao at tao lamang, at sa tabí namin ang malalim na bang̃in. Nang ako'i makita ng̃ maginoo at makilala, akong mabigat na pinarusahan dahilan sa munting bagay, namálas akong sumasagupà taglay ang bayaning sandatá, sia ng̃a'i namutlâ, nanglambot ang tuhud, nakita ko siyang dumating, at ng̃aio'i malulugpo sa batong nagtayo. Naauà ako sa kaniya, aking linapitan at malumanay na nagsabi: "Ako ng̃a po yaon, maginoong hukum ng̃ bayan." Ng̃uni at siya'i dî makapagsalitâ ng̃ anoman sa kaniyang bibig . . . ako'i uiuituitan lamang ualang imik at pinatuloy ng̃ paglakad: lumayô ng̃a ako at pinaparoon ko ang kaniang mg̃a tao.

Hedwig: Nang̃inig siya sa iyong harapan: ay! sa aba mo! Nakita mo siang mahinà, dî ka nia patatauarin.

Tell: Kaya ng̃a linalayuan ko sia, at dî naman nia ako hahanapin.

Hedwig: Huag ka lamang pumaroon ng̃aion. Mang̃aso ka na ng̃a.

Tell: ¿Ano ang naiisipan mo?

Hedwig: Ako'i nang̃ang̃amba. Lumayo ka.

Tell: Ano at natatakot kang ualang sukat na dahil?

Hedwig: Sapagka't ualang sukat na dahill . . . Tell mátira ka.

Tell: Ipinang̃ako kong pumaroon, sinisintang asaua.

Hedwig: Lakad kung ikau ay nang̃ako, . . . ng̃uni at iuan mo sa akin ang batà.

Walther: Hindî po, nanay. Ako'i sasama sa Ama.

Hedwig: Walti, ibig mo bagang iuan ang iyong ina?

Walther: Uuian naman kita ng̃ marikit na galing sa nunù. (Aalis na kasama ng̃ ama.)

Wilhem: Ina, ako nátirang kasama mo.

Hedwig (siya'i yayakapin): Sia ng̃a, ikau ang mahal kong anak, ikau ang nagiisang nátira sa akin!

(Si Hedwig ay pasasa pintuan at susundang matagal ng̃ mata ang nang̃agsialis.)

IKALAUANG HATI

Isang nakukulung na linao sa gubat na masukal: durog na tubig ang natalon sa batohan.

Bertha, gayak mang̃ang̃asó, gaion din naman si Rudenz na darating.

Bertha: Ako'i sinusundan. Salamat at masasabi ko ang ninanasà.

Rudenz (darating na mabilis): Mahal na dalaga, salamat at dumating din ang arao na kayo'i natagpuan kong nagiisá; tayo'i nalilibot ng̃ bang̃in; dito sa kasukala'i ualang ibang nakikinig; matagal ng̃ itinatago sa pusò ang dì ko pagimik.

Bertha: Tantô ninyong dî tayo sinusundan ng̃ nagsisipang̃aso?

Rudenz: Sila'i nasa malayo. . . . Ng̃aion o magpakailan man! Ibig kong gamitin ang mahalagang panahon . . . dapat kong paglinauin ang aking palad, mapalayo man ako sa inyo magpakailan pa man. — Oh, huag sandatahan ng̃ dilim ng̃ kagalitan yang maauaíng matá. — ¿Sino akong makapagtataas sa inyo ng̃ pang̃ahas na nasà? Ako'i dì pinang̃an'lan ng̃ balità; dî ng̃a ako makalalagay sa piling ng̃ mg̃a mahal na binatang mapagtagumpay at makikinang na sa inyo'i naglilinkod. Ualâ ako kundî isang pusong matapat at masintahin. . . .

Bertha (matigas at malamig): Babangitin ninyó ang sinta at pagtatapat, kayong naglililo sa mg̃a unang katungkulan? (Rudenz ay mapapaurung) Ang alipin ng̃ Austria, ang napabibili sa ibang tao, sa lumulupig sa sariling bayan!

Rudenz: At sa inyo ko didin'gin ang ganiang pagmura, oh, mahal na dalaga? Sinong iba sa inyo ang hinahanap ko sa kabilang tabi?

Bertha: ¿Ako akalà niniong matatagpuan sa tabi ng̃ kaliluhan? Iaalay ko muna yaring kamay kay Gessler, sa manlulupig, bago sa isang ualang loob na anak ng̃ Suiza na napaaalilà sa kaauay ng̃ bayan!

Rudenz: Oh Dios! Ano ang aking naririnig?

Bertha: Anó? ¿Anó ang lalong lapít sa may loob na tao, kundì ang mg̃a kababayan? May gagandá pa bagang katunkúlan para sa isang marang̃al na pusù, may didikit pa sa magampon sa kabaitan, ipagtangol ang matuid ng̃ nalulupig—nagdurugû yaring kalulua dahil sa inyong bayan; sinasamahan ko sia sa hirap, palibhasa'i sia'i iniibig, isang maamô ng̃uni at malakás at matapang na bayan; pusù ko'i nahihikayat sa kaniya, at balang arao ay lalong iginagalang. —Ng̃uni at kayo, na ginauang tunay niang tangulan ng̃ pagkatao at ng̃ katunkulang marang̃al, nagpapabayâ, at lilo'i kumakampí sa kaauay at nagpapanday ng̃ tanikalâ para sa sariling bayan; kayo ng̃a ang nakahahapis at ang humahabag sa akin; pinipigil yaring pusong huag kayong kainipan!

Rudenz: Dî ko bagá iniibig ang ikagagaling ng̃ aking bayan? Sa ampon ng̃ makapangyarihang cetro ng̃ Austria ang kapayapaan. . . .

Bertha: Ang kaalipinan ang inyong ilinalaan sa kaniya! Ibig ninyong itaboy ang kalayahan sa huling tahánang natitira sa kaniya sa lupà? Mabuti pa ang baya't nakatatalastas ng̃ kaniyang ikagagaling; dî naililigao ang kaniyang pakiramdam ng̃ anomang kinang. Kayo'i nasilô na sa ulo ng̃ iniong mg̃a kaauay.

Rudenz: Bertha, naiinip kayo sa akin, inaalipustâ ninyo ako.

Bertha: Lalong mabuti sa akin kung magkagaion. . . . Ng̃uni't ang tinitingnang alipustâ at sukat alipusta'i, pagnasaang ibigin. . . .

Rudenz: Bertha, Bertha! Iniong ipinatatanao ang kataastaasan tuâ ng̃ lang̃it at sakâ biglang ihuhulug sa kailaliman.

Bertha: Hindî, hindî ng̃a: dî pa pauing lahat sa inyo ang karang̃alan! Nahihimbing lamang; ibig ko siang pukauin; dapat kayong magpilit na labis, ng̃ mapatay ang nasa dugung mabuting ugalî; pasalamat kayo, datapuâ, na siya ay malakas kaysa inyo, at dî man ninyo inibig ay kayo'i mabuti at may dang̃al.

Rudenz: Naniniualâ kayo sa akin? Oh Bertha, lahat ay mangyayari at maaari sa akin kung inyong ibigin.

Bertha: Sundin ang katunkulan ng̃ inyong pagkatao; ganapin ang dapat na kinatatayuan sa gitnâ ng̃ inyong bayan at lupà, at ipakipaglaban ang inyong dakilang Matuid.

Rudenz: Ay sa aba ko! Paanong kayo'i matatamo, paanong kakamtan ko kayo, kung aking labánan ang lakas ng̃ emperador? Dî bagá marahás na dumidiin sa inyong kamay ang makapangyarihang loob ng̃ mg̃a kamaganak?

Bertha: Ang mg̃a yaman ko ay nasasa mg̃a bayan dito sa kabundukan, at kung ang Suiza'i maligtas, ligtas din naman ako.

Rudenz: Bertha, anong maliuanag na daan ang iyong binuksan sa akin!

Bertha: Huag umasang ako'i kakam'tan sa paglilinkod sa Austria, ibig nilang makabig ang aking mg̃a yaman, at ibig ipisan sa malaking mana. Yaon ding nagiisang kasakiman sa mg̃a lupain na ibig uminis sa inyong kalayahan, ay sia rin ng̃ang nagbabalâ sa akin. . . . Oh kaibigan, marahil ay ako'y piniling ihahain at iuupa sa isa nilang mahal na linkod. — Doon, sa kinabubuhayan ng̃ kabulaánan at ng̃ lilong bulung-bulung̃an, doon sa tahanan ng̃ Emperador ibig akong dal'hin, doon ako inaantay ng̃ kinaiinipang gapus ng̃ pagaasaua; ang pagsinta lamang . . . ang inyong sinta ang makaliligtas sa akin.

Rudenz: Makapagtitiis kayong mamuhay dito, maging akin sa tinubuan kong bayan? Oh Bertha, ano bagá ang lahat ng̃ aking nasang malayô, kundî ang pita lamang sa inyo'i malapit? Kayong-kayo ng̃a lamang ang aking hanap sa daan ng̃ kapurihan; lahat ng̃ aking nasà sa puri ay pagsinta lamang. Makatitirá kayo rito sa tahimik na libis na aking kasama, at tumalikod sa kislap ng̃ lupà . . . oh kung magkagaio'i natagpuan ko ang lahat ng̃ nasà; kung magkagaio'i makasasalpuk na dito sa mg̃a panatag na kabundukan ang marahás na agos ng̃ bang̃is ng̃ mundo . . . kung gaio'i kubkuban na tayo ng̃ dî mabuksang matibay na bakod ng̃ mg̃a batong naglibot, at itong mapalad na naligid na libís mabuksan sa lang̃it lamang at maliuanagan.

Bertha (Ng̃aion mulî kang nabuhay, ikau ng̃a ng̃aion ang napanaginip ng̃ masaloob kong pusù; dî ako dinayà ng̃ aking pananampalataya.):

Ng̃aion ay ikau ng̃a ang napanaginip,
Pagasa ng̃ pusù ay dî mandin nalait.

Rudenz: Hayo, kahunghangang sumirà sa isip,
Sa amang bayan ko kakam'tan ang nais.

Saan namulaklak yaring pagkabatâ,
Saan nababakas masasayang tandâ;
Magiging akin ka sa tinubuang lupà,
Sa piling ng̃ bukal at kahoy na madlâ.

Inirog ng̃ang lagi at nararamdaman
Na sa balang saya siya'i magkukulang.

Bertha: ¿Saan hahanapin ang pulû ng̃ buhay
Kundî ng̃a sa lupà ng̃ baít na tunay?

Dito namamayan ang tapat na loob
Ang kabulaanan ¿saan dito nasok?
Dito'i dî lalabuín ang saya ng̃ poot,
Tining at malinao ang buhay aagos.

Mamamalas kitá sa tunay mong buti,
Salaming tuláran ng̃ tanang lalaki,
Malaya't malinis na bibigiang puri,
Parang isang harì sa galang at lakí.

Rudenz: At ikau, bulaklak ng̃ babaing tanan,
Sa bait at sipag nama'i mamamas'dan
Ipapanaog mo ang lang̃it sa bahay
At yaring buhay ko'i yong pamumutihan.

At sasabugan mo ng̃ mg̃a bulaklak,
Lualhatí at buhay iyong ikakalat.

Bertha: Oh sinta! ang dahil niaong aking hirap
Sa tui-tui nang ikau ay mamálas

Ilao niaríng pusung nagpapakasirâ
Sa paa ng̃ lilo't napapang̃anyayâ:
Dibdib ko'i naputuk sa bigat ng̃ luha
Sa tuing susundan sa kaniang kutà.

Ang palalong punung dito sumasaklao!
Dito'i ualang kutang sukat makahadlang
Lumapit sa nasang luluguring bayan.

Rudenz: Dapuat, ¿ano'ng kalas niaong likaulikau
Silong itinalî sa ulung sarili?

Bertha: Ipakilala mong tunay kang lalakí,
Kumampí sa bayan, anomang mangyari.
Iyong katunkulan. (Maririnig ang tambuling
mang̃ang̃asó) Narinig mo'ng huni?

Tayo'i maghiualay: ang bayan ng̃ amá
Ipaglaban: siya at ang sinta mo'i isa:
Iisa ang kaauay ng̃ ating ligaya
Isang kaligtasa't lahat ay malaya. (Aalis)

IKA-ATLONG HATI

Isang damuhan sa Altdorf. — Sa kalikúran, kahuyan; sa palusung na libís ang sambalilo sa dulo ng̃ túlus. Ang kalikodlikuran ay mg̃a kabundukan na pinang̃ing̃ibabauan ng̃ bunduk ng̃ ielo. Friesshardt at Leuthold nagbabantay.

Friesshardt: Ualang saysay ang ating pagbabantay. Ualang nakakaibig pumarito at pagbigiang galang ang sambalilo. Karaniuai ng̃aio'i malaking tiang̃i dito; ng̃aio'i ang lupa'i anaki nailang buhat ng̃ mabitin sa túlus ang sambalilong pantakot.

Leuthold: Ualang nasipot kundî mg̃a hampaslupà na naguauagayuay ng̃ buluk na panaklub parang itinutuyâ. Ang mg̃a mahuhusay na tao'i nagiibig pang lumigid ng̃ mahaba sa kalahatí ng̃ bayan, bago yukuan ang sambalilo.

Friesshardt: Sila'i dapat magdaan dito kung mangagaling sa tribunal sa katanghalian. Ang akalà ko'i tayo'i maraming mahuhuli, sapagka't ualang nakakaisip magpugay sa sambalilo. Ng̃uni at nakita ng̃ Cura, ng̃ Rosselmann—nagkataong nangaling sa isang maysakit—at tumayô siya roong taglay ang viático, doon pa naman sa tapat ng̃ túlus—kumililing ang sacristan; nang̃agsiluhud na lahat, patí ng̃a ako at iginalang ang Santísimo ng̃uni at hindî ang sambalilo.

Leuthold: Pakingan mo, abay; sumasaisip kong tayo'i nakatayo dito sa harap ng̃ sambalilong parang bibitayin; isang pagayop ng̃a sa isang taong marang̃al magbantay sa isang ualang lamang sambalilo . . . dapat tayong kasuklaman ng̃ sino mang matinong tao. Igalang ang isang sambalilo, isang ulul na utos, ang dapat kong másábi!

Friesshardt: Bakit at hindî sa isang ualang laman at guang na sambalilo? Dî ka baga nagpupugay sa maraming hughag na ulo?

Hildegard, Melchthild at Elsbelt darating na may kasamang mg̃a batà at lilibutin ang túlus.

Leuthold: At totoo ka baga namang mapaglinkod na tao, at marami kang kapuang ipinahamak. Dumaan ng̃a sa tabi ng̃ sambalilo ang may ibig, ipinipikit ko ang mata at dî ako natiñgin.

Melchthild: Aya't nakabitin ang ating hukum . . . gumalang kayo, mg̃a amusin!

Elsbeth: Ipagkaloob ng̃a ng̃ Dios na siya'i lumayas at iuan sa atin ang sambalilo; dî natin isasamâ kung yao'i mangyari.

Friesshardt (itataboy sila): Ibig ninyong umalis, mg̃a sinumpang kababaihan? Sino ang nagkakailang̃an sa inyo? Paparituhin ang inyong mg̃a asaua, kung sila'i may loob sumuay sa utus. (Magsisialis ang mg̃a babai. Tell taglay ang arkabus darating akay ang anak sa kamay; sila ay lalampas sa sambalilong pauuna sa palabasan at dî 'yon mamalasin.)

Walther (ituturò ang mg̃a kabundukan): Ama, tunay ng̃a po ba na doon sa itaas ng̃ bunduk ay nagdudugu ang mg̃a kahoy pag sila'i ginudlisan ng̃ puthau?

Tell: Sino ang may sabi nian, batà?

Walther: Sinasalitâ ng̃ punù ng̃ pastol. . . . Mg̃a pinagpalâ rao ang mg̃a kahoy at ang sa kanila'i sumakít ay lumalabas ang kamay sa hukay.

Tell: Na ang kahoy ay pinagpalâ ay tunay. — Nakikita mo ang mg̃a *Firnen* doon, yaong mapuputíng taluktuk na umaabot hangang Lang̃it?

Walther: Yaon ang mg̃a hielo na kumukulug kung gabí at naghuhulug sa atin ng̃ bahâ ng̃ ielo.

Tell: Gaion ng̃a; at ang mg̃a ielo'i malaon na sanang dinurog ang nayon ng̃ Altdorf ng̃ kanilang bigat, kung hindì doon humahadlang ang gubat na parang nagtatankilik sa lupà.

Walther (ng̃ makapaguaring sandalî): Mayroon po ba amang lupang ualang bunduk?

Tell: Pag ikau ay lumúsung mulâ dito sa atíng kaítaasan at palagi kang lumúsung na sunud sa mg̃a agos, darating ka sa isang malaking patag na lupà na dî na binubulaán at inuugung̃an ng̃ mg̃a tubig, ang mg̃a ilog ay tíning at tahimik na umaagos; doon makatatanao kang maaliualas sa balang suluk ng̃ lang̃it; ang trigo'i nalaki doon sa malalakí at maaayang bukiran at ang lupa'i parang isang halamanan kung tingnan.

Walther: Ay ama, bakit po dì tayo kaagad lumusung doon sa magandang lupà at ng̃ huag tayong laging nang̃ang̃amba dito at naghihirap?

Tell: Ang lupà ay maganda at maauaíng paris ng̃ Lang̃it, ng̃uni at ang nagaararo noo'i dì nagkakamit ng̃ bung̃a ng̃ kanilang itinanim.

Walther: Dî bagá sila nabubuhay na malayáng paris ninyo sa sarilíng minana?

Tell: Ang lupà ay arì ng̃ Obispo at ng̃ Harì.

Walther: Ng̃unî at sila'i makakapang̃aso kung ibig sa mg̃a kagubatan?

Tell: Ang mg̃a hayop-gubat at mg̃a ibon ay arì ng̃ pang̃inoon.

Walther: Ng̃unî at sila'i makapang̃ing̃isdâng malaya sa ilog?

Tell: Ang ilog, ang dagat patí ng̃ asin ay yaman ng̃ harì.

Walther: Sino po baga ang harì ng̃a na kinatatakutan ng̃ lahat?

Tell: Yao'i isang nagtatankilik at nagpapakain sa lahat.

Walther: At dî po baga sila matatapang na makapagtankilik sa kanila rin?

Tell: Doo'i ang kapitbahay ay dî makapagkatiualà sa kakapitbahay.

Walther: Amá, ako po'i maiínis doon sa malauak na lupà: mabubuhay akong lalong magaling dito sa ilalím ng̃ mg̃a ielo.

Tell: Tunay ng̃a anak ko; magaling pang pasanin ang mg̃a bunduk ng̃ ielo kaysa sa mg̃a masasamang tao. (Ibig nilang lumampás.)

Walther: Ay ama, ting'nan ninyo yaong sambalilo sa dulu ng̃ túlus.

Tell: Anhin natin ang sambalilo? Tayo, at lumakad. (Ng̃ ibig niyang lumakad ay sasalubung̃in sila ni Friesshardt ng̃ nakaakmang sibat.)

Friesshardt: Sa ng̃alan ng̃ Emperador, tígil at mátirá!

Tell (hahauakan ang sibát): Ano ang ibig ninyo? Bakit ako hinahárang?

Friesshardt: Kayo'i sumuay sa utos: dapat sumama sa amin!

Leuthold: Hindî ninyo iginalang at niyukuan ang sambalilo.

Tell: Kaibigan, bayaan akong lumakad.

Friesshardt: Sulung, sulung sa bilangoan!

Walther: Si ama sa bilangoan! Daló, dalohan! (Hihiao sa loob.) Dito mg̃a mabubuting tao, kayo mg̃a lalaki, abuluyan kami: nangdadahas, dahas! Dadalhin siya sa bilangoan.

Rosselmann, cura at *Petermann*, sacristan darating na may kasamang tatlo katao.

Sacristan: Ano ang nangyayari?

Rosselmann: Ano at pinagbubuhatan mo ng̃ kamay itong tao?

Friesshardt: Siya'i isang kaauay ng̃ Emperador, isang lilo!

Tell (hahauakan siyang malakas): ¿Isang lilo, ako?

Rosselmann: Nagkakamalî ka, kaibigan. Ito ay si Tell isang mabuting taong bayan at mapuring tao.

Walther (masusuliapan si Walther Fürst at tatakbong sasalubung): Mamay, dalo! Pinang̃ang̃ahasan ang ama!

Friesshardt: Sa bilanguan, sulung!

Walther Fürst (magmamadalî): Tigil, sinasagot ko siya! Sa ng̃alan ng̃ Dios Tell ¿ano ang nangyari?

Melchthal at *Stauffacher* ay darating.

Friesshardt: Inalipustâ niya at ayao kilalanin ang kataastaasang kapangyarihan ng̃ hukum.

Stauffacher: Magagauâ ba 'yan ni Tell?

Melchthal: Bulaan ka, ualanghia!

Leuthold: Dî nia niyukuan at iginalang ang sambalilo.

Walther Fürst: At dahil dian ibibilangô sia? Kaibigan, tangapin mo ang pananagot ko, at bayaan mo siang ligtas.

Friesshardt: Panagutan mo ikau at ang sariling katauan! Aming ginaganap ang aming katungkulan. . . . Sulung!

Melchthal (sa mg̃a taong bayan): Hindî ng̃a! Ya'i dahas na sumisigao sa Lang̃it. Pahihintulutan ba nating sia'i ibilangong ganian sa ating mg̃a mata?

Sacristan: Malakas tayo sa kanila! Mg̃a kaibigan, huag nating tiisin! Tayo'i magtulung tulung.

Friesshardt: ¿Sino ang susuay sa utus ng̃ hukum?

Tatlo pang magsasaká (magmamadalî): Kami'i tutulong sa inyo! Ano ang nangyayari? Inyong ipagbubual sa lupà!

(Hildegard, Melchthild at si Elsbeth ay magsisiurung.)

Tell: Ako'i nakatutulung sa aking magisa! Lumakad kayo, mg̃a mabubuting tao. Akalà ninyong kung ibig kong gamitin yaring lakás, ay katatakutan ko ang kanílang mg̃a sibat?

Melchthal (kay Friesshardt): Tikman mong agauin siya sa gitnâ namin!

Walther Fürst at *Stauffacher*: Pabayaan! Tumahimik!

Friesshardt (pasigao): Guló at nagaalsá! (May maririnig na tambulì.)

Mg̃a Babai: Darating ang hukum ng̃ lupà!

Friesshardt (ilalakas ang hiao): Gulú Suay! Revolución!

Stauffacher: Sumigao ka hangang ikau ay pumutuk, ualanghiâ!

Rosselmann at *Melchthal*: ¿Ibig mong tumahimik?

Friesshardt (lalong sisigao): Abuloy, abuluy sa mg̃a linkod ng̃ kautusan!

Walther Fürst: Naito na ang hukum! ¡Ay sa aba natin! Anó ang mangyayarí?

Gessler nang̃ang̃abayo dala ang halcon sa kamay, *Rudolph der Harras, Bertha* at *Rudenz,* at maraming kasunud na sandatahang alagad na lilibutin ng̃ sibat ang tanang nasasapálabásan.

Rudolph sa Harras: Tabí, tabí sa maginoong hukum ng̃ bayan!

Gessler: Tahakin sila at maghiuahiualay! Ano at nagpipisanpisan ang bayan? Sino ang humihing̃î ng̃ abuluy? (tatahimik na lahat) Sino? Ibig kong matanto! (kay Friesshardt) Parito ka: sino ka at bakit mo pinipigilan itong tao? (iaabot ang halcon sa isang alagad.)

Friesshardt: Marakilang pang̃inoon, ako po ang iyong may sandatang alipin at pinagkatiualaang magbantay sa sambalilo. Náhuli ko po itong tao sa kaniyang suay, at dì pagbibigay galang sa sambalilo. Ibig ko po siyang ibilang̃ô, alinsunud sa iyong utos, ng̃uni't ibig siyang agauin sa akin at daanin sa lakas ng̃ bayan.

Gessler (makalampas ang isang dalì): Ganian baga ang iyong paglapastang̃an sa iyong emperador, oh Tell, at sa aking naguutus dito sa kaniang lagay na ayao mong bigian ng̃ galang ang sambalilong aking ipinabitin ng̃ mátikman ang inyong pagsunud? Ipinakilala mo sa akin ang inyong masamang kalooban.

Tell: Ipatauad mo po sa akin, mahal na panĝinoon! Isang kabiglaanan at hindî pagalipustâ sa inyo kayâ nangyari. Napagisip ko sana, at dî sana ako nagnĝanĝalang Tell, hihinĝî nĝ tauad at ipanĝanĝakong dî na muling mangyayari.

Gessler (makalampas ang katahimikan): Maestro ka rao sa arcabus, Tell, at daíg mo ang lahat nĝ manĝanĝasó.

Walther Tell: Yan po'i dapat maging tunay, panĝinoon, tinatamaan nĝ amá ang isang manzana sa kahoy sa layong isandaang hakbang.

Gessler: Anak mo ba ito, Tell?

Tell: Oopo, mahal na panĝinoon.

Gessler: May iba ka pa bagang anak?

Tell: Mayroon pa pong isa, maginoo.

Gessler: At sino sa dalaua ang lalong mahal sa iyo?

Tell: Panĝinoon, mahal po silang kapua sa akin; kapua mahal na anak!

Gessler: Kung gaion, Tell, sapagkat iyong natatamaan ang manzanas sa kahoy sa isang daang hakbang na layò, ipakikita mo sa akin nĝaion ang iyong galing . . . hauakan mo ang arcabus . . . nasasa kamay mo siya . . . at humandâ kang panain ang isang manzanas sa ulu nĝ iyong anak. . . . Nĝunî at hahatulan kitang sipátin mong magalin upan ding tamaan mo sa isang tudlâ; pagka mo siya sinanlan ay mahuhulug ang iyong ulu. (Lahat ay magbibigay tandâ nĝ gitlâ at kilabot.)

Tell: Panĝinoon . . . anong kalagimlagim ang inyong naisipan sa akin? . . . Ako sa ulu nĝ aking anak. . . . Oh! hindî, hindî nĝa po, mahal na panĝinoon, ya'i dî sumaisip sa inyo. . . . Ilayô nĝ mahabaging Dios. . . . Ya'y dî ninyo mahihiling na tunay sa isang ama!

Gessler: Yong papanain ang manzanas sa ulu nĝ iyong anak . . . hinihiling ko at ibig ko!

Tell: ¿Pupuntahin ko nĝ sariling arkabus ang sinintang ulu nĝ tunay na anak? . . . ¡Mamatay ako muna!

Gessler: Papanâ ka ó mamatay kang kasama ang iyong anak.

Tell: Ako, ako ang sisilá sa tunay kong anak! Panĝinoon, kayo po'i ualang anak, dî ninyo tantô ang tibok nĝ pusù nĝ isang ama!

Gessler: Ay Tell! Biglâ ka nakakapagisip! Sinalitâ sa aking ikau dau ay isang mapanagimpánin at linalayuan mo ang ibang mg̃a tao. Iniibig mo ang kababalaghan. . . . Kayâ ng̃a ipinilî kita ng̃aion ng̃ isang gauang may kapang̃ahasan. Ang iba ay makapagiisip . . . ikau ay pipikit mata at gaganaping dî masísiraan ng̃ loob.

Bertha: Huag mo pong paglaruan, oh Pang̃inoon, itong mg̃a mahihirap na tao! Namamalas mong silai namumutlâ at nang̃ing̃inig. . . . Sila'i dî bihasang makarinig sa bibig mo ng̃ sabing panglibang.

Gessler: At sinong nagsabi sa inyo na ako'i nagbibirô? (Hahauak sa isang sang̃á na sa itaas niya'i nakabitin.) Naito ang manzanas. Magluag . . . sukatin nia ang kaniang layô alinsunod sa ugalì . . . ualongpong hakbang ang ipinagkakaloob ko sa kaniya . . . dî lalabis dî magkukulang . . . siya'i nagbabansag na sa sandaan ay natatamaan niya ang tao . . . ng̃aion, mamamanâ, pumunta ka at huag mong sanlan!

Rudolph ng̃ Harras: Dios, at tototoohin! . . . Lumuhud ka, batà, kailang̃an . . . ipanalang̃in mo sa hukum ng̃ bayan ang iyong buhay!

Walther Fürst (ibubulong kay Melchthal na bahagiâ ng̃ makapagpigil at makapagtiís): Magpígil kayo, ipinagaamò-amò ko sa inyo, tumahímik!

Bertha (sa hukum): Magkasía na po yan, Pang̃inoon! Dî gauang tao ang paglarúang ganian ang pang̃ambá ng̃ isang ama! Kung ang tao mang ito'i nagmarapat maal'san ng̃ yaman at buhay dahil sa munti niang sala, ay Dios ko! sampong kamatáyan ang natik'man nía ng̃aion. Bayaan siang umuing mahinusay sa kaniang kubu; nakilala na kayo; sia at ang kaníang mg̃a kaapoapohan ay makakaalaala sa oras na ito.

Gessler: Buk'san ang daan! . . . dalî ano't natitigilan ka? Ang buhay mo'i akin, kita ay mapapatay; ng̃unî at ting'nan mo, ilinalagay kong maauain ang iyong kapalaran sa saríling bihasang kamay. Dî matatauag na mabigat ang hatol ng̃ nagaarì ng̃ sarilíng kapalaran. Yong sinasabisabi ang matalas mong paning̃in. Mabuti! Dito ng̃a dapat, mang̃ang̃asó, ilabás ang iyong galíng; mainam ang papanain, at ang kaupahai malaki! Tudlain ang maitím sa pinagbibihasaan puntahan; ya'i magagauâ ng̃ sinoman; aking tinatauag na maestro ang tiualà sa kaniang galing sa saan mang

bagay, ang kamay na dî nagagalau ng̃ pusù ni napakikisap ang mata!

Walther Fürst (luluhuran sia): Maginoong hukum ng̃ bayan! Kinikilala namin ang inyong kataasan; ng̃unî at pabayaan umiral ang aua sa katuiran, kunin ang kalahatî ng̃ aking arì, kunin ang lahat! Ilayô lamang sa isang ama ang ganitong karaualdaual.

Walther Tell: Mamay, huag po ninyong luhuran ang taong palamara. Sabihín kung saan ako tatayo. Ako'i dî natatakot. Tinatamaan ng̃ ama ang nalípad na ibon; dî nia pagkakamalian ang pusù ng̃ kaniang anak.

Stauffacher: Maginoong hukum, dî nagagalao ang inyong loob ng̃ kamusmusan ng̃ batà?

Rosselmann: Oh isipin ninyo na may isang Dios sa lang̃it na pananagutan nang lahat na iniong ginauâ.

Gessler (ituturo ang batà): Igapus sia sa tilo doon!

Walther Tell: Ako igagapus! Hindî, ayao akong pagapus. Ibig kong tumayong ualang kibo, parang isang tupa, at hindî man ako hihing̃a. Kung hindî ako'i papalag dahíl sa aking tálì.

Rudolph ang Harras: Papiring ka lamang, batà.

Walther Tell: Bakit papipiring? Akalà ninióng ako'i matatakot sa panang galing sa kamay ni ama? Aantayin ko siang ualang kilos at dî igagalau ang pilik-mata. — Dalî, amá, ipakita ninyong kayo'i mamamanâ! Ayao ka niang paniualaan, ang akala'i tayo ipapahamak. — Pumana kayo at tamaan ng̃ makakita ang tampalasan. (Papasa punò ng̃ tilo: papatong̃an sa ulo ng̃ manzanas.)

Melchthal (sa mg̃a taong bayan): Ano? Papangyayarihin ba ang malaking sala sa mg̃a mata natín? ¿Bakit ng̃a tayo nanumpâ?

Stauffacher: Ualang magagauâ! Ualâ tayong sandatá; nakikita ninyo ang gubat ng̃ sibat na lumilibot sa atin.

Melchthal: Oh! atin sana yong tinapus kapagdaka! Patauarin ng̃ Dios ang nang̃agsihatol na iliban at ilaan sa ibang arao!

Gessler (kay Tell): Sa gauâ! Ang sandata'i dî tataglain ng̃ ualang kabuluhán. Mapang̃anib ang magsakbat ng̃ sankat sa pagpatay, at mapagbabalikan ng̃ tunud ang mamamanà. Itong palalong matuid, na inaarî ng̃ magsasaká, ay naka-

pupuing sa kataastaasang punù ng̃ bayan. Ualang dapat magka sandatá kundì ang naguutus. Kaugalían ninyong magsakbat ng̃ tunud at busug; mabuti, ng̃unî at ako ang magbibigay ng̃ sukat panain!

Tell (Bibinitin ang busug at ilalagay ang tunud): Magbukas kayo ng̃ daan! Tabi!

Stauffacher: Ano, Tell? Ibig ninyo. — Kailan pa man — kayo'i nang̃ing̃inig — nang̃ang̃atal ang inyong kamay . . . nang̃ang̃alos ang inyong tuhud! . . .

Tell (mabibitiuan ang arkabus): Nagkukulabo, na alon ang aking paning̃in!

Mg̃a babai: Dios na sumasalang̃it!

Tell (sa hukum): Ipatauad sa akin ang pagpana: naito ang pusù! (bubuksan ang dibdib). Tauagin ang inyong kabayuhan at ako'y ilugmô!

Gessler: Dî ko hiling ang iyong buhay! Hiling ko ang pagpana! — Nakakaya mo ang lahat, Tell, ualâ kang kinatatakutan; ang timon ay iyong nauutusan paris ng̃ busug, ualâ kang pinang̃ang̃ambahang bagio pag may sukat kang ililigtas. Ng̃aion magliligtas, tumulung ka sa sarili . . . naililigtas mo ang lahat.

(Si Tell ay nakatayong parang nagaalang̃ang katakuttakut, pinag̃ing̃inigan ng̃ kamay at ang nagiinikit na mata ay pabalikbalik sa hukum at sa Lang̃it. — Biglang hahauak sa kaniang kaluban at bubunut ng̃ isa pang tunud na isusuksuk sa dibdib. Mamamas'dang lahat ng̃ hukum ang mg̃a kilos.)

Walther Tell (sa ibabâ ng̃ tilo): Amá, pumana kayó! Dî ako natatakot.

Tell: Dapat! (magbubuntung lakas at hahauakan ang busug.)

Rudenz (na samantalang lahat ay nangyayari ay balisá at bahagia ng̃ makapagpigil, lalabas at haharap): Maginoong hukum, dî ninyo itutuloy ang nasà, hindî ninyo itutuluy. . . . Yao'i isang tikim lamang . . . nasunod ang inyong pita. . . . Kung napakalayo ang pagdadalhan ay sasan'lan ng̃ kahigpitan ang pantás na nasâ. Nababalí ang busug pag napakabinit.

Gessler: Kayo'i tatahimik hangang kayo'i tanung̃in.

Rudenz: Magsasalitâ ako! ako'i makapagsasabi. Dakilà sa akin ang puri ng̃ harì! Ng̃unî at ang ganiang pagpapalakad ay

ualang pinupulot kundî ang galit. Dì yan ang kalooban ng̃ harì . . . masasabi ko. . . . Ang ganiang kabang̃isan ay dî minamarapat ng̃ aking bayan, at ualâ kayong lakas na ya'i magauâ.

Gessler: Ha! Kayo'i sinisidlan ng̃ tapang!

Rudenz: Ako'i dî umimik sa anomang mabibigat na nangyari na aking namalas; ipinikit yaring mapagmasid na matá, at dinaganan sa dibdib ang nagpuputuk at tumitiuakas na pusù. Ng̃unî at magiging kaliluhan sa aking amang bayan at sa Emperador kung ako'i tumahimik pa.

Bertha (pagigitna sa kaniya at sa hukum): Oh, Dios, inyong lalong ginagalit ang napupusuk.

Rudenz: Binayaan ko ang aking bayan, ang mg̃a kamaganak ay tinalik'dan ko, lahat ng̃ talì ng̃ pagkatao ay iuinalat, nang mapakapit sa inyo . . . akalà ko'i ginagauâ ang kagalinggalin̄gan at pinagtîbay ang lakas ng emperador. . . ang piring ay nahulug sa aking mg̃a mata . . . nang̃ing̃ilabot akong natin̄gin sa malalim na bang̃in aking linusong . . . inyong ilinigao ang malayà kong pagiísip, sinira ang matuid kong pusù. . . . Aking ipinapahamak ang aking bayan ng̃ minabuting akalà.

Gessler: Pang̃ahas, ganitong pang̃ung̃usap sa yong pang̃inoon?

Rudenz: Ang Emperador ang aking pang̃inoon, hindî kayo. — Malaya akong inianak paris ninyo, at matitímbang̃an kayo sa anomang marang̃al na kaugalían. At hindî sana kayo naninindig dito sa ng̃alan ng̃ emperador na aking iginagalang, kahima't siya'i dinudum'han, hahagisan ko kayo ng̃ guantes, na alinsunod sa marang̃al na ugalì ay pananagutan ninyo sa akin. . . . Sia ng̃a, inyong tang̃uan lamang ang mg̃a sundalo. Ako'i dî nakatayong ualang sandatá, paris nian. (Ituturo ang mg̃a taong bayan.) Ako ay may kális at ang sa aki'i lumapit.

Stauffacher (sisigao): Ang manzanas ay tinamaan. (Samantalang silang lahat ay tumabi at si Bertha ay namagitan sa kay Rudenz at sa hukum, pumana si Tell.)

Rosselmann: Ang batà ay buháy!

Iba't ibang voces: Ang manzanas ay tinamaan. (Walther Fürst ay mauaualan ng̃ loob at tila mabubual: aagapayanan ni Bertha.)

Gessler (gitlâ): Pinanà nia? Ano? Ang ulul!

Bertha: Ang batà ay buháy! Umui kayo sa inyo, mapalad na ama!

Walther Tell (darating na patakbo dalá ang manzanas): Amá, naito po ang manzanas. Alam ko na't di mo sasaktan ang iyong anak.

(Tell, nakayuko at parang sinusun'dan pa ang tunud-ang arkabus ay mabibitiuan ng̃ kamay—nang makitang dumadating ang anak ay sasalubung̃ing bukás ang mg̃a brazo at itataas at yayakapin higpit sa dibdib; sa ganitong lagay mapapaupô. Mahahabag na lahat.)

Bertha: Maauaing lang̃it!

Walther Fürst (sa magamá): Anak ko! mg̃a anak ko!

Stauffacher: ¡Purihin nauâ ang Dios!

Leuthold: Yan ang pagpanà! Ya'i ipagsasaysay hangan sa kahulihulihang panahon.

Rudolph der Harras: Ipagbabansag ang mamamalasong Tell habang tumatayô ang mg̃a bunduk sa ibabao ng̃ lupà. (Ia-abot sa hukum ang manzanas.)

Gessler: Dios! ang manzanas ay sa gitnâ tinamaan! Isang tamang maestro, dapat kong purihin.

Rosselmann: Ang pagkapanà ay magaling, ng̃unî at abá ng̃ sa kania'i nagutus, na tumuksu sa Dios.

Stauffacher: Umuî kayo sa inyo, Tell, tindig: inyong tinubos ang sarili parang isang lalaki, at malaya kayo ng̃aiong ma-kakapasabahay.

Rosselmann: Lakad, lakad, at dal'hin sa iná ang kaniang anak. (Ibig sia nilang ihatid at ilayo.)

Gessler: Tell, makinig ka!

Tell (babalik): Ano po ang ipaguutus, pang̃inoon.

Gessler: Mayroon ka pang isang pang̃alauang tunud na iti-nago sa iyo. . . . Sia ng̃a, sia ng̃a, nakita ko siang mabuti . . . ¿ano ang ibig mong pagsankapan?

Tell (matitigilan): Pang̃inoon, yan po'i ugalì ng̃ mg̃a mama-manà.

Gessler: Hindî Tell; dì ko tinatangap ang sagot; dapat iba ang maging kahulugan. Sabihin mo sa akin madali at mahinu-say ang totoo, Tell; ano man ang mangyari, ay ipinapana-tag ko sa iyo ang yong buhay! Aanhin mo ang ikala-uang pana?

Tell: Magkagaion ng̃a po, o pang̃inoon, sapagkat inyong ipi-nanatag ang aking buhay . . . sasabihin ko sa inyo ang

tunay na katotohanan. (Bubunutin ang pana sa dibdib at titingnan titig na katakottakot ang hukum ng̃ bayan.) Itong ikalauang palaso ay itutudlâ ko sana sa . . . inyo, kung aking tinamaan ang sintang anak, at kayo . . . ay tunay! na dî ko sasan'lan.

Gessler: Mabuti, Tell! Ipinang̃ako ko sa iyo ang yong buhay, ibinigay ko ang marang̃al na pang̃ung̃usap na aking tutuparin. . . . Datapua, sapagkat nakilala ko ang masamâ mong tangkâ, ipadadalá kita at ipatatago doon sa dî ka masisikatan ng̃ buan at ng̃ arao man upan ding ako'i maligtas sa yong mg̃a panà. Hauakan siya, mg̃a alagad! Gapusin! (Si Tell ay tatalian.)

Stauffacher: ¿Paano po, Pang̃inoon? Ganian ang inyong asal sa isang taong inaampong maliuanag ng̃ kamay ng̃ Dios?

Gessler: Ting'nan kung maililigtas sia niang muli! Dal'hin sia sa aking sasakian! Ako'i susunod agad, ako rin ang maghahatid sa kania sa Kussnacht.

Rosselmann: Ya'i dî ninyo mapang̃ang̃ahasan, ni ang Emperador man, ya'i sala sa aming malalayang kasulátan.

Gessler: ¿Saan sila naroon? Pinagtibay ba silá ng̃ emperador? Dî silá nia pinagtibay. . . . Itong kaauanggaua ay dapat munang marapatin ng̃ inyong pagkamasunurin. Kayo'i suay na lahat sa utus ng̃ Emperador, at nagnanasang mang̃ahas bumang̃on. Kilalá ko kayong lahat . . . natatalos ko kayo. . . Ito ay binubunot ko ng̃aion sa gitnâ ninyo; ng̃unî at kayong lahat ay damay damay sa isang sala. Ang matalino ay tumahimik at sumunud!

(Sia ay lalayo, Bertha, Rudenz, Rudolph at mg̃a alagad ay susunud; si Friesshardt at Leuthold ay matítira.)

Walther Fürst (sa malaking hapis): Sia'i nangyari: kaniang isinumpa ípahamak ako at lahat ng̃ aking an'kan.

Stauffacher (kay Tell): Oh bakit ninyo ginalit ang tampalásan.

Tell: Magpigil, ang nakaramdam ng̃ aking hapis.

Stauffacher: Ng̃aion tapus na, tapus na ang lahat! Kami ay gapus at natalian sa inyo.

Taong bayan (lilibutin si Tell): Kasama ninyong mauaualâ ang hulí naming pagasa.

Leuthold (lalapit): Tell, ako ay nahahabag, ñgunî at dapat sumunod.

Tell: Adios! Mabuhay nauâ kayo!

Walther Tell (yayakapin siang mahigpít sa sakit ñg loob): Oh ama, ama! sinisintang ama!

Tell (itataas ang mña baraso sa Lañgit): Doon sa itaas naroon ang iyong ama. Sia ang iyong tauagan!

Stauffacher: Tell, ualâ kayong ipasasabi sa akin sa inyong asaua?

Tell (itataas ang batà at yayakaping mahigpit): Ang batà ay dî nasak'tan; ako ay tutulunñan ñg Dios. (Hihiualay na biglâ at susunod sa mña bantay.)

————oOo————

IKA-APAT NA LABAS

UNANG HATÌ

(Silañgang pampang ñg dagatan ñg Vierwaldstatter. — Ang mña nagíisang matatayog at matatarik na bató sa dakong kanluran ay siang nabakod sa palabasan sa dakong hulí. Halô ang dagatan, mulitmuling ugung at silakbo sa gitnâ ñg kidlat at kulug.)

Kunz sa Gersau, Manñinñisdâ at ang kaniang alagad.

Kunz: Nakita ko ñg aking mña mata, mapaniniualaan ninyo; ganían ang nangyari paris ñg aking sa inio'i sinabi.

Manñinñisdâ: Bilangô si Tell at dalá sa Küssnacht, ang pinakamagaling na lalaki sa bayan, ang pinakamatapang na barasong sukat magamit kung hanap ang kalayahan.

Kunz: Ang hukum ñg bayan ang may hatid rin sa kania tumugpa sa dagatan. Sila ay nagkakataong pasakay ñg ako'i dumatíng na galing sa Flüelen; ñguni at ang bagiong ñgaion ay nahugus at ako ay pinilit magmadaling dito ay umahon, marahil ay napígil ang kanilang pagtugpá.

Manñinñisdâ: Talî si Tell at sa kapangyarihan ñg hukum ñg bayan! Oh asahan ninyong sia'i ibabaong malalim, ñg huag niang muling makita ang liuanag ñg arao! Sapagka at dapat niang katakutan ang matuid na paghigantí ñg matinong tao kaniang mabigat na ginalit!

Kunz: Ang matandang punù ng̃ bayan naman, ang marang̃al na pang̃inoon sa Attinghausen, ang sabi ay naghihing̃alô na.

Mang̃ing̃isdâ: Ganiang mababalì ang huling sinipete (ankla) ng̃ ating pagasa! Sia ng̃a lamang ang nagiisang makapagtataas ng̃ voces sa ikagagaling ng̃ katuiran ng̃ bayan!

Kunz: Ang bagió ay lalong lumalakas. Mabuhay nauâ kayong mahusay! Ako ay manunuluyan sa bayan; sapagka at ng̃aio'i ualang maaasáhan pagtugpá. (aalis)

Mang̃ing̃isdâ: Bilangô si Tell, at patay ang malayang pang̃inoon! Itaas mo ang dî nakukutiang noo, karahasan; iuaksi sa malayò ang balang hia! Pipi ang bibig ng̃ katutuhanan, bulág ang matálas na mata, at nagagapus ang barasong makapagliligtas!

Batà: Malakas ang ulan ng̃ bató. Masok po tayo sa kubu amá; hindì po mabuting tayo ay matirá dito sa labas.

Mang̃ing̃isdâ: Magng̃álit kayo, mg̃a hang̃in! Magning̃as at mang̃ahulug kayo mg̃a kidlat! Magputukan kayo mg̃a pang̃inurin! Bumaha sa lupà, mg̃a ilog ng̃ lang̃it at kami ay gunauin! Agasin sa buku at mang̃aluuy ang dî pa naiaanak na lahî. Magharî kayo, mg̃a mababang̃ís na elemento; ahon, mg̃a oso; ahon muli, matatandang lobo ng̃ malalauak na kagubatan! Inio ng̃a itong lupà. Sino ang magnanasà pa ditong mabuhay kung ualâ kundî kaalipinan?

Batà: Pakingan ang ugung ng̃ kalaliman, ang pagsilakbo ng̃ alimpuyu; kailan mai dî nagng̃alit ng̃ kaparis ang tubig ng̃ dagat.

Mang̃ing̃isdâ: Papanain sa ibabao ng̃ ulu ng̃ anak, kailan ma'y ualang amang napagutusan ng̃ kaparis! At dî ng̃a magng̃ang̃alit ang sangsinukuban ng̃ mabang̃ís na dahas at dahilan doo'i babang̃on. . . . Oh, dî ko ng̃a pagtatakhan kung ang mg̃a bato ay magsiyukû sa dagat, kung ang bauang taluktuk, yaong nang̃agtayong ielo na kailan ma'y dî natunao mulang ang lupa'i lalang̃in, ng̃aio'i mang̃aagnas at bumuhus sa kaitaásan, kung magputúkan ang mg̃a bunduk, kung ang matatandang bang̃in ay magsagupaan, at isang pang̃alauang paggunao ay lumamon sa lahat ng̃ tirahan ng̃ tao, lahat ng̃ nabubuhay. (May maririnig na tugtug ng̃ kampana.)

Batà: Naririnig ninyo? Sila ay natugtug ng̃ kampanâ sa ibabao ng̃ bunduk. Sa banta ko ay may natatanauang nang̃a-

ñganib na sasakian, at natugtug ñ kampanâ ñ ating ipanalañgin. (Aakiat sa isang kataasan.)

Mañgiñgisdâ: Kahabaghabag ang sasakiang ñgaio'i nasasapaglayag at umuundayon sa kakilakilabot na alon. Ualang saysay ñgaion ang timon at ang piloto; ang bagió ay naghaharì, hañgin at alon ay naglalarong isinasayao ang tao . . . sa malapit at malayo ay ualang dalampasígang sukat makapagampong mahábágin! Madudulás at matatarík na bato sa lígid nia'i nagmamalas, na dî nagpapatuluy at ualang iniaalay kundî ang matigás at matarik na dibdib.

Batà (tuturo sa kaliuâ): Amá, isang sasakian; paparitong galing sa Flüelen.

Mañgiñgisdâ: Tulunñgan ñ Dios ang mña kaauaauang tao! Kapag ang bagió ay napasuut ñga dito sa bañgin ñ tubig ay sia'i nagñgañgalit at paikitikit parang balisang manoyo na pumapagaspas sa kulunñgang bakal. Hulhul na naghahanap ñ dî matagpoang pintuan: sapagkat sa libot nia'i sia'i nakukulung ñ pangpang na bató na nagbabakod sa daang umaabot sa lañgit. (Aakiat sa isang kataasan.)

Batà: Yon po ang sasakian ñ mña pañginoon sa Urí, ama; kilala ko sa pulang karang at sa bandilà.

Mañgiñgisdâ: Dios na marunong! Sia ñga, yaon ñga ang hukum ñ bayan na doo'i naglalayag. . . . Doon sia patumpa, at hatid sa sasakian ang kaniang mapusuk na sala! Mabilasik siang hinuli ñ kamay ñ naghihiganti, ñgaion nakikilala niyang nañgiñgibabao sa kania ang lalong malakas na pañginoon. Dî susun'din ang kaniang hiao nitong mña alon; dî iyuyuko ang kanilang mña ulu nitong mña bato sa kaniang sambalilo. . . . Batà, huag kang manalañgin; huag mong pigilin ang kamay ñ hukum.

Batà: Dîko idinadalañgin ang punò ñ bayan; . . . idinadalañgin ko si Tell na nakakasama doon sa sasakian.

Mañgiñgisdâ: Oh, kaualang isip ñ bulág na elemento! Ipapahamak mo baga ang sasakian pati ñ piloto, upan ding maabutan lamang ang makasalanan?

Batà: Mas'dan ninyo, mas'dan, silá ay nakalampás na malualhatì sa Buggisgrat; ñguni at ang dahás ñ bagió na pumupukol sa konvento ñ diablo inihahagis silang ibinabalik sa malaking Axenberg. — Dî ko na sila matanauan.

Mañgiñgisdâ: Naroroon ang Pangtipak, na marami nang sasakiang iuinalat. Kundî sila doon marunong mañgauay at mañgapit, madudurug ang sasakian sa mña batuhan, na

nañagnañañang nakalubog sa ilalim. — May taglay silang isang magaling na piloto; kung may makapagliligtas ay yan ñga lamang si Tell; ñguni at ito ay baliti ang baraso at kamay.

Si Guillermo Tell dalá ang arkabus.
(darating na mabilís na hakbang; magmamalas na gitlâ sa palibot, at magpapahalatang totoong balisá. Pagdating sa gitnâ ñg palabásan ay luluhod, itutuun ang kamay sa lupà at saka itataas sa Lañgit.)

Batà (mamamalas siya): Mas'dan mo po ama, sino yong taong doo'i lumuluhod?

Mañgiñgisdâ: Nahauak sa lupa ñg dalauang kamay, at parang naualaan ñg loob.

Batà (pauuna): Ano po ang namamalas ko, ama! Ama, parito kayo at ting'nan!

Mañgiñgisdâ (lalapit): Sino yan?... Dios na sumasalañgit! Ano? Si Tell? Ano at kayo ay nakarating dito? Magsalitâ kayo!

Batâ: Dî baga kayo nabibilango at nagagapus doon sa sasakian?

Mañgiñgisdâ: Dî baga kayo inihahatid sa Küssnacht?

Tell (titindig): Ako ay ligtas!

Mañgiñgisdâ at *Batà*: Ligtas! Oh himalâ ñg Dios!

Batà: Paano at kayo'i nakarating dito?

Tell: Doon, galing ako sa sasakian!

Mañgiñgisdâ: Ano?

Batà: Saan naroon ang hukum ñg bayan? (kasabay)

Tell: Sia ay nasa gitnâ pa ñg alon.

Mañgiñgisdâ: Mangyayari ba? Ñguni at kayo? Ano at narito kayo? Naalpasan ba ninyo ang mga talì at ang bagió?

Tell: Sa maauaing pañgañgalaga ñg Dios. Pakin'gan ninyo?

Mañgiñgisdâ at Batà: Oh, sabihin, sabihin!

Tell: Talastás ninyo ang nangyari sa Altdorf.

Mañgiñgisdâ: Lahat ay talastás ko! Magsalitâ kayo!

Tell: Na ako ay ipinabilango at pinatalian at ibig dal'hin sa kaniang kutà sa Küssnacht.

Mañgiñgisdâ: At lumulan sa sasakiang kasama kayo sa Flüelen. Alam naming lahat. Salitain, paanò at kayo ay nakaalpas?

Tell: Ako ay nakatalì sa sasakiang gapus na mahigpit ng̃ lubid, ualang sukat na magtangol, ualang sandatá, isang palipul na tao. . . . Dì ko na inaasahang mamasdan ang masayang ilao ng̃ arao, ang liag na mukha ng̃ asaua at ng̃ mg̃a anak at malungkut na minamàlas ko ng ilang na tubig.

Mang̃ing̃isdâ: Oh kahabaghabag!

Tell: Gayon lumáyag kamí, ang hukum, si Rudolph sa Harras at ang mg̃a alagad. Ng̃uni at ang kaluban ng̃ aking mg̃a panà, pati ng̃ arkabus ay nalalagay sa likoran sa tabí ng̃ gulung ng̃ timon. Nang kamí ay dumatíng sa balían sa tabí ng̃ malíit na Axe, ipinagkaloob ng̃ Dios na ang ganiang kakilakilabot na samang panahong pangpuksa sa tao ay biglang bumugá galing sa mg̃a tubig ng̃ Gothardo, at lahat ng̃ mg̃a mananaguan ay nang̃aualan ng̃ loob, at inakalâ ng̃ lahat na kamí ay malulunod. Sia kong pagkarinig sa isang alilà na bumaling sa hukum at nagsaysay: Namamalas po ninyo ang inyong pang̃anib at ang amin, oh pang̃inoon, at tayong lahat ay nabubual sa gilid ng̃ kamatayan. Ang mg̃a nasa timon ay sa katakutan ualang maisipan, at dì totoong nakatatantô ng̃ paglalayag. . . . Si Tell ng̃a lamang ang malakas at ang marunung magpalakad ng̃ isang sasakian. Ano po, kung sa ating kapang̃aniban ay atin siang gamitin? Sinabi ng̃a sa akin ng̃ hukum: "Tell kung mapang̃ang̃ahasan mong kami ay iligtas dito sa bagió ay mapakakalagan kita ng̃ talì." Ako ng̃a ay sumagot: "Oo ng̃a po, pang̃inoon, ako ay umaasa sa tulung ng̃ Dios, at matutulung̃an ko tayo rito." Kinalagan ng̃a ako ng̃ aking mg̃a gapus tumayô sa gulung ng̃ timon at nagpalakad na mahusay. Datapua at aking tining'nan (nagdaling tuming̃in) sa tabing kinalalagian nang aking̃ mg̃a panà, at nagmasid na matalas sa pampang sa isang maginhauang mabuting maluksuhan. At nang makita ko ang isang biak ng̃ bato na palas dumudung̃ao sa dagatan.

Mang̃ing̃isdâ: Kilalá ko yaan, nasasa paa ng̃ malaking Axe, ng̃uni at dì ko inaakalang maaaring . . . matarik na lubhâ . . . maabot ng̃ lukso buhat sa sasakian.

Tell: Hiniyauan ko ang mg̃a alagad na panulung̃an ng̃ kamay hangang kami ay matapat sa palás na bató, doon ang sabi ko, malalampasan ang lalong pang̃anib. At nang aming maabot ng̃ madaling pagsaguan, dinalang̃in ko ang auà ng̃ Dios, ginamit ang lahat ng̃ lakas ng̃ katauan at idiniin ang panghuling kahoy sa palás na bató at maliksing hinauakan ang aking sandatá at lumundag na biglâ sa itaas ng̃

kapalasan ng̃ bató at sa malakas kong tadyak ay ihinagis ang bankabankaan sa alon ng̃ mg̃a tubig. . . . Doon siya lumang̃oy sa gitnâ ng̃ alon kung ibig ng̃ Dios! Ako ay ligtas dito sa dahás ng̃ bagió at sa lalong masamang dahás ng mg̃a tao.

Mang̃ing̃isdâ: Tell, Tell, isang maliuanag na himalâ ang ginauâ sa inyo ng̃ Dios; bahagia nang mapaniualaan ko ang aking mg̃a mata. Datapuâ at magsabi! Saan ninió akalang pumaroon ng̃aion? Sapagka at dî kayo mapapanatag kung sakalì at ang hukum ay maligtas na buháy dito sa masamang panahon.

Tell: Narinig kong sinabi nia ng̃ ako'i nakaupu pang nagagapus sa sasakian, na ibig niang umahon sa *Brunnen*, magdaan sa Schwyz, ihatid ako sa kaniang kutà.

Mang̃ing̃isdâ: ¿Ibig niang pumaroon magdaan sa kati?

Tell: Gaion ang nasà nia!

Mang̃ing̃isdâ: Oh kung gaio'i tumago kayo kapag daka! Dî kayo makalauang ililigtas ng̃ Dios sa kaniang kamay.

Tell: Ituro lamang sa akin ang pinakamaikling daan papasa Art at Küssnacht.

Mang̃ing̃isdâ: Ang malapad na daan ay nabubukas sa mg̃a batuhan, ng̃uni at mairoon isang lihim at lalong maikling daan, masasamahan kayo ng̃ aking anak hangang Lowerz.

Tell (iaabot sa kaniya ang kamay): Gantihin nauâ sa inyo ng̃ Dios ang iniong mabuting gauâ. Mabuhay na panatag. (Lalakad at sakâ babalik.) Dî baga naman kayo nakipanumpâ sa Rutli? Naaalaala kong pinang̃anlan kayo sa akin.

Mang̃ing̃isdâ: Ako ay doroon, at sinumpaan ko ang pang̃akong magtutulongtulong.

Tell: Kung gaio'i pasa Bürglen madalî, kaauaang gauin sa akin: nang̃ang̃amba ang asaua dahil sa akin; sabihin ninyo sa kaniya na ako ay naliligtas at mabuti ang pagkatago.

Mang̃ing̃isdâ: Ng̃uni at saan ko sasabihing kayo ay naparoon?

Tell: Inyong matatagpuan sa tabí nia ang aking bianan at iba pang mg̃a kasamang nanumpa. . . . Sila ay dapat tumapang at lumakas ang loob; si Tell ay ligtas at naguutus sa kaniang baraso; madaling may maririnig sila sa aking bago.

Mang̃ing̃isdâ: Ano ang inyong inaakalà, ipahayag sa akin.

Tell: Kapag nangyari na ay mapapagsalitaan din. (aalis)

Manginginisdâ: Iturù mo sa kanila ang daan, Jenni;—samahan nauâ siya ng̃ Dios! Kaniang naisusundô ang balang ilagay sa loob. (aalis)

IKALAUANG HATÌ

Mahal na tahanan sa Attinghausen. Ang malayang pang̃inoon ay naghihing̃alô sa isang sillon. Walther Fürst, Stauffacher, Melchthal, at Baumgarten abaláng siya'i nililibot. Si Walther Tell ay nakaluhod sa harap ng̃ naghihing̃alô.

Walther Fürst: Tapus na sa kaniya; siya'i napaitaas.

Stauffacher: Hindì nakaratay na parang patay. Mas'da't nagalao ang pakpak sa ibabao ng̃ mg̃a labí! Mahimbing ang kaníang túlug, at masayang umuumis ang kaníang mukhâ. (Si Baumgarten ay papasa pintuan at may kakausapin.)

Walther Fürst (kay Baumgarten): Sino yon?

Baumgarten (babalik): Si aling Hedwig na inyong anak; ibig kayong kausapin; ibig makita ang anak. (Si Walther Tell ay titindig.)

Walther Fürst: ¿Maaaliu ko baga siá? Mairoon ba ako rin aliu? Nagpipisanpisan baga ang lahat na hirap sa ulu ko?

Hedwig (na magpipilit pumasok): Nasaan ang aking anak? Pabayaan ako, makita ko sia. . . .

Stauffacher: Maghunus kayo at magisip na nasa bahay ng̃ kamatayan. . . .

Hedwig (tatakbo sa anak): Walti ko! Oh! at kinabubuhayan ako!

Walther Tell (yayakapin sia at bibitin sa liig): Kaauaauang Ina!

Hedwig: Tunay ng̃a baga? Hindî ka nasak'tan? (pagmamas'dan siyang anaki'i takot) Nangyari ng̃a baga? Nakapanà ba siá sa iyo? Paano at napang̃ahasan nia? Oh! ualâ siang pusù. . . . Napalipad nia ang tunud sa sariling anak!

Walther Fürst: Ginauâ niang takot, ang kalulua'i naaagnas sa hapis; ginauâ nia't dahil napilitan, sapagka't kalarô ang buhay!

Hedwig: Oh kung mayroon sana siang pusung ama, bago nia yaon ginauâ ay namatay sana munang makalilibo!

Stauffacher: Inyong dapat purihin ang maauaing kalooban ng̃ Dios sa mabuting pang̃ang̃agapay. . . .

Hedwig: Malilimutan ko baga ang paano at ito ay nangyari? . . . Dios ng̃ Lang̃it! At mabuhay man ako ng̃ ualong-puong taon ay laging makikita ang anak na nakatayong gapus, ang amang pumapanà sa kania, at laging lilipad sa pusò ko ang panà.

Melchthal: Ali, kung inyong namalas sana ang ginauâ at sinabi sa kania ng̃ hukum!

Hedwig: O matigas na pusù ng̃ mg̃a lalaki! Pag ang kanilang kapalaluan ay nasak'tan, ay ualâ na silang pinagpipitagan; itinatayâ nilá sa bulag na hang̃os ng̃ larô ang ulu ng̃ anak at ang pusù ng̃ iná!

Baumgarten: Dî pa baga lubus ang pait ng̃ palad ng̃ inyong asaua, at inyo pa ng̃aion ng̃ mabigat na pagsisi? Ualâ ba kayong habag sa kaniang binabatá?

Hedwig (babalik sa kaniá at titing'nan sia ng̃ galit na mata): Ualâ ka baga kundî luhâ sa samangpalad ng̃ kaibigan? — Saan kayo doroon ng̃ gapusin ang magaling na lalaki? Saan doroon ang inyong abuluy? Inyo lamang pinagmas'-dan, at pinabayaang mangyari ang karaualdaual; tahimik ninyong tiniis na hugútin sa inyong gitnâ ang kaibigan. . . . Ganian baga ang ginauâ sa inyo ni Tell? Nagkasia ba siang mahapis ng̃ sa likod ninyo ay kasunud ang mg̃a kabayuhan ng̃ hukum, nang ang nagng̃ang̃alit na dagat at umuugung sa iyong harapan? Hindî ualang saysay na luhâ ang ikinahabag sa iyo, lumuksu sia sa banka, kinalimútan ang anak at asaua at ikau ay ilinigtas. . . .

Walther Fürst: Ano ang aming magagauang mapang̃ahasan ng̃ sia'i iligtas: iilan kamí at ualâ pang sandatá.

Hedwig (sasalig sa kaniang dibdib): Oh ama! Pati sa iyo'i naualâ siya! Ang bayan, tayong lahat ay kaniang pinanauan! Sia ay nagkukulang sa ating lahat, ay! at tayong lahat sa kania! Iligtas ng̃ Dios ang kaníang kalulua sa pagtitíuakal. Doon sa kailaliman, sa madilim at malalim na bilanguan sa kutà ay dî sia sasapitín ng̃ aliu ng̃ sinomang kaibígan. . . . Pag sia'i nagkasakit! Ay doon sa tagulamíg na kadiliman ng̃ bilanguan pilit siang magkakasakit. . . . Paris nang rosa sa Alpes na namumutlâ at naluluoy sa hang̃in ng̃ putíkan, ganoon dín naman sa kanía, ualang buhay kundî sa liuanag ng̃ arao, sa umaagos na simuy ng̃

hanḡin. Bilango! Sia! Siang ualang inihihinḡa kundì ang kalayahan, dì nḡa sia mabubuhay sa dilim na hinukay.

Stauffacher: Pumayapâ kayo; aming pagpipilitang lahat buksan ang kaníang bilangoan.

Hedwig: Ano ang inyong magagauâ kung ualâ sia? — Samantalang ang Tell ay naliligtas, sia nḡa, noo'y mayroon pang pagasa, noo'i ang kabaita'i mayroon pang kaibigan, at ang hinuhuli ay mayroon pang katulung. Kayong lahat ay iliniligtas ni Tell.—Magtulungtulung man kayong lahat ay dì ninyo makakalag ang kaniang mḡa tanikalâ.

(Magigising ang malayang panḡinoon sa Attinghausen.)

Baumgarten: Kumikílos, tahimik!

Attinghausen (babanḡon): Sana sia naroon?

Stauffacher: ¿Sino?

Attinghausen: Ako ay kinukulang sa kanía! Pinababayaan ako sa hulí kong panahon.

Stauffacher: Ang ibig sabihin ang pamankin. — Ipinasundo ba sia?

Walther Fürst: Ipinasundûna! — Maaliu po kayo! Sia po ay nagbalik loob; sia ay tunay na atin.

Attinghausen: Nanḡusap ba siang kampi sa tinubuang bayan?

Stauffacher: At ginauâ nḡ bayaning kapanḡahásan.

Attinghausen: At bakit dì sia naparito at tangapin ang huli kong pagpapálâ? Napapakiramdamang kong dumaratíng na madalì ang aking katapusan.

Stauffacher: Hindì nḡa po ganian, maranḡal na panḡinoon! Ang maikling pagkahimbíng ay nagbigay lakas sa inyo; at buhay ang inyong paninḡin.

Attinghausen: Ang hirap ay buhay, ako ay dì na naghihírap! Lumayô na ang sakit paris nḡ pagasa. (Mamamas'dan ang batà.) Sino itong batà?

Walther Fürst: Pagpalain mo po sia, oh panḡinoon; sia po'i aking apó at ulila na sa ama! (Si Hedwig ay luluhod na kasama ang batà sa harapan nḡ mamamatay.)

Attinghausen: At kayo'i babayaan kong lahat, lahat na ulila sa ama. — Ay! sa aba ko at ang mḡa huling paninḡin ay nakamalas sa paglubug nḡ amang lupà. Dapat bagang maabot ang mahabang buhay at sakâ mamatay na taglay ang lahat na pagasa!

Stauffacher (kay Walther Fürst): Papanao ba sia na malungkut ang isip? Dî baga maliliuanagan ang huli niang oras ng̃ masayang sikat ng̃ pagasa? — Marakilang maginoo! Itaas ang inyong loob! Kamí ay dî totoong nagíísa, dî kamí lubus na ualang kaligtasan!

Attinghausen: At sino ang magliligtas sa inyo?

Walther Fürst: Kamí rin! Pakin'gan! Nagpang̃akuan ang tatlong kabayanan ang mg̃a pusuk na punò ay ipagtabuyan. Mahigpit ang aming bigkís: isang dakilang sumpâ ang nagpípísan sa amin. Kami ay kikilos bago simul'an ng̃ taon ang bago niang lakad. Maiídlip ang inyong mg̃a butú sa isang malayang lupà.

Attinghausen: Oh! Sabihin sa akin! Yarì na baga ang usapan?

Melchthal: Sa isa ring arao ay magsisitíndíg ang tatlong bayan sa gubat. Lahat ay handâ at ang lihim ay natatago hangang ng̃aion kahima't sandaánan ang nang̃akakatalos. Guang ng̃a ang lupà sa paa ng̃ mg̃a mararahas na punù, bilang ang arao ng̃ kanilang pagaatas, at madalíng hahanapín ang kanílang bakas!

Attinghausen: Ng̃unî at ang mg̃a matitíbay na kutà dito sa lupà?

Melchthal: Sila ay ilulugsong lahat sa isang tadhanang arao.

Attinghausen: At kahalô ba ang mg̃a matataas na tao dito sa usápan?

Stauffacher: Aming inaasahan ang kanilang pagsápî, kung sakalí at kailang̃an: hangan ng̃aion ay ang nanumpâ lamang ay ang magsasaká.

Attinghausen (titíndig na banayad punô nang pagtataka!): Napang̃ang̃ahasan baga nang magsasaká ang gaiong gauâ, sa sariling káya, ualang tulung nang matataas, malaki bagang totoo ang pagasa nia sa sariling lakas. . . . Kung gaio'i dina kamí nia kailang̃an, maaliu kamíng makalulusung sa hukay, kamí ay kabubuhayan mamatay man, — iba ang lakas na ipagtatagal ng̃ karang̃alan ng̃ sangkatauhan. (Ipapatong ang kamay sa ulu ng̃ batà, na nakaluhud sa tapat nia.) Dito sa ulung ito na kinapatung̃an ng̃ manzanas mamumulaklak sa inyo ang bagong kalayahan; ang matandâ ay nalubug, nagbabago ang panahon, at bagong buhay ay nasíbul sa mg̃a nang̃agibâ.

Stauffacher (kay Walther Fürst): Mas'dan, anong liuanag ang tumatagas sa kaniang matá! Ya'i hindî ang pagpanao ng̃ buhay, yan ng̃a ang sikat ng̃ isang bagong buhay.

Attinghausen: Bababaan ang kaníang matatandang kutà ng̃ mataas na tao at panunumpaan ang sumpang pamamayan nang kalahatan; sinimul'an na ng̃a sa Üchtland at sa Thurgau; itinaas ang makapangyarihang ulu ng̃ dakilang Bern; Freiburg ay isang panatag na kutà ng̃ kalayahan, sinasandatahan ng̃ masíglang Zurich ang kaniang mg̃a katípunan at inihahandâ sa hokbong lalabánan—madudurog ang lakas ng̃ mg̃a harì sa kanilang matitíbay na digmâ. (Ipang̃ung̃usap ang susunod ng̃ tuno ng̃ isang manghuhulâ—ang pananalita ay tataas.)

Namamalas manding dito'i lumulusob
Mg̃a harì at punong ang taglay ay salot,
Sakbat ang balutî at nasa'i ilubog
Ang bayang tahimik ng̃ pastol sa hayop.

Sa búhay ó hukay papamímiliin;
Dugo'ng magbabantog ng̃ lansang̃a't bang̃in,
Ang dibdib na hubad na sa baya'i háin
Yayakap sa libong sibat na matalím.[1]
Babaliing lahat at mang̃alalagas
Ang sa kaharian mayamang bulaklak,
Malayang bandilâ sa lupa'i tataas
At magtatagumpay sa kabakang lahat.

(Hahauakan ang mg̃a kamay ni Walther Fürst at ni Stauffacher.)

Kaya ng̃a't matibay . . . na magsama sama . . .
Isang bayan lamang sa taong malaya. . . .
Tanuran ng̃ bunduk ang sa bayang sigla. . . .
Magkaisa ang loob . . . magka . . . isa . . . isa . . .

(Mabubual sa mg̃a unan . . . ang kaniang mg̃a kamay ay dî bibítíu sa dalaua. Pagmamas'dan sia pang ilang sumandalî ni Fürst at ni Stauffacher na ualang imik, at saka lalayong bibígian ng̃ daan ang sama ng̃ loob. Samantalà ay magsisidating na ualang ing̃ay ang mg̃a alagad; magsisilapit at mahahalata ang isang tahimík o mahigpít na sakít: ang iba'i magsisiluhod at íiak sa

[1] Si Arnold sa Winkelried sa pagbabaka sa Sempach ay yinakap at ipinakong lahat sa katauan ang mga sibat nang kaauay upan ding huag makasakit sa mga kasama: bago ion gauin ay ipinagbilin muna ang asawa at anak!! Nota ni J.R.

kaníang mg̃a kamay; habang nangyayari itong píping labas ay tutugtug ang kampanâ ng̃ tahanan.)

Rudenz sa mg̃a sinabi na.

Rudenz (biglang papasok): Buhay pa baga? Oh! Magsabi, maririnig ba baga ako?

Walther Fürst (Ituturû ang bangkay ng̃uni at biling ang mukhâ): Kayo po ng̃aion ang pang̃inoon namin, hiráman at tagapagtangol, at itong tahanan ay may iba nang pang̃alan.

Rudenz (Makikita ang bankai at matítigilan sa hígpit ng̃ hinagpis): Oh, maauaíng Dios! — Napakalaon ang aking pagsísisí! Dî baga sia nabigian ng̃ buhay ng̃ ilang sumandalî, upang díng nakita ang nanibago kong pusù? Dî pinakín'gan ko ang matapat niáng sabi ng̃ sia'i nabubuhai pa sa liuanag—sia ai malaiò na, umalís na magpakailan pa man at iniuan sa akin ang mabigat, at dî mababayarang utang!— Oh! sabihin! Pumanao baga siang mai galit sa akin?

Stauffacher: Narinig nia ng̃ sia'i naghihing̃alô ang iniong ginauâ, at pinagpalâ ang tapang na inyong ginamit.

Rudenz (Luluhod sa harap ng̃ bankai): Oo ng̃a dakilang bankai ng̃ isang mahal na tao! Katauang ualang kalulua! Dito ko ipinang̃ang̃ako sa iyo, sa malamig na kamay ng̃ yong bankai—iuinalat ko na hangang nabubuhay ang lahat ng̃ gapus ng̃ kaauay na taga ibang lupà; ako'i nasaulí sa aking bayan, ako'i isang Suízo, at ibig maging Suizo sa buung pusù at kalulua. . . . (titíndig). Ipagluksâ ang kaibígan, ang ama ng̃ lahat, ng̃unî at huag maualan ng̃ loob! Hindî lamang ang kaníang pamana ang nahulug sa akin, ako'i pinanaugan din naman ng̃ kaniang pusù at kalulua, at ibibigay sa inyo ng̃ murà kong kabataan ang ipinagkautang sa inio ng̃ matandâ niang buhay. — Kadang̃aldang̃al na ama, iabot sa akin ang iniong kamai! Ibigai sa akin ang inyo! Melchthal, pati ng̃ inyo! Huag kayong matigílan! Oh, huag kayong tumalíkod! Tangapin niniong lahat ang sumpâ ko at pang̃ako!

Walther Fürst: Iabot ninio ang kamai! Sukat paniualaan ang nagbabalik niang pusù!

Melchthal: Kailan ma'y dî ninyo iginalang ang kababayan! Sbihin, alin ang aantayin sa inio?

Rudenz: Oh, huag isipin ang malî ng̃ aking kabataan!

Stauffacher (kay Melchthal): Kayo'i magkaisa ang huling sabi ng̃ ama! Alalahanin ninyo!

Melchthal: Nariní yaring kamay! Ang pisil ng̃ kamay ng̃ isang magsasaká, oh mahal na maginoo, ay isa rin namang pang̃ung̃usap lalaki! Ano ang mahal na tao kung ualâ kami? At ang aming lagai ay matandâ sa inio!

Rudenz: Akin siang iginagalang, at ang kális ko'i sa kania magtatangol.

Melchthal: At ang baraso, marang̃al na pang̃inoon, na sumusupil sa matigas na lupà at nagbubukas sa kania at pinapabubung̃a ay makapagtatangol dín naman sa dibdib ng̃ lalakí.

Rudenz: Inyong ipagtatangol ang aking dibdib, at ipagtatangol ko ang inyo, ganían tayo lalakas ang isa sa tulung ng̃ iba.—Ng̃unî at ano ang sasabihin ng̃aiong ang amangbayan ay nasasaklauan pa ng̃ dahas ng̃ taga ibang lupà? Pag ang ating lupà ay nalinis na sa kaauay at saka magtítimbang timbang tayo sa payapa. (Nang makatahimik na sumandalî.) Kayo'i dî umiimik? Ualâ kayong sasabihin sa akin? Ano? Dî ko baga minamarapat na kayo'i manalig sa akin? ¿Pipilitin baga akong laban sa iniong kalooban, pasukin ang lihim ng̃ inyong pagsasapisapî?—Kayo ay nagpupulung, nagsipanumpâ sa Rutli—talastás ko, talastás na lahat na doo'i pinagusapan, at ang hindî man ninyo ipinagkatiualâ sa akin, ay pinaging̃atan ko rin parang isang dakilang habilin. Maniualà sa akin, dî ako naging kaauay kailan man ng̃ saríling lupà, at kailan ma'i dî gumauâ ng̃ laban sa inyo.—Ng̃unî at malî ang inyong ginauâ, na yo'i ilaan, ang panaho'i balisá, at nagkakailang̃an ng̃ gauang mabílasik. . . . Si Tell ang unang nagdusa sa inyong pagtutumigil.

Stauffacher: Nanumpâ kaming aantayin ang pasko ng̃ pang̃ang̃anak.

Rudenz: Ako'i dî doroon; ako'i dî nakisumpâ. Magantay kayo, ako ay kikilos.

Melchthal: Ano? Ibig ninyong . . .

Rudenz: Ako ng̃aio'i nakikibilang isa sa mg̃a amá ng̃ bayan, at ang una kong katunkulan ay kayo'i ipagtankílik.

Walther Fürst: Ibigai sa lupà itong mahal na alabok ang sia ninyong kaunaunahan at kadakídakilaang katunkulan.

Rudenz: Pag atin nang nailigtas ang bayan, saka natin papatung̃an ang kaniang kabaon ng̃ bulaklak ng̃ pagtatagumpay. Oh mg̃a kaibigan. Dî ang inyo lamang, ako'i may-

roon din namang sariling bagay na sukat ipaglában sa karahasan.—Pakin'gan at tantoín! Naualâ ang aking si Bertha, malihim na ninakau ng̃ marahas na kataksilan sa gitna namin.

Stauffacher: Ang kaparis na karahasan ay nagauâ ng̃ mapusuk laban sa malaya at mahal na dalaga?

Rudenz: Oh mg̃a katoto: kayo'i pinang̃akoan ko ng̃ tulung, at ako ang unang hihilíng sa inyo. Ninakau at inagau sa akin ang sinisínta. Sino ang makatatanto ng̃ pinagtataguan sa kania ng̃ palamara, at anó ang dahas na sa kania'i gagamitin upang mapilit ang pusung ibigin ang kinaiinipan! Huag ng̃a ninyo ako pabayaan, oh, tulung̃an akong sia'i iligtas.—Kayo'i minamahal nia! Oh! minamarapat nia sa bayan na lahat ng̃ baraso ay gumamit ng̃ sandatá dahil sa kania! . . .

Walther Fürst: Ano ang ibig niniong pang̃ahasan?

Rudenz: Talastás ko baga?

Ay! sa gabing ito ng̃ sauî niang palad,
Dito sa lingátong, pang̃ambá ko't hirap
Na ualang matibay makapitang sukat
Sa kalulua ko'y ito'ng nahahayag:

Sa pinaggibaan ng̃ dahas ng̃ taksil
Lamang mahuhukay ang sinta at giliu;
Ang lahat ng̃ kuta'i ilulugsu natin
Nang ang bilanguan niya'i panaugin.

Melchthal: Parito, mamunô, at kami ay susunud
¿Bakit bubukasin ang sukat matapus?
Malaya pa si Tell nang magisang loob,
Dî pa nangyayari ang kaayop-ayop.

Ibang kapigitan sa panahong taglay
¿Ng̃aion sinong duag na makaaantay?

Rudenz (kay Stauffacher at Walther Fürst):
Samantala'i kayo magsandatang handâ
Bantayan sa bunduk ang níng̃as ng̃ sigâ,
Sapagkat mabilis sa hang̃in ang tandâ,
Dadal'hin sa inyo'ng mabuting balitâ.

Makitang magning̃as masayang lagablab,
Lusubi't puksaín ang kaauay agad,
Mabilis, matulín sa lintik at kidlat,
At ang itinayô ng̃ dahas iualat. (magsisialís)

IKA-ATLONG HATI

(Ang makiput na lansañgan sa Küssnacht. Sa gitnâ ñg mga batuhan makapanaog galing sa dakong likod, at ang naglalakbay bago dumating sa palabasan ay matatanao na sa kaitaasan. Matatarik na bato ang bakod ñg lahat; sa isang na sa dakong unahan ay may isang duklay na batong balot ñg kahuykahuyan at damó. Si Tell ay darating taglay ang arkabus.)

Tell: Dito sa makiput na lansañgang kulung,
Siya magdaraan, at dito lulusung;
Ualang ibang daang sa Küssnacht natuloy—
Dito tatapusin . . . kalagaya'i tulong.

Doon ang alagao sa aki'i tatakip,
Doong paibabâ siya'i masasapit
Niaring aking tunod; landas ay makitid
Hindî mahahabol ako nang dadakip.
Makipaghusay ka ñga sa Lañgit, hukum,
Papanao ka, tapus, lampas na'ng panahon.

Buhay ko'i payapa't tahimik . . . ang panà
Sa hayop sa gubat lamang inihandâ,
Isip ko'i malauis sa taong pagpuksâ.

Himbing ñg tulug ko'i yong binugabog,
Iyong pinapait ang tamis ñg loob,
Mabulang kamandag ñg dragong kilabot
Sa mahabaging kong isip ibinuhos.

Ako'i binihasa sa dî karaniuan,
Ulo ñg anak ko'i ginauang tudláan . . .
Ang nakakapanà sa sariling laman
Ay dî magsasala sa pusung kaauay.

Ang musmus na sangol na kahabaghabag,
Ang tapat na 'saua'i ibig kong iligtas
Sa galit mo, hukum! ñg huag mapahamak.
Nang aking banatin ang bagtíng ñg búsug,
Nang yaring kamay sa takot nañgañgalos
Nang ako'i pilitín ñg pusuk mong loob
Pumanà sa ulu ñg anak na irog;

Nang hinihimatay sa yo'i dumalañgin
At iyong hínamak ang luhà ko't daing,
Noon sa loob ko'i sumumpang taímtim,
At narinig ñg Dios ang sumpâ kong lihim.

Ipinanumpâ ko, ang ikal'uang tudlâ
Sa pusù mo laan . . . at ang akíng sumpâ
Nang oras na yaon ng̃ hirap at luhâ
Ay dakilang utang . . . bayaran ang nasà.
Pang̃inoon kita't sa harì kong hukum,
Ng̃uni't dî ginauâ ng̃ harì kong poon
Ang kaparis . . . sugù kang pinaahon
Magsabi ng̃ tapat at matuid maghatol.
Datapúa at hindî ng̃ gauin ang ásal,
At nang gumumong ka sa yong kalupitan,
Nang ualang higantí ang sama'i umiral . . . ;
May nagpaparusang isang Dios na buháy.
—Hayo't lumabas ka, tagataglay sakit,
Mahalagang yaman, marílag na gamit
Nasang tudlaín mo ng̃aion isang dibdib,
Na dî tinagusan ng̃ dalang̃i't hapis.
Ng̃uni't dî ka niya mapahihindían . . .
At ikau, na laging sa gauang libang̃an,
Kaibigang bagting, na nagbigay diuang
Ng̃aiong nagigipít huag akong bayaan.
Ng̃aion ka magtíbay, oh tapat na busug,
Na naglílipad nang mapait na tunud,
Kapag sia'i mahinang sa kamay dumagok
Ualang pang̃alauang sukat isusunod.
(May mang̃aglalakbay sa itaas.)
Sa luklukang bato'i ibig kong maupô,
Handang pahing̃ahan ng̃ nagalang hapô—
Dahil ito'i ilang . . . galing sa malayô,
Huag silang tanong̃ín ng̃ hapís ng̃ pusù.
Dito dumadaan ang mang̃ang̃alakal
At ang pelegrinong sa bihis magaan,
Ang banal na monje, ang mg̃a tulísan
Ang masalitang, may himalang taglay.
Dito ang may pasang kabayo'i natígil,
At ang sa malayong bayan nanggagaling,
Sapagkat sa pampang ng̃ mundo náratíng
Ang alin mang landas na ating lakarin.
Nasulung sila sa lakad na nasà . . .
At ang aking hanap sa tao'i pumuksâ. (uupô)
Dati, sintang anak, kung ako'i mamárang
Laking tuâ ninyô pagbalik sa bahay,
Dahil dî na uui na dî nagtataglay
Nang ikalulugud ng̃ iníong isipin.

Malimit ay isang bulaklak sa Alpes,
o bihirang ibong maaliu ang tínig,
o susung makulay, kayâ na marikit
Na sa kaítaasan ng̃ bunduk nasilip.

Ibang hayop ng̃aion ang sa amang lakad
Iba'ng kaniang abang sa sukat ng̃ gubat,
Buhay ng̃ kaauay ang sia niang hanap.

Datapua't ng̃aion man ay kayo ng̃a lamang
Ang alaala nía: kayo'i ipaglaban,
At nang maitangol sa galit ng̃ hunghang
Kaniang bibinitin ang búsug na tang̃an. (titindig)

Ang abang ko't bantay ay mahal na hayop, . . .
Mang̃ang̃aso'i tiís at tagal natanod
Sa arao at gabí, sa lamig at hamog,
Bang̃i'i linulundag natalon sa agos.

At inaakiat din ang batong makínis
Na hinihibúan ng̃ dugung napanis,
Upang makahuli ng̃ isang maliit,
Maramot na hayop sa lamang binihis.

Datapuâ at ng̃aion malaki ang upa,
Pusù ng̃ kaauay na nagbibigay dusa.

(may maririnig sa malayong isang masayang tugtugan, na lumalapit.)

Mulang pagkabata'i ginamit ang busug
At ako'i nagbatak sa ugalì ang ayos,
Tumamang malimit, pinuri't nabantog
At pinagtatak'han ang laruang tunud!—
Ng̃uni't ng̃aion íbig ilabas ang galing
At nang ang malaking upa ay tamohin.

(Isang kasálan ay darating sa palabasan at paakiat sa makiput na daan. Stüssi na bantay gubat makikiabay kay Tell na nagmamasid nakasálig sa kaniang arkabus.)

Stüssi: Yan ang katiualâ sa Convento sa Morlischachen na magaasaua . . . isang taong mayaman na may sampong Senten sa ibabao ng̃ Alpes. Susunduin nia ang novia sa Ymisec, at ng̃aiong gabí ay magkukuraan sa Küssnacht. Sumama kayo. Ang balang mahusay na tao ay may anyaya.

Tell: Isang dì maimiking panauhin ay dì bagay sa bahay ng̃ kasálan.

Stüssi: May hapis bang bumibigat sa inio? Iuaksing madalì sa pusù! Tangapin ang dumadatíng; masasama ng̃aion ang panahon; kaya ng̃a dapat kapagdakang samantalahin ng̃ tao ang kasayáhan. Dito ay magkakasalan, sa ibang bayan ay naglílibing.

Tell: At malimit na magkalapit at magsunud.

Stüssi: Ganoon ng̃a ang lakad ng̃ mundo. Ualang ano-ano'i nadating ang sakuna. Isang *Ruffi* ay nahulug sa lupang *Glarus* at ang isang tabi ng̃ *Glarnisch* ay lumubug.

Tell: Nang̃abubual din baga naman ang mg̃a kabundukan? Ualâ na bagang tumatayong matibay sa ibabao ng̃ lupà?

Stüssi: Sa ibang lupa'i may nakikitang kababalaghan. May nakausap akong isang galing sa Baden. May isang mataas dau na tao na nang̃abayong papasa Harì: sa gitnâ ng̃ daan ay sinalubong sia ng̃ kabang na putaktí, na pinang̃ulumutan ang kaniang kabayong nabual sa lupà sa sakit dahil: sia rao ay dumatíng sa haring lakad.

Tell: Ang mahina'i binigian din naman ng̃ tibo.

(Si Armgard ay daratíng kasamang maraming batà: tatayo sa pagpasok sa lansang̃an.)

Stüssi: May inaakalang malaking hampás ng̃ bayan dahil sa malalaking salang laban sa kinapal.

Tell: Ang mg̃a ganitong sala ay nangyayari arao, arao: dì nagkakailang̃ang sila'i ipagbantog ng̃ anomang himalâ.

Stüssi: Sia ng̃a, mapalad yaong nang̃ang̃alagang tahimik sa sariling bukid at nauupong kapisan ng̃ mg̃a kaniya at dì ginagalao.

Tell: Ang kabaitbaitan ay dì matitirang payapà, pag dì inibig ng̃ masamang kapitbahay.

(Si Tell ay magmamasid na malimit sa itaas ng̃ daan, at parang natatagalan.)

Stüssi: Samahan kayo ng̃ Dios. Kayo'i may inaantayan díto.

Tell: Yaon ang gauâ ko.

Stüssi: Mauî nauâ kayong masaya sa inyo.—Kayo'i taga Urí? Ang mataas naming pang̃ínoon, ang hukum, ay inaantayan ditong doon mangaling.

Isang maglalakbay: Huag antayin ng̃aion ang hukum. Bumahâ ang mg̃a ilog sa malakas na ulan dahil, at iuinalat ang lahat ng̃ tulay ng̃ agos. (Si Tell ay títindig.)

Armgard (pauuna): Hindì darating ang hukum!

Stüssi: May ibig ba kayo sa kania?

Armgard: Ay! mangyari pa!

Stüssi: At bakit dito kayo lumalagay sa makiput na daan, sa lalakaran nia?

Armgard: Dito ay dì nia ako malalayuan; ako'i dapat niang din'gin.

Friesshardt (darating na nagmamadalì, papanaog sa daan at hihiao sa palabasan): Hauanan ang daan.—Ang mahal kong panginoon, ang hukum ay nangangabayong kasunud ko! (Si Tell ay aalis.)

Armgard (masiglá): Ang hukum ay darating! (Sia'i pauuna sa palabasang kasama ang mga anak. Si Gessler at si Rudolph na Harras ay pakikita sa itaas ng daan.)

Stüssi (kay Friesshardt): Ano at kayo'i nakatauid sa tubig, kung inianod ng agos ang mga tulay?

Friesshardt: Kami'i nakipaglaban sa dagat kaibigan, at dì natatakot sa mga ilog ng Alpes.

Stüssi: Naglalayag ba kayo nang bumagiong malakas?

Friesshardt: Kami'i doroon: aking maaalaala habang nabubuhay. . . .

Stüssi: Oh! matirá kayo, salitain!

Friesshardt: Bayaan ako, ako'i dapat mangguna; dapat kong ibalitâ ang hukum sa kutà. (aalis)

Stüssi: Kung nagkatao't mabubuting tao ang mga naglalayag, ay nangalubug sanang lahat sa ilalim pati ng mga daga, ni apoy ni tubig man dì makalaban sa hukum. (Magmamalas sa palibot) ¿Saan naparoon ang mangangasong aking nakausap? (aalis)

Gessler at si Rudolph na Harras na nangangabayo.

Gessler: Masasabi ninyo ang ibig, ako ay linkod ng Emperador, at ang dapat kong isipin ay sia'i pagbigiang lugud. Ako'i dì sinugù dito sa lupang ito ng himasin ang bayan at magmalambot sa kanía. Pagsunud ang ibig at antay: ang bagay ay ito, kung ang magsasaká ang magpupunù dito sa lupang ito ó ang emperador.

Armgard: Ngaion dumatíng ang panahon! Ngaion ko masasabi. (Lalapit na takót.)

Gessler: Diko ipinataas ang sambalilo sa Altdorf sa laró dahil, ó ng̃ matikman ang mg̃a pusù ng̃ bayan; ito'i kilala ko nang laon. Sia'i aking ipinataas ng̃ magaral iyukû sa akin ang liig na dinadalang matigas . . . aking ipinatayô ang dî nila ibig sa landás na dapat nilang daanan upan ding masagupâ ng̃ kanilang matá, at maalaala ang pang̃inoong linilimot.

Rudolph: Ng̃uni at ang bayan ay may ilan din namang katuiran.

Gessler: Na dî ng̃aion panahon pang̃ahasang alalahanin! Malalauak na bagay ang siang gagauin at sukat mangyari; ang bahay ng̃ Emperador ay ibig magpalaki; ang malualhating sinimul'an ng̃ ama'i ibig tapúsin ng̃ anak. Itong maliit na bayan ay isang bato sa ating daan—paano at paano man sia ay dapat sumuku. (Ibig lumampas. Ang babai'i luluhod sa harap ng̃ hukum.)

Armgard: Habag, maginoong hukum! Aua! Maaua ka!

Gessler: Ano ang ibig ninyo sa akin sa gitnâ ng̃ daan?—Layô!

Armgard: Ang asaua ko'i nabibilangô; ang mg̃a kaauaauang ulila nasigao at nahing̃i ng̃ makain.—Mahabag kayo, dakilang pang̃inoon, sa aming malaking kahirapan.

Rudolph: Sino kayo? Ano ang inyong asaua?

Armgard: Isang mahirap na magpapaupá sa Rigiberge, marang̃al na pang̃inoon; mang̃ang̃arit ng̃ natubung damó; sa pampang ng̃ bang̃in, sa matatarik na batong buhay, doon sa dî mapang̃ahasang paroonan ng̃ hayop. . . .

Rudolph (sa hukum): Santong Dios, isang salantá at kahabaghabag na buhay! Hinihiling ko sa inyo na alpasan ang kaauaauang tao! Anoman ang bigat ng̃ kaniang naging sala ay malabis ng̃ parusa ang kalagimlagim na hanap buhay! (Sa Babai) Kayo'i bibigian ng̃ matuid. . . . Doon sa kutà sabihin ang daing . . . ito ay hindî kalagayan.

Armgard: Oh, hindî po, hindî! hindî ako lalayo sa kinaluluhuran hangang dî isaulì sa akin ng̃ hukum ang aking asaua! Anim na buan nang nabibilangô sa torre at antay ng̃ antay ng̃ hatol ng̃ hukum.

Gessler: Babai, ibig ninyong ako'i pilitin? Tabi!

Armgard: Katuiran, hukum! Ikau ang hukum sa lupà, sa lagay ng̃ emperador at ng̃ Dios. Gauin mo ang iyong katungkulan! Paris nang pagasa mo ng̃ katuiran sa Lang̃it, pagpakitaan mo kamí naman ng̃ matuíd!

Gessler: Sulung! Ilayô sa mata ko ang ualang hiang bayan.

Armgard (hahauakan ang talì ng̃ kabayo): Hindî ng̃a, hindî ng̃a; ualâ nang mauaualâ sa akin.—Hindî ka kikilos sa yong lagay, hukum, hangan dî mo ako binigian ng̃ matuid.—Kunutin an giyong noo, mandilat ang iyong mg̃a mata, kung sia mong ibig. Ualang hangan ang aming paghihirap na dî na namin ipinagtatanong ang iyong gálit.

Gessler: Babai, lumayô ka, ó tatahákin ka ng̃ aking kabayo.

Armgard: Tahakin mo ako . . . dian! . . . (Ilalagay ang mg̃a anak sa lupà at hahadlang sa daan.) narito ako at nakalugmô at ang aking mg̃a anak. . . . Tahakin ng̃ mg̃a bakal ng̃ yong kabayo ang mg̃a apíng ulila! Hindî ito ang lalong masamâ mong ginauâ. . . .

Rudolph: Babai, nauulol ba kayo?

Armgard: Yayapakang pang matagal ng̃ yong mg̃a paa ang lupà ng̃ emperador!—Oh ako'i isang babai lamang. Kung ako sana'i lalaki, may maalamang lalong mabuti sa gumumong dito sa alikabok. . . .

(Maririnig na mulî ang tugtugan sa itaas ng̃ daan ng̃uni at marahan at pipi.)

Gessler: Saan naroon ang aking mg̃a linkod? Kaladkarin siang ilayô rito, ó ako'i makakalimot at gagauin ang pagsisisihan.

Rudolph: Ang mg̃a linkod ay hindî makatuloy, oh pang̃inoon; ang landas ay nahahadlang̃an ng̃ isang kasálan.

Gessler: Ako'i isa malambut na punù pa ng̃a dito sa bayang ito—malaya pa ang mg̃a dila, at hindî pa lubos na nalulupig, na paris ng̃a ng̃ dapat. Ng̃uni at babagohin, ipinang̃ang̃ako ko: ibig kong balíin itong matigas na isip, ibig kong payukuin ang pang̃ahas na kalulua ng̃ kalayahan, ibig kong ipatantô ang isang bagong atas sa lupang ito; ibig ko . . .

(Sia'i paglalampasan ng̃ isang tunud; ilalagay ang kamay sa dibdib at tíla mabubual. Paos na voces.)

Kaauaan ako ng̃ Dios!

Rudolph: Maginoong hukum. . . . Dios! Ano ito? Saan yan nangaling?

Armgard (titindig na biglâ): Pinatay! Pinatay! Nabubual, nahuhulug! Sia'i tinamaan! Sa gitnâ ng̃ pusù sia tinamaan ng̃ panà.

Rudolph (Tatalon sa kabayo): Anong kalagimlagim ang nangyari. . . . Dios! . . . mahal na maginoo. . . . Tauagin ninyo ang auà ng̃ Dios! Kayo'i mamamatay!

Gessler: Yan ang panà ni Tell! (Sapo ni Rudolph na mahuhulog sa kabayo at ihihigâ sa bankô.)

Tell (pakikita sa itaas ng̃ bató): Kilalá mo ang pumanà, huag kang humanap ng̃ iba! Ligtas na ang mg̃a bahay, panatag ang kabaitan na sa iyo, hindî mo na tatampalasanin ang bayan. (Mauaualâ sa itaas. Magdaratin̄gan ang mg̃a tao.)

Stüssi (man̄gun̄guna): Ano ang mayroon dito? ano ang nangyari?

Armgard: Ang hukum ng̃ bayan ay pinaglampasan ng̃ isang panà.

Mg̃a tao: (Magdadagasaan). Sino ang pinaglampasan? (Samantalang ang mg̃a nan̄gun̄guna sa kasalan ay darating sa palabasan, ang mg̃a kasunud sa huli ay makikita pa sa itaas ng̃ daan, at ang músika ay tuluy ang tugtug.)

Rudolph: Natatagasan ng̃ dugû! Layo, humanap ng̃ tulung! Habulin ang pumatay!—Papatay na tao, ganian bagá ang iyong katapusan, hindî mo inibig pinakin'gan ang aking mg̃a paunaua!

Stüssi: Dios, ayon sia't nakaratay, maputlâ at dî nahin̄ga.

Iba't ibang voces: Sino ang gumauâ ng̃ nangyari?

Rudolph: Nauulul ba ang bayan na tinutugtugan ang namamatay? Patigilin! (Ang musika'i biglang titigil: magdaratin̄gan pa ang mg̃a tao.) Maginoong hukum, magsalitâ kayo kung nakakakaya. Ualâ na po baga kayong ipahahayag sa akin? (Si Gessler ay kukumpás ng̃ kamay na muli't muling uulítin, ng̃ dî sia mauatasan.) Saan ako dapat pumaroon? Sa Küssnacht? Dî ko kayo mauatasan. . . . Oh huag kayong magn̄galit . . . bayaan ang lupà, magisip n̄gaiong makipaghusay sa lan̄git. (Ang lahat ng̃ tao sa kasalan ay lilibutin ang namamatay, gitlâ n̄guni at ualang habag.)

Stüssi: Mas'dan ang pamumutlâ . . . n̄gaion, n̄gaion napasok ang kamatayan sa pusù. . . . Kinukulabaan na ang matá. . . .

Armgard (itataas ang isang anak): Mas'dan, mg̃a anak ko, ang paghihin̄galô ng̃ isang tampalasan!

Rudolph: Mg̃a ulul na babai, ualâ baga kayong karamdáman, na nabubusug ang inyong mata dito sa kakilakilabot?—

Tulung . . . ilagay ang kamay . . . ualang umaabuloy sa aking bunutin sa pusù ang masakit na tunud?

Ang mg̃a babai (magsisiurung): Gagalauin ba namin ang pinatay ng̃ Dios?

Rudolph: Sumpain nauâ kayo at mahulug sa infierno! (Bubunutin ang kális.)

Stüssi (Hahauakan sia sa kamay): Pang̃ahasan ninyo, maginoo! Tapus na ang inyong pagaatas. Ang nanglulupig sa bayan ay patay na. Dì na kami nagtitiis ng̃ dahas. Kamí ay mg̃a malalayang tao.

Lahat (gulú): Ligtas na ang bayan!

Rudolph: Hangan dian ba nakasapit? Ganian ba kadalî ang pagkatapus ng̃ takot at ng̃ pagsunud? (Sa mg̃a alagad na may sandatang magsisidating.) Nakikita ninio ang kalagimlagim na ginauâ ng̃ kamatáyang nangyari dito. . . . Ualang saysay ang abuloi . . . ualang magagauâ ipahabol man ang nakamatay. Iba ang sukat natin ng̃aiong pang̃alagaan. . . . Tayo sa Küssnacht, upang ating mailigtas ang kutà ng̃ emperador! Sapagka at patid sa oras na ito ang lahat ng̃ talì ng̃ pagsunud at ng̃ mg̃a katungkulan, at ualang mapananaligang matapat na tao. (Samantalang sia'i aalís na kasama ang mg̃a alagad, ay darating ang anim na kapatid ng̃ kaauaang gauâ.)

Armgard: Tabi, tabi! Naito na ang mg̃a kapatid ng̃ kaauaang gauâ!

Stüssi: Ang bankai handâ . . . nagsisibabâ ang mg̃a uak.

Mg̃a kapatid ng̃ kaauaang gauâ (galilibutin ang bankai at aauit ng̃ malalim na voces.):

Tao'i biglâng namamatay
Hindî nabibigiang tadhanà
Sa paglakad nabubuál
Malakas napanao sa lupà,
Handâ man o hinding lumakad
Humarap sa hukum nia dapat.

(Samantalang uulitin itong dalauang huling tulâ ay bababa ang tabing.)

———oOo———

IKALIMANG LABAS

UNANG HATÌ

Hayag na plaza sa Altdorf. Sa dakong huli sa kanan ang kutang panglupig sa Urí sama ang nakatayû pang andamio na nakita sa ikaatlong hatì ng̃ unang labas; sa kaliuá'i matatanao ang maraming bunduk na magkakasigang lahat. Nagbubukang liuaiuai, at maririnig ang tunog ng̃ kampanâ sa iba't ibang pangagalin̄gan.

Ruodi, Kuoni, Werni, Maestro Kantero, at iba pang maraming magsasaká, mg̃a babaí at mg̃a batà.

Ruodi: Nakikita ninio ang mg̃a tandang apuy sa itaas ng̃ mg̃a bunduk?

Maestro Kantero: Naririnig ninyo ang mg̃a kampanâ sa itaas ng̃ kagubatan?

Ruodi: Naitaboy na ang mg̃a kaauay.

Maestro Kantero: Naagao na ang mg̃a kutà.

Ruodi: At ating matitíis pa sa lupang Urí ang kutà ng̃ karahasan? Tayo bagá ang mahuhuling magpapahayag na ligtás?

Maestro Kantero: Patatayuin bagá ang yugung ibig ipanglupig sa atin? Halí! ilugsû sia!

Lahat: Ilugsû! Iualat! Ibual!

Ruodi: Saan naroon ang Turu sa Urí?

Turu sa Urí: Dito. ¿Ano ang sukat kong gauin?

Ruodi: Hayo at umakiat kayo sa bantáyan sa itaas, hipan ang sung̃ay na tambulî at abutin ng̃ kaniang tunog ang boong kabundukan, at balang alin̄gao-ng̃ao na bumang̃on sa mg̃a bang̃in ng̃ batuhan, ay madaling papagpisanpisánin ang mg̃a taong bunduk. (Ang Turu sa Urí ay aalis, si Walther Fürst ay daratíng.)

Walther Fürst: Hintay, mg̃a kaibigan, hintay! Dì pa tayo dinadat'nan ng̃ balitâ kung anó ang nangyari sa Unterwalden at Schwyz. Magantay muna tayo ng̃ sugù.

Ruodi: Ano ang aantayin? Ang mapúsuk ay patay na, ang arao ng̃ kalayahan ay sumikat na.

Maestro Kantero: Dì pa bagá labis yang nagsisipagalab na sugù na nagnininḡas sa palibut, sa itaas ng̃ mg̃a kabundukan?

Ruodi: Parito kayong lahat, parito, igalau ang kamay, mg̃a lalaki at babai! Iualat ang andamio! Igibâ ang arco! Durugin ang mg̃a pader! Ualang mátirang batong pátong-patong.

Maestro Kantero: Parito, mg̃a katulong! Atin siang itinayô, maaalaman din naman nating sia'i iualat.

Lahat: Aba tayo, at ilugsû! (Pang̃ung̃ulumutan sa lahat ng̃ tabi ang kutà.)

Walther Fürst: Ang bagay ay tumatakbo, dì ko na sia mapigilan! (Si Melchthal at Baumgarten ay darating.)

Melchthal: Ano? Natatayô pa bagá ang kutà, ng̃aion ang kutà sa Sarnen ay abú na at ang sa Rossberg ay nalusub?

Walther Fürst: Kayo ng̃a bagá, Melchthal? Taglay ninyo sa amin ang kaligtásan? Sabihin! Linís na bagá sa kaauay ang lahat ng̃ lupà?

Melchthal (yayakapin sia): Malinis na ang lupà. Maligaya kayo, matandang amá. Sa oras na itong tayo'i naguusap ay ualâ nang mapusuk sa lupà ng̃ Suiza.

Walther Fürst: Oh salitain, paano ang inyong pagkaagao ng̃ mg̃a kutà?

Melchthal: Si Rudenz ng̃a yaong sa tapang at lalaking kapang̃ahasan ay umagao sa kutà ng̃ Sarnen, ang sa Rossberg ay aking inakiat ng̃ gabi.—Ng̃uni at pakin'gan ang nangyari. Nang aming mapalís ang kaauay sa kutà at masayang masilabán, ng̃ ang álab ay umaakiat na sa Lang̃it, siang pagsiput ni Diethelm, ang batà ni Gessler, at isinigao na si Berthang taga Bruneck ay nasusunug.

Walther Fürst: Makapangyarihang Dios! (Maririnig ang mg̃a pagkahulug ng̃ mg̃a kilo at kahoy ng̃ balankas at ng̃ andamio.)

Melchthal: Ualang iba ng̃a kundì sia na doo'i nakukulung sa utus ng̃ hukum. Ulul na umakiat si Rudenz . . . sapagka't naririnig na naming nang̃ahuhulug ang mg̃a kilo at ang mg̃a matitibay na haligi, at ang hiao ng̃ daing sa gitnâ ng̃ usuk . . . ang daing ng̃ kahabaghabag.

Walther Fürst: Nailigtas ba sia?

Melchthal: Noon nakailang̃an ang kaliksihan at tapang.—Kung noo'i amin lamang siang pang̃inoon ay minahal sana namin ang sariling buhay; ng̃uni at sia'i isang nakisumpâ, at si Bertha ay may pagibig sa bayan. . . . Kayâ ng̃a ipinang̃anib ang buhay at sumugba kamí sa apoy.

Walther Fürst: Ligtas ba sia?

Melchthal: Sia'i naligtas. Aming dalaua ni Rudenz siang naagao sa mg̃a ning̃as at sa likod namin bumulugsung humuhugung ang mg̃a kahoy.—At ng̃aiong nang mapagkilala niang sia'i ligtas, naimulat ang mata sa liuanag ng̃ Lang̃it, noon ako biglang niyakap ng̃ malayang maginoo at noon sinumpaang ualang imik ang isang pagsasapi-sapi, na napanday sa ning̃as ng̃ apuy, at makalalaban sa anomang dumating na mangyari.

Walther Fürst: Saan naroon si Laudenberg?

Melchthal: Sa itaas ng̃ Brünig. Dî dahil sa akin tinataglay pa nia ang liuanag ng̃ mg̃a mata, siang bumulag sa aking ama. Hinabul ko siang kusâ, inabutan sia sa pagtakas at kinaladkad ko sia sa paa ni ama. Akmâ na sa kania yaring aking sundang; sa auà ng̃ binulag na matandâ tinangap niang tumataghoy ang ipinatauad na buhay. Nanumpâ siang dî gaganti at dî babalik magpakailan pa man; tutuparin nia ang sumpâ; natikman nia ang ating lakás.

Walther Fürst: Mapálad kayo na ang malinis na pagtatagumpay ay dî napatakan ng̃ dugû!

Mg̃a batà (natakbong taglay ang mg̃a nagibang balankas): Kaligtasan! Kaligtasan!

(Ang tambulì ng̃ Urí ay hihihip na matunug at maugung.)

Walther Fürst: Mas'dan ang laking galak! Aalalahanin itong arao ng̃ mg̃a batà hangang kanilang katandatandaan.

(Taglay ng̃ mg̃a dalaga ang sambalilo sa tulus; ang palabasa'i mapupuno ng̃ mg̃a tao.)

Ruodi: Naito ang sambalilo na ating dapat yukuan!

Baumgarten: Sabihin sa amin kung ano ang sa kania'i gagauin.

Walther Fürst: Dios ko! Sa ilalim nitong sambalilo tumayô ang aking apo!

Maraming voces: Iualat, punitin ang alaalang tandâ ng̃ mararahas na punù! Itapon sia sa apoi.

Walther Fürst: Huag, bayaang sia'i itago! Kung sia'i naging kasankapan ng̃ karahasan at ng̃ panglulupig, sia'i dapat maging tandâ ng̃ kaligtásan!

(Ang mg̃a magsasaká, lalaki, babai at mg̃a batà mang̃agsisitayô at uupu sa mg̃a kahoy ng̃ iuinasak na andamio, maayos na ibinuntun sa palibot.)

Melchathal: Tumitindig ng̃a tayong masayà sa pinaggib'an ng̃ karahasan, at marilag na naganap ang isinumpâ sa Rutli, mg̃a kaibigan!

Walther Fürst: Ang gaua'i sinimul'an, hindî pa tapos. Ng̃aion kailang̃an natin ang tapang at matibay na pagsasapî-sapì; sapagkat asahan, dî titigil ang harì at ipaghihigantí ang kamatayan ng̃ kaníang hukum, at ibabalik ng̃ dahas ang mg̃a itinaboy.

Melchthal: Lusubin tayo ng̃ kaniang mg̃a digmâ, ng̃aiong napalabas ang mg̃a kaauai; sasalubung̃in natin ang mg̃a kaauay na galíng sa labas.

Ruodi: Iilan ang lansang̃an magbubukas sa kania ng̃ daan, at sila'i ating tatak'pan ng̃ ating mg̃a katauan.

Baumgarten: Taio'i napipisan ng̃ isang ualang katapusang bigkís, at dî tayo matatakot ng̃ kaniang mg̃a hukbú.

Si Rosselmann at si Stauffacher ay darating.

Rosselmann (sa pagdating): Yan ang mg̃a kakilakilabot na atas ng̃ Lang̃it.

Mg̃a magsasaká: ¿Ano yon?

Rosselmann: Anong mg̃a kapanahunan ang kinabubuhayan.

Walther Fürst: Sabihin kung ano! Ha! kayo po ba, mamang Werner? Ano ang taglay sa amin.

Mg̃a taong bayan: Ano ang nangyayari?

Rosselmann: Makinig at magtaká!

Stauffacher: Ligtas tayo sa isang malaking pang̃ambá. . . .

Rosselmann: Ang Emperador ay pinatay!

Walther Fürst: Mahabaging Dios! (Ang mg̃a magsasaka'i titindig at lilibutin si Stauffacher.)

Lahat: Pinatay! Ano! Ang emperador! Makinig! Ang Emperador!

Melchthal: Hindî maaari! Saan dumatíng sa inio itong balita?

Stauffacher: Ya'i tunay. Sa Bruck nálugpû ang haring Alberto, sa kamay ng̃ pumatay . . . isang mapaniniualaang tao, si *Juan Muller* ang may taglay ng̃ balitang galing sa Schaffhausen.

Walther Fürst: Sino ang nang̃ahas ng̃ gaiong kalagimlagim?

Stauffacher: Lalong kalagimlagim dahil sa pumatay; sia'i pamankin nia, anak ng̃ kaniang kapatid, ang Duke Juan sa Suabia, ang tumapos.

Melchthal: Ano ang umakay sa kaniang patain ang magulang?

Stauffacher: Pinipigilan at iniimpit ng̃ Emperador ang mana ng̃ dî makapagantay na humihing̃î ng̃ kania; ito ng̃a bagá, inakalang ang bagay ay matatapos at mapapayapâ kung sia'i gauing obispo. Dî natin maalaman kung ano ang nangyari . . . ikiniling ng̃ binatà ang kaniang taing̃a sa mg̃a masasamang úluk ng̃ ilang kaibígan, at pinagkaisahan nia at nang mararang̃al na maginoo sa Eschenbach, sa Tegerfelden, at sa Wart at Palm gumanti ng̃ sariling kamay, dahil at dî sia bigiang matuid.

Walther Fürst: Ng̃uni at sabihin, paano ang pagkaraos ng̃ malaking sala?

Stauffacher: Ang hari'i nang̃ang̃abayong galing sa Stein sa Baden tung̃o sa Rheinfeld, na kinatitirahan ng̃ mg̃a kataasan, kasama ang principe Juan at Leopoldo, at iba't iba pang matataas na tao. At nang sila'i dumating sa pangpang ng̃ Reuss, at sa isang malanday na banka ay dapat tumauid nang̃agsakayan agad ang magsisipatay at ilinayo sa emperador ang ibang kasama. At saka ng̃ nang̃ang̃abayo sa isang naararong lupà, sa ilalim dau noo'i may isang matanda at malaking bayan ng̃ panahon ng̃ hindî mg̃a binyagan—sa tapat ng̃ matandang kutang Hapsburg na pinagbuhatan ng̃ kaniang mataas na lahî—doon ipinako ng̃ Duke Juan ang puñal sa kaniang liig, sinibat sia ni Rudolph sa Palm, at binaak ang kaniang ulu ni Eschenbach, at nabual ng̃a sia at lumang̃oi sa kaniang dugû, pinatay ng̃ mg̃a sarili at sa lupang sarili. Namalas ang nangyari sa kabilang pampang; ng̃uni at hadlang ang ilog, ualâ silang nagauâ kundî humiyao sa auâ; ng̃uni at sa tabi ng̃ daa'i may isang nakaupong salantang babai, at sa sinapupunan nito namatay ang emperador.

Melchthal: Ganian nia hinukay ang maagang libing̃an, siang lakis sakim na kailan ma'y dî nabusug.

Stauffacher: Isang ualang katulad na takot ang nalibot sa bayan; bakód ang lahat ng̃ daan sa kabundukan, at ang balang bayan ay nang̃ang̃alâ sa kaniang mg̃a hangánan; pati ang matandang Zurich ay naglapat ng̃ pintuan, na mahigit na tatlongpung taóng bukás, kinatatakutan ang mg̃a pumatay at lalò na . . . ang mg̃a gagantí. Sapagkat sandatá ang

sumpâ ng̃ simbahan, ay narating ang haring babai sa Ungría, ang mabagsik na Ines, na dî nakakakilala ng̃ pagkamaauain ng̃ kaniang kapuâ babai, at ipaghihigantí ang mahal na dugû ng̃ amá sa buung lahì ng̃ mang̃a pumatay, sa kanilang mg̃a alagad, mg̃a anak at apó, at sia ng̃a, sa mg̃a bató patí ng̃ kanilang mg̃a tahanan. Isinumpâ nia, ipadadalá sa hukay ng̃ ama buung angkanan at papagliliguin sa dugû, parang ulan sa Mayo.

Melchthal: Nalalaman baga kung saan nagtung̃o ang nang̃akamatay?

Stauffacher: Sila'i naglipáran nang maganap ang nasà sa limang iba't iba at layong daan, at naghiuahiualay nang huag na muling magkita. . . . Ang Duke Juan ay naggagalâ rao sa kabundukan.

Walther Fürst: Kayâ ualang bung̃a ang masamang gauâ! Ang higanti ay dî nagbubung̃a ng̃ mabuti. Sia rin ang katakottakot na kaniang kakanin, ang kaniang lasap ay kamatayan, ang kabusuga'i kilabot.

Stauffacher: Ang masamang gaua'i dî pinakikinabang̃ang ng̃ mamamatay tao; ng̃uní at ating kinikitil ng̃ malinis na kamay ang maanyayang bung̃a ng̃ madugung sala. Sapagkat tayo'i ng̃ isang malakit takot, dahila't patay na ang lalong malaking kaauay ng̃ ating kalayahan, at ang sasabi ay lilipat ang cetro ng̃ bahay ng̃ Hapsburg sa isang ibang lahí, at ibig ipahalatâ at ipakilala ng̃ boong kaharían ang malayà niang pagpilì.

Walther Fürst at Iba pa: ¿Mairoon baga kayong balitâ?

Stauffacher: Ang Conde sa Luxemburgo ang pinipilî ng̃ karamihan.

Walther Fürst: Mapalad tayong nanalig at nagtapat sa kaharian, ng̃aio'i tayo'i makakaasa sa katuíran.

Stauffacher: Kailang̃an ng̃ bagong punú ang matatapang na kaibigan; ipagtatankilik niya tayo sa higanti ng̃ Austria.

(Magyayakapan ang mg̃a magsasaká.)

Ang Sacristan kasama ang isang sugù ng̃ kaharian.

Sacristan: Naito ang mararapat na punù ng̃ bayan.

Rosselmann at iba pa: Ano ang mairoon, sacristan?

Sacristan: Isang sugù ng̃ kahariang may dalá ng̃ sulat.

Lahat (kay Walther Fürst): Buk'san ninió at basahin.

Walther Fürst (babasa): "Sa mg̃a mahuhusay na tao sa Urí, Schwyz, at Unterwalden, nasa ng̃ reyna Isabel biayà at lahat ng̃ ikabubuti."

Maraming voces: Ano ang ibig ng̃ haring babai? Ang kaniang paghaharì ay tapús na.

Walther Fürst (babasa): "Sa malaki niang sakit at kabaluhan na pinaglagian sa reyna ng̃ maraual na pagpanao ng̃ kaniang pang̃inoon, ay naaalaala pa ang matandang katapatan at pagibig ng̃ lupang Suiza."

Melchthal: Nang sia'i maligaya pa ai dì nia yan ginauâ kailan man.

Rosselmann: Tahimik! Pabayaang pakin'gan!

Walther Fürst (babasahin): "At inaantay nia sa pagmamatapat nitong bayan na kaniang tunay na karurumihan ang mg̃a sinumpang gumanap nitong nangyari; kayâ ng̃a inaasahan nia sa tatlong lupain, na ang nang̃akamatay ay dì kailan man tutulung̃an kundì matapat na dadamay at sila'i ibibigay sa kamay ng̃ gaganti, sa pagalaala sa pagibig at malaong pagmamahal na tinangap sa marang̃al na lahi ni Rudolph."

(Kilos ng̃ pagayao sa mg̃a magsasaká.)

Maraming voces: ¡Pagibig at pagmamahal!

Stauffacher: Tayo'i may tinangap na pagmamahal sa ama; ¿ng̃uni at ano ang masasabing tinangap sa anak? Pinagtibai ba nia sa atin ang sulat ng̃ kalayahan, paris ng̃ ginaua ng̃ lahat na Emperador na nauná? Humatol ba siang alinsunud sa matuid, at inampon ba ang naaaping kabaitan? Pinakin'gan ba nia man lamang ang mg̃a sugù na ating inatásan sa kania sa pang̃ambá? Alin man sa lahat na ito dì ginauâ sa atin ng̃ harì, at kung hindì tayo rin ang humanap ng̃ matuíd sa lakas ng̃ kamay, dì man sia makikibo ng̃ ating kapigitan.—¿Pasalamatan? Hindì sia naghasik dito sa mg̃a libís ng̃ sukat magbung̃a ng̃ salamat. Sia'i itinayô sa kataasan, sia'i naarî sanang maging amá ng̃ lahat ng̃ bayan, ng̃uní at ualâ siang inibig kundì pabutihin ang mg̃a kania. Iakan sia ng̃ kaniang mg̃a pinayaman!

Walther Fürst: Dì natin ipagsasayá ang kaniang sakunâ, dì aalahanin ang tinangap na hirap, málayô sa atin yan! Ng̃unì at dì bagay sa atin at dì natin katunkulang ipaghiganti ang kamatayan ng̃ harì, na ualang ginauâ sa ating mabuti, at paghagarin yaong ualang ginauâ sa ating masamâ. Ang

pagibig ay dapat maging isang malayang alai, ang kamataya'i kinakalag ang mg̃a pilit na katunkulan.—Ualâ kaming ibang ipinatatantô sa kania.

Melchthal: At tumang̃is man ang reina sa kaniang silid, at isigao man ang mabang̃is niang dusa sa lang̃it, ay tumatayô dito ang isang naligtas sa pang̃ambang bayan na nagpapasalamat din naman sa lang̃it. . . . Ang ibig maganí ng̃ may auang luhà o magtanim nang pagibig. (Ang sugù'i aalis.)

Stauffacher (sa bayan): Saan naroon si Tell? Magkukulang ba sia sa atin, siang nagbukas ng̃ ating kaligtásan? Sia ang gumauâ ng̃ kalakilakihan, at nagtiís ng̃ kabigatbigatan. Aba tayong lahat aba tayo, at paglakbayan ang kaniang bahay, at hiauang "mabuhay" ang nagligtas sa ating lahat. (Lahat ay magsisialis.)

IKALAUANG HATI

Makapasok ng̃ bahay ni Tell.—Mai apoi sa kalan. Ang bukás na pintuan ay bigai sa labás.

Hedwig, Walther at Wilhelm.

Hedwig: Ng̃aion dáratíng ang amá. Mg̃a anak ko, sintang mg̃a anak! Sia'i buháy, ligtás, at tayo'i ligtás, at ang lahat. At ang inyong amá ang siang nagligtas sa bayan.

Walther: At ako nama'i nákatulung doon, iná! Dapat naman nila akong banggitín. Ang tunud ni amá ay dumaang malapit sa aking buhay at hindî ako nang̃iníg.

Hedwig (yayakapin sia): Sia ng̃a, ibinigai ka sa aking mulî! Makalaua kitang ipinang̃anak! Makalauang naghirap ako sa yo. Ng̃uni at lampas na . . . akin ulî kayong dalaua, kapuâ! At ng̃aion daratíng, babalik ang sintang amá.

Isang Monje and susung̃ao sa pintuan.

Wilhelm: Mas'dan, iná, mas'dan; naroon ang isang banal na kapatíd; akalà kong nagpapalimos.

Hedwig: Papasukin mo nang ating mapakain; maalamang sia'i dumating sa bahay ng̃ kasayahan. (Papasuk at lalabas na muling mai taglai isang saro.)

Wilhelm (sa monje): Parito kayo, mabuting tao. Pakakanin kayo ni iná.

Walther: Parito, magpahinga at sakâ lumakad tumuluy na malakás.

Monje (takót na títingín sa libot, pagod at sirâ ang ayos): Saan ako naroon? Sabihin, saang bayan?

Walther: Kayó baga'i naligao na dî ninió maalaman? Kayo po'i na sa Bürglen, mamà, sa lupang Urí, na pinagdadaanan sa libís ng̃ Schachen.

Monje (kay Hedwig na babalik): Nagiisa ba kayo? Na sa bahai ba ang inyong asaua?

Hedwig: Ng̃aion ko sia antay . . . ng̃uni at ano mairoon kayo, tao? Tila dî kayó mai dalang mabuting nasà. Ng̃uni at sinoman kayo, kayo'i mai kailang̃an, abutín!
(Iaabot sa kania ang saro.)

Monje: Nanglalambut man sa uhao ang nasusunug kong pusù'i ualâ akong gagalauín, hangang dî ninio ipagkaloob sa akin. . . .

Hedwig: Huang niniong mahipo ang aking damit, huag akong lapítan, matírang malayô kung ako'i mai sukat pakin'gan.

Monje: Sa apoi na ito, na dito'i nagaanyayang magpatuluy, sa liag na ulu ng̃ inyong mg̃a anak, na aking yayakapin. . . .
(Hahauakan ang mg̃a batà.)

Hedwig: Tao, ¿anó ang iniong isip? layô sa aking mg̃a anak! —Kayó ai hindî Monje, hindî ng̃a kayó! Ang kapayapa'i tumitirá sa damit na yan! Sa inyong mg̃a kilos ay ualang kapayapaan.

Monje: Ako ang lábis na sauing palad sa lahat ng̃ tao.

Hedwig: Tumataos sa pusù ang masamang palad: ng̃unî at nalayo ang aking loob sa inyong paning̃in.

Walther (luluksu): Iná, si amá! (magmamadaling lalabas)

Hedwig: Oh! Dios ko! (ibig sumunud, mang̃ing̃inig at titígil)

Wilhelm (kasunud): Si amá!

Walther (sa labás): Nárito na kayó ulî!

Wilhelm (sa labas): Amá, liag na amá!

Tell (sa labas): Nárito na ako ulî. . . . Saan naroon ang inyong iná? (magsisipasok)

Walther: Ayon sia't nakatayô sa pintô, at hindî makalákad; nang̃ing̃inig sa tuâ at takot.

Tell: Oh Hedwig! Hedwig! Iná ng̃ aking mg̃a anak! Tinulung̃an ng̃ Dios . . . ualâ nang palamarang maghihiualay sa atin.

Hedwig (sia'i yakap sa liig): Oh Tell! Tell! Anong takot ang dinamdam ko dahil sa yo.

(Ang monje ay makikimatiag.)

Tell: Limútin mo sia ng̃aion at mabuhay ka lamang sa sayá! Nárito ulî ako! Itó ang aking bahay! At ako ay nabubuhay na mulî sa gitnâ ng̃ mg̃a akin!

Wilhelm: Ng̃uni at saan naroon ang inyong arkabus, amá? Dî ko sia makita!

Tell: Dî mo na sia muling makikita. Nakatago sia sa isang dakilang lagayan; dî na ipang̃ang̃asó magpakailan pa man.

Hedwig: Oh Tell! Tell! (Uurung at bibitiuan ang kamay.)

Tell: Anó ang nakatatakot sa yo, sintang asaua?

Hedwig: Anó? . . . paanong bumabalik ka sa akin? . . . yang kamay . . . mahahauakan ko ba? . . . yang kamay . . . Oh Dios!

Tell (mataimtím at buháy ang loob): Ipinagtankilik kayo at nagligtas sa bayan, maitataas ko siang maligáya sa lang̃it!

(Ang monje ai kikilos na biglâ; sia'i makikita.)

¿Sino itong kapatíd dito?

Hedwig: Ah! nakalimutan ko! Kausapin mo sia; ako'i natatakut sa kaniang lumapit.

Monje (lalápit): Kayo baga ang si Tell na pumatay sa hukum ng̃ lupà?

Tell: Ako ng̃a sia, dî ko ipinagkakailâ sa sinomang tao.

Monje: Kayó ang si Tell! Ah, ang kamay ng̃ Dios ang nagakay sa akin sa silong ng̃ iniong bahay.

Tell (pagmamalásin siang magaling ng̃ mata): Kayo'i hindî monje! Sino kayo?

Monje: Iniong pinatay ang hukum ng̃ bayang gumauâ sa inió ng̃ masamâ; ako man mai isang kaauai na pinatai, na nagtatangí sa akin ng̃ katuíran. . . . Sia'i kaauai ninió at akin. . . . Ilinigtás ko sa kaniá ang bayan.

Tell (mapapaurung): Kayo ang . . . ¡kilabot! mg̃a batà! mg̃a batà, pasuk! Lakad, sintang asaua! Lakad, lakad! Sauing palad! Kayo sanai . . .

Hedwig: Dios, sino yan?

Tell: Huag kang magtanong! Layô, layô! Dì dapat na marinig ng̃ mg̃a batà. Labás kayo sa bahay . . . lumayóng malayò, . . . kayo'i dì dapat makiisang bubung dito sa taong ito.

Hedwig: Ay sa aba ko! Anó yan? Parito kayo! (Aalis na kasama ang mg̃a anak.)

Tell (sa monje): Kayó ang duke sa Austria. . . . Kayo sia! Pinatay ninio ang Emperador, iniong mamà at pang̃inoon.

Juan pumatay magulang: Sia ang nagnakau ng̃ aking mana.

Tell: Patain ang iniong mamà, ang iniong emperador! At tinataglay pa kayó ng̃ lupà! Liniliuanagan pa kayó ng̃ arao!

Juan: Tell, pakin'gan ako bago . . .

Tell: Tumatagastás sa dugû ng̃ pinatai na magulang at emperador nang̃ang̃ahás kang masok sa malínis kong bahay? Pinang̃ang̃ahasan mong iharap ang mukhâ mo sa isang mahusay na tao, at hing̃in ang ugalì ng̃ panunuluyan?

Juan: Sa inió inasahan kong tumangap ng̃ habag; kayo naman ay nanghigantí rin sa iniong kaauay.

Tell: Sauing palad! Napang̃ang̃ahasan mong ihalò ang madugung sala ng̃ kasakiman sa puri, sa matuid na pagtátangol ng̃ isang amá? Ipinaglaban mo bagá ang liag na ulu ng̃ anak? Ipinagtankilik ang kadakilaan ng̃ pamamahay? Ilinayô ang karaualdaual, ang kahulíhulihan sa mg̃a yo? —Sa lang̃it itinataas ko ang malilínis na kamay, sinusumpâ kita, at ang yong ginauâ. . . . Ipinaghigantí ko ang santong loob ng̃ Maikapal na yong sinirà . . . ualâ akong ihahati sa yo . . . ikau ay pumatai; aking ipinaglaban ang kamahalmahalan.

Juan: Ako'i itinataboy ninyo, ualang aliu, inaal'san ng̃ pagasa!

Tell: Ako'i pinang̃ing̃ilabutan, kung sa yo'i makipagusap! Sulung! Lakarin ang yong kalagimlagim na landás! Bayaan linis ang kubung pinamamahayan ng̃ kabaítan!

Juan (babaling sa paglakad): Kung gaio'i magagauâ, at hindì ko na naman ibig mabuhay!

Tell: Datapuâ at ako'i nahahabag sa yo. . . . Dios ng̃ lang̃it! Batang-batà, at gaiong kataas ng̃ lahì, ang apó ni Rudolph na pang̃inoon ko at emperador, pumatay taong magpatágutágu, dito sa aking pintuan, sa isang mahirap na tao . . . nagaamôamò, at kulang nang pagasa! . . .

(Magtatakíp ng̃ mukhâ.)

Juan: Oh kung kayo'i nakakayak, kahabagán yaring aking palad; sia'i kakilakilabot. . . . Ako'i isang principe . . . ako'i naging . . . naging mapalad sana, kung napigil ang yamot ng̃ aking mg̃a nasà. Ang hilî ay umukâ niaring pusù. . . . Namalas ko ang kabataan ng̃ pinsan kong Leopoldo may patung na puri at mai inaring lupà, at akó na kasíng tandâ nia, sa paalagang alipin natítirá. . . .

Tell: Sauing palad! Mabuti ang pagkakilala sa yo ng̃ iniong mamà, na ikau pinagkailaan ng̃ lupà at mg̃a tao. Ikau rin, inibig mong baguhin ang kaniang niyarì ng̃ biglâ, at mabang̃ís na kaululan.—Saan naroon ang mg̃a taksil na katulung ng̃ yong pagpatay?

Juan: Kung saan silá inakay ng̃ mg̃a mahiganting *Furias*: dì ko na silá muling nakita buhat ng̃ karaualdaual na nangyari.

Tell: Talastás mong ikau ay hagad ng̃ higantí, na baual ka sa kaibígan at ang kaauay ay mai kapangyaríhan sa yo?

Juan: Kayâ ko ng̃a linalayuan ang mg̃a hayag na daan; dì ako makapang̃ahás tumuktuk sa alin mang kubu. . . . Ibinabaling ko ang hakbang sa ilang; iginagalâ ko ang sariling takot sa mg̃a kabundukan, at napapaurung nang̃ing̃ilabot sa akin din kung sakaling ipakita sa akin ng̃ batis ang kahapishapis na aníno. Oh! kung kayo'i mai habag at mai pagkatao.

(Luluhud sa kania.)

Tell (gatatalikuran): Tumindig kayo! tumindig kayo!

Juan: Hindî hangan dì ninyo iabot sa akin ang kamai na parang tulung.

Tell: Matutulung̃an ko kayo? Mai kaya ang isang anak ng̃ sala? Ng̃uni at tindíg. Ano mang kalagimlagim ang ginauâ. . . . Kayo'i isang tao. . . . Ako nama'i tao rin; ualang lalayô kai Tell na dî naaliu. Gagauin ko ang nakakayanan.

Juan (biglang titindig at hahauakan ang kaniang kamay): Oh Tell, iniong iliniligtas ang kalulua sa pagpapatiuakal.

Tell: Bitiuan ang aking kamai . . . kayo'i dapat lumakad. Dito'i dì kayo makatitirang dì maaalaman, ualang maaasahang tankilik. Kung mabalitaan: ¿saan ibig niniong paroon? Saan ibig kitain ang kayapaan?

Juan: ¿Alam ko baga? Ay!

Tell: Pakin'gan ang isinasapusù sa akin ng̃ Dios. . . . Kayo'i dapat pasa lupang Italia, sa bayan ni Sn. Pedro; doon

magpatirapâ sa paa ng̃ Papa, ipagkumpisal sa kania ang sala, at tubusín ang iniong kalulua!

Juan: Hindì kayâ bagá nia ako ilalagay sa kamai ng̃ gagantí?

Tell: Anoman ang gauin sa inio, ai tangapin parang galing sa Dios.

Juan: Paano akong daratíng sa dì kilalang lupà? Dì ko talastás ang daan, at dì mapang̃ahasang makisama sa mg̃a naglalakbay.

Tell: Sasabihin ko sa inió ang daan, pakimatiagang magaling! Kayo'i aahon pasalubung sa agos ng̃ Reuss na mabilís natalon galing sa bunduk. . . .

Juan (mang̃ing̃inig): Makikita ko ang Reuss? Sia'i umaagos sa aking pinagkasalanan.

Tell: Ang daa'i natumpa sa bang̃in, itinuturu ng̃ maraming Kruz na itinayo alaala sa mg̃a naglalakbay na ibinaon ng̃ mg̃a ielo.

Juan: Dì ko kinatatakutan ang kilabut ng̃ kinapal, kung ang mababang̃ís na sakít ng̃ pusù ay maapúlâ.

Tell: Sa baua't isang krus ay lumuhud at pagsisihan ng̃ mapait na luhâ ang inyong sala. . . . At kung palarin kayó sa katakot-takot na landas na dì pahihipin sa inió ng̃ bunduk ang kaníang mg̃a hang̃in, galing sa maielong taluktuk, daratíng kayo sa tulay na nagaalabok. Kapag sia'i naguhû sa bigat ng̃ iniong sala, pag inió siang naiuan sa likod, mai humahadlang na isang maitím na batong pintûan . . . na dì naliuanágan ng̃ alin mang arao . . lampasán ninió at kaio'i dadal'hin sa isang maaliu na libís ng̃ ligaya . . . ng̃unî at magmadalíng dumaan; dì kayó dapat tumígil sa tinítirahan ng̃ kapayapaan.

Juan: Oh Rudolph, Rudolph, haring pinagnunu! Ganitong maglalakad ang apó mo sa lupà ng̃ yong kaharían!

Tell: At lagì kayong paakiat darating sa kaitaasan ng̃ San Gothardo na kinalalagian ng̃ ualang katapusang mg̃a dagatan; na pinúpunû ng̃ mg̃a ilog ng̃ lang̃it. Doon kayo magpaalam sa lupang aleman, at ituturu sa inió ang daan ng̃ isang masayang agos ng̃ ibang ilog paibabâ sa lupang Italia, na dapat nasaín. . . . (Maririnig ang Kuhreihen patutunugin ng̃ maraming tambuling Alpes.) May naririnig akong voses. Lakad!

Hedwig (papasok na madalî): Saan ka naroon Tell? Narating ang amá! Nalapit na masasayá ang mg̃a lahat na katotong nanumpâ. . . .

Juan (magkukulubung): Ay sa aba ko! Dî dapat tumirá sa gitnâ ng̃ mg̃a mapapalad.

Tell: Lakad, sintang asaua. Painumin itong tao, bigian sia ng̃ maraming alay, sapagka't mahabá ang kaníang daan, at ualang makikitang tuluyan. Dalî, at sila'i malalapit.

Hedwig: Sino sia?

Tell: Huag mong siasatin! At kung sia'i umalis ai ibaling mo ang mg̃a matá, nang huag nilang makita kung aling daan ang lalakaran! (Pumatay magulang ay lalapit kai Tell ng̃ isang mabiglang kilos; ng̃uni at ito uiuituitan sia at aalis. Pagkapuâ nakapanao sa iba't ibang tabi, magbabago ang palabasan at makikita sa . . .)

HULING HATÌ

(Ang boong libís sa tapat ng̃ bahay ni Tell, pati ng̃ mg̃a kaitaasang naglibot, punû mg̃a magsasakáng natitipong marikit. Ang iba'i magsisidatíng sa isang mataas na tulay na nagdadaan sa ibabao ng̃ Schachen. Walther Fürst kasama ang dalauang batà, si Melchthal at Stauffacher ay nang̃ung̃una, ang iba'i nasagilsil na kasunud; pag labás ni Tell, ay babatiín sia ng̃ maaliu na hiyauan.)

Lahat: Mabuhay si Tell! ang mang̃ang̃asó at magliligtás!

(Samantalang ang mg̃a nauuná ay lilibot kay Tell at sia'i yayakapin, sisiput pa si Rudenz at si Bertha; yayakapin ni Rudenz ang mg̃a magsasaká, at si Hedwig ni Bertha. Ang musikang nasa kabundukan ang aabay dito sa piping palabás. Kapag ito'i natapos, ai pagigitnâ si Bertha sa mg̃a taong bayan.)

Berhta: Mg̃a taong bayan! Kaibigang tunay! Tangapin ninio ako sa iniong pagsasapî-sapî, ako ang unang mapalad na nakatamo ng̃ tangol sa lupà ng̃ kalayáhan. Sa iniong mababayaning kamay ilinalagai ko ang aking katuíran, ibig ninió akong ipagtankilik na parang isang kababayan?

Mg̃a taong bayan: Ibig namin at idadamai ang arì at dugû.

Bertha: Sia nauâ! Kung ganoo'i iaabot ko dito sa binatâ ang aking kánan, ang malayang babai sa Suiza, sa malayang lalaki!

Rudenz: At ipinahahayag ko na malayang lahat ang aking mg̃a alagad.

(Samantalang ang musika'i biglang tutugtug ay bababâ ang tabing.)

—Catapusan—

AMPLIACIóN A MI MAPA DE LA ISLA DE MINDANAO POR EL SR. D. F. BLUMENTRITT*

(Traducida al castellano por J. Rizal y dedicada al Autor)

La Isla de Mindanao, apesar de su magnitud ha permanecido para nosotros, los alemanes, hasta estos últimos tiempos casi como una *terra incognita,* cuando menos. Hasta muy entrado el año sesenta aparecía aun en nuestros mapas aquella Isla, la segunda, por su magnitud, del Archipiélago Filipino, con aquellos extraños contornos que hallábamos ya en los *mapas* (*Landcharten*) del pasado siglo. Semejante hecho no es disculpable, pues los españoles, los tan difamados dueños del país, habían ya desde hace un tercio de siglo (una generación dice el original)[1] publicado un mapa de Mindanao, bastante bueno bajo el punto de vista del trazado de las costas: es el del famoso y conocido geógrafo (cartógrafo) Coello, que aun ahora presta buenos servicios para el estudio de aquel país.[2] Así poseían los españoles ya un exacto dibujo de aquella complicada isla en un tiempo en que aún se pavoneaba la fabulosa isla de S. Juan al este de Mindanao en muchos mapas alemanes y aun hasta extranjeros. Solamente del sesenta al setenta comenzaron los atlas alemanes a suprimir el antiguo (espantajo) disparate, mientras que en España tapaban las lagunas de la obra de Coello y rectificaban los deslizados errores, los magníficos mapas de la Dirección hidrográfica, particularmente las hojas publicadas por D. Claudio Montero y Gay.[3] Estos últimos sobretodo traían nuevos y numerosos trazados del curso del Río Grande de Mindanao; la ocupación del delta de este río por los españoles dieron

* El Ms. incompleto está en la Biblioteca Nacional.
1 1852.
2 Mapas trazados por D. Antonio Morata corregidos por Coello.
3 Un eminente hidrógrafo español.—Ed.

por consecuencia nuevos detalles geográficos, que finalmente nos proporcionaron un correcto dibujo del curso de aquel gran río en su parte media e inferior. Sin embargo continuaba aún inexplorada la mayor parte de Mindanao, principalmente el territorio donde corre el caudaloso río Agúsan[4] (o como se llamaba antes más comunmente, río de Butúan), el cual territorio estaba tan sólo vagamente trazado en las Cartas de aquella isla. Verdad es que la tierra aquella fue visitada por ilustrados y sabios viajeros—recuerdo el Pr. C. Semper—pero no por esto se enriquecían los mapas de la parte oriental de Mindanao, puesto que aquellos sabios hacían allá estudios de otra clase. Un mapa de Mindanao que la Sociedad Geográfica de Madrid publicó en sus bolentines del año 1876 diferenciábase de la carta dada a luz por la Dirección hidrográfica solamente en el trazado de las fronteras políticas. No obstante fue aquel año de mucha trascendencia para la Cartografía de esta isla. Los jesuitas habían aceptado por parte del Gobierno español la cura de almas en aquella abandonada isla, y ciertamente desde el año 1852; sin embargo sólo el 59 arribaron los primeros misioneros a Manila en donde primeramente tomaron la dirección de una Escuela Normal, de tal modo que sólo merced a posteriores refuerzos se fundó una misión en Mindanao, en Tamontaca, allá por el año de 1862. Tanto la falta de impulso como la de medios pecuniarios dieron por resultado que solamente en 1876 se pudiera extender la actividad de la misión sobre el resto de Mindanao. Fruto de esta actividad evangélica era no solamente el aumento de las luces, sino también de un mapa que publicó el Padre Juan Heras en 1890.[5] Este se basa por una parte en los de Montero y Coello y por otra en los itinerarios de los misioneros, trazados con el auxilio de la brújula. Una mirada sobre las susodichas cartas nos muestra cuánto se han aumentado y extendido nuestros conocimientos por medio de aquella (litografiada) carta del Padre Heras: aquí se ha fijado por primera vez todo el territorio del río Agúsan, aquí encontramos por primera vez trazada aquella Laguna de Linao (claro, *hell*) o Dagum que tan importante papel desempeñára en las luchas de los cristianos o de los mahometanos principalmente en la época de 1840-50. De igual importancia son también los nuevos detalles acerca del Golfo de Dávao. Hasta el año 1880 el río Hijo aparece como el único, respetable río, que al N. de aquel profundo Golfo mezcla sus aguas con las olas del mar; merced al Padre Heras aparece al S. de este dicho río la

---

[4] Agúsan badautat Wellenreich.

[5] Este mapa ha sido dibujado por mi amigo Glicerio Anson—1882.

embocadura del río Tagum, que naciendo de la fusión de ambos ríos Libagánum y Sálug, aventaja bastante en importancia al río Hijo, si bien este ofrece una más cómoda vía para el territorio del Agusan mientras que el Sálug pone grandes obstáculos en el camino a una directa navegación gracias a sus numerosas cascadas. De igual manera encuentranse en la carta del P. Heras los ríos Tugánay y Lasán, que desembocan en el mar no lejos del Tágum. Ambos ríos son navegables. En el trazado de las costas de aquella parte de la isla de Mindanao encontramos que el P. Heras aparta notablemente aquella península que separa la ensenada de Mayo de la ensenada de Pujaga (Pujada) y que con la Punta Taucanan adelanta muy lejos en el mar del Sur. En Montero, etc. se une esta península con la Tierra Firme por medio de una base, mientras que en P. Heras esta ancha base aparece sustituida por un estrecho istmo. En efecto participan los misioneros al Superior de la Misión que el descubrimiento de este istmo había tenido por efecto una más rápida comunicación entre ambas ensenadas de Mayo y Pujaga, pues antes se veían obligados para hacer un equivalente viaje, de doblar el mencionado cabo de Taucanan, lo cual se dificultaba y hacía perder tiempo en vano gracias a las casi siempre intranquilas aguas de la mar del Sur y a la cadena de escollos próximos a aquel promontorio. Ahora el descubrimiento de este istmo facilita la comunicación tanto más cuanto que se encuentra en medio del mismo un bajo y estrecho levantamiento de terreno que sirve de dique entre dos pequeños ríos navegables para Canoas hasta cerca de sus fuentes, sin embargo, de los cuales ríos uno desemboca en la ensenada de Mayo y el otro en la de Pujaga al través de unos espesos manglares. Y para continuar ocupándonos de la parte Este de Mindanao sea mencionada la fijación de la Laguna de Mainit (Tabonga, Saponga, Sapongan) y la del río Túbay que nace de la misma, los cuales por primera vez hace aparecer el P. Heras en su sitio correspondiente, mientras que los anteriores planos españoles, si bien daban con exactitud la situación de la (ciudad) población de Mainit, trasportaban en cambio la Laguna muy hácia el Sud. En la parte media y occidental de Mindanao llama nuestra atención el cambiado trazado de la Laguna de Lánao o Dánao,[6] aquella laguna que diera el nombre a toda la isla:

[6] Dicho sea en esta ocasión que el mapa publicado de la L. de Dánao o Malanao en el Nº 5 del tomo XIV del boletín de la Sociedad Geográfica de Madrid está conforme en las líneas principales con el trazado del P. Heras, aunque sin embargo, está colocada mucho mas al sur; el nacimiento del río Iligan que parte del lago, está allá al sud desde 8º paralelo norte; tampoco tiene el lago colocado al sud de Galaugau (Galeugau) ningún desague hacia la

Magindanao, Tierra de Lagunas. Este trazado se acerca más a aquella en Forrest, (*Voyage to New Guinea . . . including an account of Magindanoa, etc.*, Dublin, 1779). Con esto sin embargo habría yo solamente mencionado de corrida los importantes nuevos detalles que el mapa del P. Heras aporta a la Ciencia acerca de la red de ríos y de la sucesión de las costas de aquella gran isla. Mientras que los precedentes mapas sólo indicaban aquí y allá el sitio de un lugar en Mindanao, encontramos nosotros en la carta del P. Heras una infinita fila de ciudades, pueblos y rancherías. Así tenemos delante de nosotros en este mapa del P. Heras en fín un fiel dibujo de aquella isla en su todo y en sus proporciones; quedaba y queda aún ahora mucho, muchísimo que corregir, detalles que aumentar es verdad; sin embargo esta carta ha sido para Mindanao lo que el trazado del curso del Congo después del atrevido viaje de Stanley fue para el mapa del África, están trazadas las líneas principales del dibujo, lo que más tarde debía venir, no sería más que una amplificación o el aumento de los detalles. A la vista de la importancia de este mapa del P. Heras, se comprenderá el sentimiento que debí experimentar que yo no lo hubiese tenido entre las manos en aquella época en que yo trabajaba mi «Ensayo de una Etnografía de Filipinas,» pero esta publicación no apareció en la venta, y solamente largo tiempo después de la publicación del Cuaderno complementario Núm. 67 en las (Comunicaciones Geográficas de Petermann) *Geographischen Mitteilungen de Petermann* recibí yo del Superior de la Misión de los jesuitas, el Rdo. P. Juan Ricart no solamente aquellas cartas y su segunda edición corregida, sino también aquellos centenares de cartas que, bajo el título *Cartas de los P.P. de la Compañía de Jesús de la Misión de Filipinas* han sido dirigidas al Padre Superior por algunos misioneros y que contienen comunicaciones extraordinariamente preciosas sobre el país y habitantes de la isla de Mindanao.

El mapa de la parte oriental de Mindanao que el Dr. S. Montano publicó en el boletín de la Societé de Géographie (4e Trimestre 1882) fue utilizado ya por mí en mi carta etnográfica de todo el Archipiélago Filipino. En la presente carta de Mindanao, me vi precisado, para justificar más las comunicaciones de los jesuitas misioneros, de colocar más al sud Patro-

---

Laguna de Lanao en la carta aquella, mientras que en la del P. Heras aparecen ambos lagos unidos por un ancho canal. Yo coloqué en mi mapa el lago según el de los jesuitas, a la vez que yo seguí a la Sociedad Geográfica de Madrid en el trazado de aquel istmo que separa la bahía de Panguil de la bahía Illana. (N. del A.)

cinio, que lo estaba en la Carta de Montano. Este viajero con su alta concienzuda exactitud ha solamente trazado aquellas regiones del país, que él mismo había visitado, lo demás sin embargo sólo ha apuntado o dejado en claro, por lo cual aquella parte de Mindanao aparece en su mapa para el profano como una casi inexplorada tierra mientras que realmente no hay parte mejor conocida de aquella gran isla como el territorio del río Agusan, en cuyas orillas y en las de sus afluentes obtuvieron los jesuitas los más grandes éxitos y están los más importantes establecimientos de los Nuevos Crisitanos e Infieles reducidos. En mi carta aparece el curso del río Agusan desde Moncayo hasta su desembocadura en Butuan, trazado según Montano; solamente en la mitad de su curso cerca de Bunáuan, al Oeste de la Laguna de Linao, seguí el trazado del P. Heras, pues faltaba la Laguna Cadacum en el viajero francés. La Laguna de Linao tiene en Montano menor perímetro que en Heras, acaso solamente por la razón de que el jesuita comprendía en el lago los terrenos pantanosos y de inundación. Aún los más pequeños lagos que en la corriente superior del Agusan acompañan al río a mayor o menor distancia de sus orillas, así como los ríos afluentes están trazados según Heras, mientras que el río Tubay lo está, siguiendo al francés. El trazado del río Sálug[7] y Tágum está hecho según Montano, los ríos Libaganum, Tuganay y Lasan están en parte según Montano y Heras, en parte según los datos de la carta del P. Mateo Gisbert fechada: Davao, 17 Nov. 1881. Digna de notarse es la falta en la carta de Montano del río de Davao en cuyas orillas está la ciudad del mismo nombre; sin embargo de ser un río bastante considerable no lo encontramos en Montano absolutamente, como ya va dicho, y en Heras solamente en la 2ª edición puramente apuntado. Trazé su dibujo según aquel itinerario que se publicó en el *Comercio de Manila* (Mayo y Junio 1882) bajo el título: «De Davao a Misámis,» y que con toda su inexactitud (bajo un punto de vista científico estrictamente) nos ofrece sin embargo una aproximada idea de aquel río interesante. El río de Tagoloan está trazado según el artículo «Mindanao, sus Comunicaciones interiores,» aparecido en la *Oceanía Española* Núm. 133 (13 Junio 1882. Los datos de algunos periódicos de Manila, según los cuales . . . .[8]

[7] Montano escribe Sahug, como están en general desfigurados de mil maneras los nombres de su mapa, lo que no debe extrañar a nadie por la oscura pronunciación de los naturales. Yo escribí los nombres según los datos de los misioneros, los cuales por su larga residencia en el país, y por su conocimiento de los idiomas de los indígenas son los más propios jueces en esta materia. (N. del A.)

[8] Falta la página siguiente del Ms.—E.

Montañas, etc.

Las montañas de Mindanao están solamente apuntadas en mi mapa, puesto que acerca de ellas tenía material muy a propósito. Mindanao en su mayor parte es un país montañoso; las únicas grandes llanuras se encuentran en los cursos inferior y medio de los Ríos Agúsan y Pulangui (río grande de Mindanao) así como en las riberas del golfo de Davao. Solamente aquella tirada de montañas que desde la Bahía Illana se extiende hasta el volcán Apo, tiene un nombre propio, bastante extendido: Montes Rangaya o Cordillera Sugut, cuya más elevada cima lo forma el volcán Macaturing (m-n) cuya identidad con el V. de Cottabató (Sugut) está para siempre establecida. Está siempre en actividad, por más que sus erupciones adquieren solamente mayor consideración después de largos intérvalos. La mayor erupción de que se recuerda verificóse el 1º Nov. 1856, y produjo tal oscuridad en Polloc que se vieron obligados a encender luces durante las horas del día: esta lluvia de cenizas alcanzó hasta Zamboanga. A esta lluvia de cenizas siguió una granizada de candentes y ardientes piedras que se veía (*von Pollok her seine Hange herabstürzen*). Este fenómeno duró hasta el Marzo del siguiente año. Una pequeña erupción acompañó al terremoto del 65; en la época del terrible terremoto que en 1871 redujo Cottabató a escombros, estaba la cima del volcán envuelta en espesa nube de humo. En el mismo año sucedió también como es sabido, la erupción del volcán Catarman en la Isla de Camiguín (al N. de Mindanao). Bajo el título de «Composición geognóstica de algunas localidades del Sur» encontramos nosotros en la notable obra de Vidal y Soler, *Memoria sobre el Ramo de Montes en las Yslas Filipinas* (Madrid, Areban y Comp. 1874) las siguientes noticias sobre el territorio del R. Grande, así como sobre otras partes de la I. de Mindanao.

«En las orillas del R. Grande no he podido observar ninguna roca de origen volcánico; las colinas de Cudarang, cuyas formas cónicas dejan sospechar tal origen S. . . . (véase esta obra hasta . . . . ,

CINCO CUENTOS DE ANDERSEN

BREVE RESEÑA DE LA VIDA LITERARIA DE HANS CHRISTIAN ANDERSEN

De padres humildes, Hans Christian Andersen vió su primera luz en Odense, Dinamarca, el año 1805. A la edad viril él fue reconocido poeta y novelista. A los veinticuatro (24) publicó la obra jocosa suya, titulada «Un Viaje a Pie desde el Canal de Holman a la Punta Oeste de Amager». A ésta obra siguieron sus varias poesías, dramas, literaturas sobre viajes en prosa, y otras.

En 1835 escribió y publicó la primera parte de su «Cuentos de Hadas» (Fairy Tales) que más tarde ha sido aumentado sucesivamente, parte por parte hasta completarlo el año 1872. Esta obra que merecidamente se distinguió entre otras por razón de su valor y belleza literarias, fue la que brillantemente, había pintado la fecundidad mental de Andersen, recibiendo de parte de los que la habían leido, favorables y justas aclamaciones hasta que aquella llegó al extremo de ser traducida en diferentes lenguajes del mundo por la muy solicitada lectura de la misma.

Las obras famosas de Hans Christian Andersen, que fueron leidas y admiradas por el mundo lector, dió a él la más envidiable fama mundial de gran escritor literario, tan es así, que, en cada pueblo que él visitaba, la gente salían de sus hogares solo para saludarle ansiosa y alegremente; para rendirle el debido y bien merecido homenaje; y para manifestar su sincera admiración. Como prueba de amor, el pueblo erigió en su honor y memoria, un monumento, después de su más sentida muerte que ocurrió el 4 de Agosto de 1875.

ANG PUNÙ NG PINO*

Doon sa labas sa kagubatan ai mai nakatanim na isang magandá at maliit na punu ng̃ pino: mabuti ang kaniang kinalalagian, nagtatamó ng̃ init ng̃ arau, dî nagkukulang sa hang̃in, at sa palibut nia'i, mai nang̃agtayo pang ibang malalaking kasama, mang̃a pino at *fichten*.[1] Ng̃uni at ang maliit na punù ng̃ pino'i, ualang minamabuti kundî ang paglakí; dî nia pinahahalagahan ang mainit na arau at ang malamig na hang̃in, dî nia kinikibuan ang mg̃a batà ng̃ magsasaka na napaparoon at nagsasalitaan pag silai lumálabas na mang̃ung̃uha ng̃ fresas at franbuesas. Malimit silang dumating taglai ang isang punúng paliukan[2] o nagtuhug kayâ sa dayami ng̃ mg̃a fresas at saka maguupuan sa tabí ng̃ maliit na punù ng̃ pino at sasabihin: "Anong inam na lingit[3] nito!" Yto'i dî matiis pakingan nang kahoi.

Sa sumunud na taon sia'i lumakí ng̃ isang bukú, at isang taó'i humabang mulî ng̃ isa pa sapagka't mabibilang sa mg̃a bukú ng̃ punù ng̃ pino kung ilan nang taón ang kanilang tandâ.

"¡O, malakíng kahoi sana akó na paris ng̃ iba!" inihihimutok ng̃ maliit na kahuikahuyan. "Maibubuká ko sanang malayu sa palibut ang aking mg̃a sang̃a at ang akíng tuktuk ai makatatanau sa malayong mundo! Magsisipagpugad ang mg̃a ibon sa aking mg̃a sang̃a, at paghihip ng̃ hang̃in ai ako'i kikilingkiling sanang marang̃al na paris ng̃ ibá!"

Ualâ siang ligaya sa sikat ng̃ arau, sa mg̃a ibun at mapupulang alapaap, na umaga at hapon ai sa itaas nia'i nang̃aglalayag.

Kung dumadaan ang tag-ginau at ang *nieve* (busilak?)[4] ai lumalatag at kumikinang sa putî sa palibut, malimit dumaraang paluksú ang isang *liebre* sa ibabau ng̃ maliit na kahoi. ¡O, yao'i nakakapagng̃alit![5] Ng̃uni at nakaraan ang dalauang tag-ginau at sa ikatlo ang kahuikahuya'i lumaki nang totoo na ang liebre ai napipilitang lumigid. "¡O tumaas tumaas, lumakí at tumandâ, yan lamang ang tunai na karikítan dito sa lupà!" siang iniisip ng̃ kahoi.

---

* Sa lahat ng mga pamankin, sa Paskó ng Panganganak.

[1] Fichten: (Bot.) Palabra alemana; pruche.

[2] Paliukan: debe decirse «palayók» que es la olla hecha de barro.

[3] Lingit: arbusto.

[4] Busilak: copo (de nieve).

[5] Nakakapagngalit: hace indignar.

Sa taglamig ai laging dumadating ang magkakahoi at pumuputul ng ilan sa pinakamalalaking punú; taon taon ito,i nangyayari, at ang batang punù ng̃ pino, na ng̃aio'i malaki na, ai pinang̃ing̃ilabutan; sapagkat nang̃abubual na naglalagitikan[6] at nagkakalabugan ang mg̃a matatayug at magagandang kahui, ang mg̃a sang̃a'i pinuputul at ang mg̃a punù'i tila nahuhubaran, namamayat at humahabà, halus dî na sila makilala. Ng̃uni at pagkatapus ai isasakai sila sa kariton, babatakin ng̃ mg̃a kabayo at ilalabas ng̃ gubat.

Saan paparoon sila? Anó ang nagaantay sa kanila?

Pag pamumulaklak ng̃ mg̃a halaman pagdating ng̃ mg̃a tagak (cigüeña) at ng̃ mg̃a layang-layang,[7] tatanung̃in sila ng̃ kahui. "Dî ba ninio alam kun saan sila dinalá?" Nasalubung ba ninio?"

Ualang masabi ang mg̃a layang-layang, ng̃uni at ang tagak ai tila magninilainilai, itatang̃ú ang ulu at magsasabi: "Oo, ang akalà ko; mai nasalubung akong maraming mg̃a bagong sasakian, ng̃ ako'i lumipad na mangaling sa Egipto; sa ibabau ng̃ mg̃a sasakian ai mai nang̃agtayong mariríkit na *albor*,[8] mapaniniualaan kong sila ng̃a yaon, sila'i mai amui sahing; sila'i binabatì kong malimit ng̃uni at nang̃agmamalakí, sila'i nagmamalakí."

"O, ako sana'i lumaki ng̃ kainaman upang makapaglayag sa ibabau ng̃ dagat. Ano ng̃a bagang tunai yaon dagat, ano ang kaniang ayos?"

"Sia ng̃a, yai dî madaling paliuanagan!" ang sagot ng̃ tagak at sakâ lumipad.

"Kaligayahan mo ang yong kabataan!" ang sabi ng̃ mg̃a sikat ng̃ arau; "Kaligayahan mo ang maaga mong paglaki, ang batang buhai na sumasayo!"

At hinahalikan ang kahoi ng̃ hang̃in, at dinidilig sia ng̃ luhà ng̃ hamog, ng̃uni at itó'i dî inaantala[9] ng̃ punù ng̃ pino.

Paglumalapit na ang Pasco ng̃ Pang̃ang̃anak, ai pinuputul ang mg̃a batang batang kahui, mg̃a kahui na dî man lamang kasinglakí ó kasingtandâ nitong punù ng̃ pino na dî tumitigil at dî nagpapahing̃a, kundî laging nahihilì; itong mg̃a batang kahui na sia pa manding pinakamagagandá sa lahat, ai tina-

---

[6] **Naglalagitikan:** crujiéndose.
[7] **Layang-layang:** golondrina.
[8] **Albor:** palo de una banca.
[9] **Di inaantala:** no le detiene, no le impide.

taglai ang lahat nilang sañgá; isasakai sila sa kariton babatakin ñg mga kabayo at ilalabas ñg gubat.

"Saan paparoon silá?" ang tanong ñg punù ñg pino. "Sila'i dì malalakí kaisa sa akin, at ang isa'i kung magkataon ai maliit pa ñga; bakit at dì sila hinuhubdan ñg mga sañgá? Saan sila mañgañgariton?"

"Ya'i alam namin! Ya'i alam namin!" ang irit ñg mga maya. "Sa labak doon sa bayan, kami'i sumilip sa bintanà! Alam namin kung saan sila mañgañgariton! O, sila'i nagkakamit ñg malaking karikitan at karañgalan, na dì maabut maisip. Kami'i sumilip sa bintanà at aming nasuliapan na sila'i itinatanim sa gitnâ ñg mainit na salas at pinamumutihan ñg maririkit na bagai, mga manzanas na balot ñg gintû, mga matamis, bibinkang mai pulutpukyutan, mga laruan at mga libong ilau."

"At sakâ?" ang tanong ñg punù ñg pino na nañgiñgilig[10] sa lahat ñg sañga.

"Sia ñga, iba sa dian ai ualâ na kaming nakita. Yao'i marikit na hindì matumbasan!"

"Nalalaan baga kaya ako naman na magdaan dito sa makinang na landas?" ang sabing mai tuâ ñg punù ñg pino. "Yto'i lalong magaling pa sa pumasa dagat. Anong pagkalunkut ko sa pagaantai! Dumating na sana ang pasco ñg Pañgañganak! Ngaion mataas na ako at mayabung na paris ñg ibang kinuha rito ñg taong nagdaan! O, nakasakai na sana ako sa kariton nakatanim na sana ako sa mainit na salas, punû ñg lahat ñg karikitan at karañgalan! At sakâ? Sia at sakâ lalò pang magaling ang darating lalong maganda, at kung hindì, bakit nila ako pakakapamutihan?[11] Dapat pa ñgang dumating ang ibang lalong marikit at marañgal! Datapua at ano? Ay! ako'i nahahapis, ako'i nalulumbai, ako mai dì ko rin maalaman kung ano ang akin!"

"Ykaligaya mo kami!" ang sabi ñg hañgin at nang liuanag ñg arau; ikaligaya mo ang murà mong kabataan sa gitnâ ñg gubat!"

Ñguni at hinding hindì mandin sia nagsasaya; sia'i lumaki ñg lumaki, tagginau at taginit ai nakatayû siang sariuà; verdeng magulang ang kaniang kulai, at ang mga taong nakakamalas sa kania'i nagsasabi: "Ayan ang isang magandang kahui!"

---

10 **Nangingilig: se estremecía.**
11 **Pakakapamutihan: me adornan.**

at sia ang unang pinutul pagdating ng̃ pasco. Ang palakul ai bumaong malalim hangang ubud; nabual nanagbubuntong hiningá ang kahui sa lupà, nakaramdam ng̃ sakit, nanglambot, hindî nia maala-ala ang anomang ligaya, nalulunkut siang humiualai sa kaniang tinubuang lupà, sa lupaing kaniang sinibulan; talos na nia na dî na muling kikitain ang mga liag[12] at matatandang kasama, ang maliit na tumuk,[13] ang mg̃a bulaklak na naglibut, sia ng̃a, at marahil pati ng̃ mg̃a ibon. Ang pagalis ai ualang anomang kasayahan.

Pinagsaulan lamang ng̃ loob ang kahui ng̃ sia'i maibabâ na sa patio kasama ng̃ ibang mg̃a kahui, at narinig ang sabi ng̃ isang tao: "Yto ang maganda! Yto lamang ang aming kailang̃an!"

At sakâ dumating ang dalauang alilang marikit ang gayak at dinalá ang punù ng̃ pino sa isang malaki at magandang salas. Sa palibut ng̃ mg̃a dinding nagbitin ang mg̃a larauan, at sa tabi ng̃ malaking apuyang pingan, nakatayô ang dalauang malalaking tibul[14] insik na mai león sa mg̃a panakip; doo'i mai mg̃a upuang uuga-ugâ, mg̃a sofang sutlâ, malalapad na mesang punû ng̃ mg̃a librong malarauan, at mg̃a larawang mai isandaang libong piso.

Ytinayô ang punù ng̃ pino sa isang malaking pasô na punû ng̃ buhang̃in, ng̃uni at ualang makapagsasabi na yao'i pasô, sapagkat pinalibutan ng̃ mg̃a papel at damit na verde at ipinatong sa isang malapad at sari-saring kulai na alfombra. O, anong pang̃ang̃atal ng̃ kahui! Anó ng̃a kayâ ang mangyayari? At pinamutihan sia ng̃ mg̃a alila pati ng̃ mg̃a dalaga. Sa isang sang̃á isinabit ang maliliit na lambat na ginupit sa papel na makulai, at ang balang lambat ai punû ng̃ mg̃a *confites* at mg̃a matamis; binitinan ng̃ mg̃a manzanas at apulid[15] na balot ng̃ gintû na tila doon din sumibul at itinaling mahigpit sa mg̃a sang̃á ang mahigit na isang daang mapupula, azul at mapuputing ilau-ilauan. Manikaang tila mg̃a tao—ng̃aion lamang nakakita noon ang kahui—ai naggagalauan sa mg̃a sang̃a at doon sa itaas sa taluktuk ai itinalì ang isang bituing oropel na kulai gintû. Yaon ng̃a'i marikit, di masasabing labis ng̃ dikit!

"Ng̃aion gabi," ang sabi ng̃ lahat, "ng̃aiong gabi sia magliliuanag."

---

12 Liyag: amor, novio o novia.
13 Tumuk: pequeño y denso matorral.
14 Tibul: tinaja.
15 Apulid: (Bot.) Una clase de tubérculo con pellejo de color negruzco, carne blanca un poco cenizada y se cruje al mascarlo.

"O," ang iniisip ng̃ kahui, "maging gabi na sana! Paninga̅sin na sana agad ang mga̅ ilau. At sakâ ano ang mangyayari? Mangagaling kayâ bagang darating ang mga̅ kahoi, sa gubat at ako'i panonoorin? Magliliparan kayâ baga ang mga̅ maya sa salamin ng̃ bintanà? Dito kayâ bagá ako mabubuhai at taglamig at tagarau ai tatayong mai pamuti?"

Sia nga̅, hindî sia makasagot; ng̃uni at sia'i pinagsasak'tan sa takupis[16] dahil sa pagaantai, at ang sakit sa takupis ng̃ mga̅ kahui ai kaparis, kasing samâ sa atin ng̃ sakit ng̃ ulu.

Ng̃aion pinaninga̅san na nga̅ ang mga̅ ilau. Anong liuanag, anong dikit! Pinanga̅ninga̅nigan ang kahui sa lahat ng̃ sanga̅, kayâ nga̅ at sinunug ng̃ isang ilau ang dahundahunan; nasalab nga̅ siang magaling.

"Yadiá tayo ng̃ Dios!" ang sigau ng̃ mga̅ dalaga at inagapan siang pinatai.

Ng̃aion hindî nga̅ dapat manga̅nig ang kahui. O, yao'i nakapanga̅nga̅ilabut! Nakalulungkut sa kania ang pagkasirà nang alin man niang hias; sia'i nabubulagan sa lahat ng̃ kaniang dilag. Siang pagkabukas ng̃ dalauang paipai ng̃ pintu, at nagpasukan ang isang buntung mga̅ batà, tila baga ibig nilang salakayin ang kahui, kasunud ang mga̅ matatandang marahan at panimdimin,[17] ang mga̅ maliliit ai napipi, ng̃uni at sumandalî lamang, kapagdaka'i sila'i nagsigauan na matunug ang inga̅i, nagsayauan sa palibut ng̃ kahui, at sunud-sunud na pinagpítasan ang nanga̅gsabit.

"Ano ang ginagauâ ninio?" ang ibig isigau ng̃ kahui. "Ano ang mangyayari?" Nanga̅uupus na ang manga̅ kandilà hangang sanga̅, at kapag sila'i nauupus, ai agad na pinapatai, at sakâ pahihintulutan ang mga̅ batang lusubin ang kahui. Gaion kadahas ang kanilang pagkukulumut[18] sa kania, na ang lahat ng̃ sanga̅ ai nagiiritan;[19] at kung hindî sana itinalì sa bubung ang kaniang taluktuk pati ng̃ bituing gintû, ai tunai sana siang nabual.

Ypinagsasayauan ng̃ mga̅ batà ang kanilang maririkit na laruan sa palibut, sinoma'i ualang natinga̅in sa kahui, maliban na sa matandang sisiua[20] na lumapit at sumilip sa mga̅ sanga̅; ng̃uni

---

16 Takupis: cáscara dura del árbol.
17 Panimdimin: que meditan, meditabundos.
18 Pagkukulumot: ataque.
19 Nagiiritan: crujiéndose.
20 Sisiwa: ordinariamente, la mujer que se encarga de cuidar a los niños.

at kayâ lamang ai nang tingnan baka mai nalimutang *manzanas* ó *higos*.

"Ysang salitâ! Ysang salitâ!" ang hiyauan ng̃ mg̃a batâ at hinila ang isang maliit at matabang lalaki sa tabi ng kahui, at siya ng̃a'i naupu sa ilalim, "sapagkat", ang uika nia, "tayo sisilong, at ang kahui ai mai roon ding mapapakinabang, kung makinig! Nguni at isa lamang ang sasalit'in ko. Ybig ninió ang kai Yvede-Avede ó ang kai Klumpe-Dumpe na nahulug sa hagdanan ng̃uni at pinarang̃al at tumangap ng̃ isang Princesa?"

"Yvede-Avede!" ang sigau ng̃ ilan, "Klumpe-Dumpe!" [21] ang sigau ng̃ iba. Yao'i isang sigauan at hiyauan! Ang punù lamang ng̃ pino ang hindî umimik at dî kumibo at nagiisip: "Hindî ba ako kasali, ualâ ba akong sukat magagauâ? Nakisama ng̃a sia at pinaoohan ang anomang mangyayari.

Sinalitâ ng̃ tao si Klumpe-Dumpe na nahulug sa hagdanan ng̃uni at pinarang̃al at tumangap ng̃ isang princesa. At ang mg̃a batà'i nagpapakpakan at nagsisigauan: "Salitâ, salitâ!" At ibig ng̃a nilang mapakingan ang buhai ni Yvede-Avede, ng̃uni ualâ silang narinig kundî ang kai Klumpe-Dumpe. Nakatayong pipi ang punù ng̃ pino at nagninilai-nilai, kailan man ai dî nakapagsalitâ ng̃ kaparis ng̃ mg̃a ibon sa gubat. "Si Klumpe-Dumpe ai nahulug sa hagdanan at sakâ nagkamit ng̃ princesa! Sia ng̃a, sia ng̃a; ganian ng̃a ang lakad ng̃ mundo!" ganito ang isip ng̃ punù ng̃ pino at ang akala yao'i tunai, sa pagka at mahusai na tao ang nagsalitâ. "Sia ng̃a, sia ng̃a! ganian ng̃a ang lakad ng̃ mundo!" ganito ang isip ng̃ punû ng̃ pino at ang akala yao'i tunai, sa pagka at mahusai na tao ang nagsalitâ. Sia ng̃a, sia ng̃a! Marahil ai mahulug naman ako sa hagdanan at magkaroon ng̃ isang princesa!" At natutuâ siang sa susunud na arau sia'i pamumutihang mulî ng̃ mg̃a ilau, laruan, gintû at mg̃a bung̃a ng̃ kahui.

"Bukas hindî ako mang̃ing̃inig!" ang sabi nia sa sarili. "Ybig kong lasapin ang lahat na aking karang̃alan. Bukas maririnig kong mulî ang Salitâ ni Klumpe-Dumpe at marahil pati ng̃ kai Yvede-Avede!" At tumayong magdamag pipi at maisipín ang punù ng̃ pino.

Nang kinaumagaha'i nasok ang mg̃a alilà at ang dalaga sa loob.

"Ng̃aion sisimulaan na namang bago ang sayá!" ito ang isip ng̃ kahui; ng̃uni at sia'i ilinabas sa salas, iniakiat sa itaas

---

[21] Klumpe-Dumpe: un personaje en el cuento inglés titulado *Through the Looking Glass.*

sa kisami, at ilinagai sia sa isang súluk, doon sa hindî naaabot ng̃ sikat ng̃ arau. "Ano ang kahulugan nitó?" ang sabi ng̃ kahui. "Ano ang gagauin ko rito? Ano ang sukat kong mari-rinig dito?" Humílig sia sa pader at isip nang isip. At labis ang panahon nia sapagkat gabi at arau ai nagsipagdaan; ualâ isa mang umakiat at kung sakali at mai isang pumanhik ai kayâ lamang ng̃ maisiksik sa súluk ang isang malaking kahon; naka-tago ng̃ang lubus ang kahui at mapaniniualaang sia'i kinali-mutan.

"Ng̃aio'i tagginau sa labas!" ang sabi sa sarili ng̃ kahui. "Matigas ang lupà at balot ng̃ busilak (nieve?), ang mg̃a tao ai hindî makapagtanim; dahil dito ai ako'i itinatago hangang dumating ang tagbulaklak! Anong galing ng̃ kanilang isipan! Anong buti ng̃ mg̃a tao! Kung hindî sana lamang dito madilim at katakuttakut na ilang! Úala isa mang maliit na liebre! Anong dikit ng̃a doon sa labas sa kagubatan, paglumalatag ang busilak, at ang liebre'i dumadaang paluksu, at pag ako mai lina-lakdauan, sia ng̃a; ng̃uni at noo'i diko yaon matiis. Dito sa itaas ai katakuttakut na ilang!"

"Pip, pip!" iirit ang isang bubuit at lulundag sa tabi; at saka darating pa ang isang maliit. Ynamuyan ang punù ng̃ pino at sakâ nagakiatan sa kaniang mg̃a sang̃a.

"Katakuttakut na ginau!" ang sabi ng̃ mg̃a bubuit. "Kung hindî ai mabuti sanang mátira dito; dî ng̃a ba, ikau, matandang punù ng̃ pino?"

"Ai, ako'i hindî matandâ!" ang sagot ng̃ punù ng̃ pino; "mai marami pang lalong matandâ sa akin!"

"Saan ka nangaling?" ang tanong ng̃ mg̃a dagâ, "at ano ang nalalaman mo?" Sila'i labis mausisà. "Salit'in mo ng̃a sa amin ang mg̃a karikitdikitang lugar sa lupà! Nátira ka ba roon? Nakaparoon ka ba sa taguan ng̃ ulam, doon sa mai kesong naka-latag sa tablá, at mai mg̃a jamong nagbitin sa palupu,[22] doon sa pinagsasayauan sa ilau ng̃ kandilà, payat kang papasuk at matabâ kang lalabas?"

"Ya'i diko kilalá" ang sagot ng̃ kahoi; "ng̃uni at kilala ko ang gubat na sinisikatan ng̃ arau at inaauitan ng̃ mg̃a ibon!" At sakâ sinalitâ niang lahat ang kaniang pagkabatà, kailan ma'i di nakarinig ng kaparis ang mg̃a bubuit, at sila ng̃a'i nakikinig at nagwika: "Anong dami ng̃ yong nakita! Anong palad ang naging iyo!"

---

[22] Palupo: la parte del tejado que cubre la apertura de este, en su cumbre.

"Ako?" ang tanong ng̃ punù ng̃ pino at paguauariuariin ang kaniang sinalitâ. "Sia ng̃a, tunai ng̃a silang masasayang panahon!" At sakâ sinalitâ nia ang gabi ng̃ pasco ng̃ Pang̃ang̃anak ng̃ sia'i mai pamuting mg̃a bibingka at ilau.

"O," ang sabi ng̃ mg̃a bubuit, "anong palad ang naging iyo matandang punù ng̃ pino!"

"Hindî mandin ako matanda!" ang tugun ng̃ kahui; "ito lamang tagginau na ito nangaling ako sa gubat! Ako'i nasa kasaganaang panahon, ganito lamang ang sibul ko."

"Anong inam mong magsasalitâ!" ang sabi ng̃ mg̃a bubuit at sa sumusunud na gabi'i dumating silang kasama ang apat na ibang bubuit, na makikinig ng̃ salitâ ng̃ kahui, at lalong sinasalitâ nia, lalong naaala-ala niang lahat na maliuanag at iniisip: "Masasayá ng̃a palang panahon yaon. Ng̃uni at sila'i makapagbabalík, makapagbabalík. Si Klumpe-Dumpe ai nahulug sa hagdanan ng̃uni at nagkamit ng̃ isang princesa; marahil ai ako'i magkakamit din ng̃ isang princesa." At sakâ naalaala nia ang isang maganda at maliit na *Koles-Moluko*[23] (*Lioka*) na sumisibul rin sa labas sa kagubatan; yao'i para sa punù ng̃ pino ai isang tunai at magandang princesa.

"Sino ba yaong si Klumpe-Dumpe?" ang tanong ng̃ mg̃a bubuit. Sinalitâ ng̃a ng̃ punù ng̃ pino ang buung buhai, naaalaala nia pati ng̃ kaliitliitang uika; tuang tuâ ang mg̃a bubuit na ibig luksuhin ang tuktuk ng̃ kahui. Sa sumunud na gabi nagsidating pa ang marami pang bubuit, at ng̃ lingo ai dalaua pa manding malaking dagâ na nagsasabi datapuâ na ang salita'i hindî maganda, na ikinalunkut ng̃ mg̃a bubuit, sapagka't nang magkagayon, naual'an din naman sa kanila ng̃ halagá.

"Ualâ ba kayong nalalaman kundî isang salitâ?" ang tanong ng̃ mg̃a dagâ.

"Yisa lamang," ang sagot ng̃ kahui; "sia'i narinig ko niaong kaligaligayahang gabi, ng̃uni at noo'i hindî ko inakalang ako'i puspus ng galak."

"Ya'i isang ualang kasaisai-saisai[24] na salitâ! Ualâ ba kayong nalalaman isang salitâ ng̃ taba ng̃ babui, at ilan ng̃ sebo? Ysang salitâ sa taguan ng̃ ulam?"

"Ualâ!" ang sagot ng̃ kahui.

"Kung ganoo'i maraming salamat!" ang sagot ng̃ mg̃a dagâ at nagsibalik sa kanilang mg̃a lungâ.

---

[23] Koles-Moluko: (Bot.) Abedul, cualquier árbol o arbusto del género de *betula*, de las cupulíferas.

[24] Walang kasaisai-saisai: no sirve para nada.

Ang mg̃a bubuit ai nagsialis din naman pati, nang magkagaio'i nagbuntung hining̃a ang kahui: "Anong sayá ng̃a mandin ng̃ sila'i naguupuan sa aking palibut, silang mg̃a malilikut na bubuit, at pinakikingan ang aking pagsasalitâ! Ng̃aion ito nama'i lampas na! Ng̃uni at dî ko lilimuting ito'i kaligayahan pag ako'i inalis dito!"

Datapuâ't kailan ito nangyari? Sia ng̃a, isang umaga, nagdating̃an ang mg̃a tao at lininis ang kisami; inalis ang mg̃a *cajon,* ilinabas ang kahui; inihagis siang biglâ sa sahig, ng̃uni at inihulug sia sa hagdanan ng̃ isang alilà, doon sa naliliuanagan ng̃ arau.

"Ng̃aion mabubuhai tayong muli!" ang isip-isip ng̃ kahui; naramdaman nia ang malamig na hang̃in, ang mg̃a unang sikat ng̃ arau, at ng̃aio'i inilabas sia sa patio. Ytong lahat na ito'i nangyaring mabilis, ang kahui nakalimut magmalas sa sarili sa karamihan ng̃ mamalasin sa paligid. Ang patio'i karugtung ng̃ isang halamanan namumulaklak na lahat; nagtayong sariuà ang mg̃a rosas at bumabang̃ong masangsang[25] hangan sa labas ng̃ bakod, nagsisipamulaklak ang mg̃a tilo, at nagsasalimbawan ang mg̃a layang-layang at naghuhunihan: "Kuirrebirrebit, ang aking tao'i dumating na!" Ng̃uni at hindî ang punù ng̃ pino ang ibig nilang sabihin.

"Ng̃aion ako mabubuhai!" ang hiau niang mai galak at ikinadkad ang kaniang mg̃a sang̃a; ng̃uni at sa abâ, tiû at madidilau silang lahat; at sia'i nakahandusai doon sa gitnâ ng̃ mg̃a kalit-kalit[26] at mg̃a lipá.[27] Ang bituing oropel ai nakatayû pa doon sa itaas sa taluktuk at kumikinang sa maliuanag na sikat ng̃ arau.

Sa patio mai nagsisipaglarô ang dalauá sa mg̃a batang nagsayau sa ligid ng̃ kahui at natuâ sa kania niaong pascó ng̃ Pang̃ang̃anak. Ysa sa kaliitliitan ai tinakbo sia at linagot ang bituing gintû.

"Tingnan mo kung ano ang natitirá pa sa buluk at matandang punù ng̃ pino!" ang sabi nia, at niyurakan[28] ang mg̃a sang̃a na naglalagitikan sa yapak ng̃ kaniang mg̃a botas.

Tiniting̃alâ ng̃ kahui ang lahat ng̃ ganda at kasariuaan ng̃ mg̃a bulaklak sa halamanan, nagmamasid sia sa sarili at nina-

---

[25] **Masangsang:** olor fuerte; fragancia ofensiva.
[26] **Kalit-kalit:** una clase de hierba.
[27] **Lipá:** una clase de hierba que causa picazón al cuerpo.
[28] **Niyurakan:** pisoteó.

nasà na sia sana'i natira sa madilim na súluk doon sa taguan; kaniang inaala-ala ang sariuà niang kabataan sa gubat, ang masayang gabi ng̃ pasco ng̃ Pang̃ang̃anak at ang mg̃a maliliit na bubuit na masayang nagsipakinig ng̃ buhai ni Klumpe-Dumpe.

"Lipás na, lipás na!" ang sabi ng̃ kaaua-auang kahui. "Kinaligayahan ko sana niaong naaarì pa! Lipás na, lipás na!"

Ang alila'i dumating at pinagputul-putul ang kahui ng̃ maliliit na pirasu at binigkis; maning̃as siang nagalab sa ilalim ng̃ taliasin[29] pakuluan. Naghihimutuk ang kahui at balang isang himutuk ai katulad ng̃ isang mahinang putuk; kayâ ng̃a naglápitan ang mg̃a batâ, na doo'i nagsisipaglarô hinarap ang apui, sinilip at nagsigauan: "Piff, paff!" Ng̃uni at sa bauang siang putúk, na malalim na buntung hining̃a ai inaala-ala ng̃ kahui ang isang hapun ng̃ tagarau sa gubat, o isang gabi kayâ ng̃ tagginau doon sa labas; inaala-ala ang gabi ng̃ pasco ng̃ Pang̃ang̃anak at si Klumpe-Dumpe ang kaisa-isang salitâ na kaniang napakingan at narurunung̃ang[30] salitain—at sakâ na tipug[31] ang kahui.

Ang mg̃a bata'i naglalaro sa halamanan, at taglai ng̃ kaliitliitan ang bituin gintû sa dibdib na dinalá ng̃ kahui niaong kaniang kasayasayahang gabi; ng̃aion lumipas na sia, lumipas na pati ng̃ kahui, at pati ng̃ salitâ; tapus na, tapus na at gaion ang nangyayari sa lahat ng̃ salitâ!

SI GAHINLALAKÍ*

(Sa mg̃a pamanking babae.)

Mai isang babai, na totoong nagnanasang[1] magkaroon ng̃ isang anak-anakan ng̃uni at di nia maalaman kung saan sukat kunin. Naparoon ng̃a sia sa isang matandang bruha at nagsabi "Mamatamisin ko sana sa pusù ang isang anak-anakan, ¿masasabi mo baga sa akin kung saan ko sia kukunin?"

"Oo ng̃a, tayo'i madaling magkakasundô!" ang sagut ng̃ bruha. "Naito ang isang butil ng̃ *cebada;* ito ai hindî mandin

---

29 Taliasin: es «talyasí» utensillo de cocina hecho de cobre, que se asemeja al sartén pero es más hondo con un solo mango y hay un diámetro de ocho pulgadas.

30 Narurununungan: sabía.

31 Tipug: quemado.

* Si Gahinlalakí: La del tamaño del dedo pulgar.

1 Nagnanasang: deseaba.

kaparis ng̃ tumutubu sa bukid ng̃ magsasaká ó ng̃ ipinatutukâ sa mg̃a manok: itanim mo ito sa isang masetas, at ikau ai mai makikita at matatamo!"

Salamat sa yo ang sagut ng̃ babai at binigian ang bruha ng̃ sikolo,[2] at sakâ umuî sa bahai itinanim ang butil ng̃ *cebada,* at kapagkaraka'i sumibul[3] ang isang marikit at malaking bulaklak; anaki sia ai isang bulaklak ng bainò,[4] ng̃uni at ang mg̃a daho'i pugung na mahigpit tila baga sia nasasabuku pa.

"Marikit na bulaklak!" ang sabi ng̃ babai at hinalikan ang kaniang mg̃a mapupula at madidilau na dahon, at kapagkaraka, sa kaniang paghalik, ai nabuka at pumutuk ang bulaklak. Yao'i isa ng̃ang tunai na bainò at mapagmamasdan, ng̃uni at sa gitna ng̃ bulaklak, sa ibabau ng̃ úbud ai nakaupu ang isang maliit na batang babai, magandá at marikit; sia'i di malapad at dî mahaba sa isang hinlalaki kaya ng̃a Gahinlalakí ang ipinang̃alan sa kanía.

Ysang marikit[5] at binuling[6] balat ng̃ niogniogan[7] ang ibinigai sa kaniang tulugan, azul na mg̃a dahon ng̃ bulaklak ng̃ violeta ang panapin at isang dahon ng̃ rosa ang kumut. Doon sia natutulug kung gabi, ng̃uni at kung arau ai naglalarô sia sa ibabau ng̃ mesa, na linalagian ng̃ babai ng̃ isang pingang ligid ng̃ tuhug-tuhug na bulaklak na naglubug sa tùbig ang mg̃a tankai, sa ibabau ng̃ isang doon ay lumulutang na dahon ng̃ bainò umuupû si Gahinlalakí at nagpapatauid-tauid sa kabikabilâng tabi ng̃ pingan; dalauang mapuputing kiling[8] ng̃ kabayo ang kaniang mg̃a saguan. Yao'i anong dikit kung pagmasdan. Sia'i marunung namang umauit, at mainam at matamis na ualâ kayong kaparis na maririnig.

Minsan isang gabi, nang sia'i natutulug sa kaniang marikit na hihigan, mai nasuk na paluksu-luksung isang palakâ sa bintaná na mai basag na isang salamin. Ang palaka'i pang̃it, malaki at basâ, sia'i tumalon sa mesa na kinatutulugan ni Gahinlalakí balot ng̃ mapulang dahon ng̃ rosas.

"Maging asaua sana ng̃ aking anak itong magandang babai!" ang sabi ng̃ palakâ, at kinuha ang balat ng̃ niog-niogan

---

[2] Sikolo: 1/8 de cincuenta centavos (₱0.50) ó 6 1/4 centavos.
[3] Sumibul: brotó.
[4] Bainó: tulipán.
[5] Marikit: bonito, bonita.
[6] Binuli: esmerada.
[7] Niogniogan: coco niño.
[8] Kiling: grupo de cabellos gruesos del caballo que crecen a lo largo de su nuca.

na kinahihimbingan ni Gahinlalakí at lumuksu sa basag na salamin ng̃ bintanà, at bumabâ sa halamanan.

Doo'i mai umaagos na isang malakí at maluang na ilog; ng̃uni at ang pampang[9] ai putikan at lusak;[10] dito natitirá ang palakâ at ang kaniang anak. Hu, ito'i pang̃it, nakasusuklam[11] at kaparis ng̃ kaniang ina. "Kokak, kokak, brekkekekek!" Yto lamang ang kaniang nasabi ng̃ kaniang makita ang maganda at maliit na dalaga sa balat ng̃ niog-niogan.

"Huag kang kaing̃ai magsalitâ at magigising!" ang sabi ng̃ matandang palakâ. "Tayo'i malalayasan pa nia dahil at totoong magaan, anaki'i dapulak ng̃ Cisne.[12] Atin siang ilagai sa kalapadlaparan dahon ng̃ loto ó nenúfar sa ilog, na aariin niang pulû[13] dahil at sia'i magaan at maliit, doon di sia madaling makakaalpas[14] samantalang ating ihahandâ ang salas sa ilalim ng̃ putíkang ating tinitirahán."

Maraming "nenúfar" ang sumisibul sa ilog, malalapad at verde ang dahong tila baga lumulutang sa ibabau ng̃ tubig; ang dahong pínakamalayu ai pinakamalakí naman; doon naparoong lumang̃oi ang matandang palakâ at ipinatong ang balat ng̃ niog-niogan at si Gahinlalakí sa ibabau.

Maagang nágising ang taó-tauhan at ng̃ mamas'dan ang kaniang kinalalagian ai umiyak ng̃ kahapis-hapis,[15] sa pagkat ualâ kundî tubig sa palibot ng̃ malaki at verdeng dahon, at sia'i hindî makaahon sa pampang.

Nakadapâ ang matandang palakâ sa ilalim ng̃ putíkan at linilinis ang kaniang bahai ng̃ balangut[16] at dahon ng̃ kangkong—dapat dau yaon dumikit[17] para sa bagong manugang—at sakâ lumangoi sia na kasama ang kaniang anak, naparoon sa dahong kinalalagian ni Gahinlalakí. Ybig nilang kunin ang kaniang magandang hihigan na ilalagai sa silid bago sia dito masok. Yumukung malalim sa tubig, sa harapan nia ang matandang palakâ at nag sabi: "Mas'dan mo rito ang aking anak;

---

9 Pampang: ribera u orilla del río.

10 Lusak: parte lodazal de la tierra.

11 Nakasusuklam: detestable.

12 Dapulak ng císne: pequeñísimas y blandas plumas debajo de las grandes plumas del cisne.

13 Pulú: isla.

14 Makaaalpas: escaparse.

15 Kahapis-hapis: dolorosamente.

16 Balangut: una clase de hierba cuyas hojas largas se usan para la confección del sombrero, y para mecates.

17 Dumikit: quedarse bonito.

sia ang yong magiging asaua, at kayo'i mabubuhai na mainam doon sa ilalim ng̃ putikan!"

"Kokak, kokak, bekkerekekek!" ito lamang ang nasabi ng̃ anak.

Kinuha ng̃a nilá ang maliit at magandang hihig'an, at lumayong palang̃oi; ng̃uni at si Gahinlalakí ai nakaupung nagiisa at nagiiyak sa verdeng dahon, sa pagkat di nia ibig mátira sa bahai ng̃ kasuklam-suklam na palakâ ó pakasalán kaya ang kaniang pang̃it na anak. Ang mg̃a isdâ-isdaang naglalang̃uyan sa ilalim ng̃ tubig ai nakitang magaling ang palakâ at narinig ang sinabi; kayâ ng̃a iniultau[18] nilá ang kanilang mg̃a ulu, at ibig nilang makita ang maliit na dalaga. Mana'i[19] ng̃ kanilang masuliapan,[20] nagandahan silang totoo at naauâ sila sa kania dahil sa títira sa ilalim, sa pang̃it na palakâ. Hindì ng̃a, yao'i hindì maaarì! Nagtipun-tipun ng̃a silá sa ilalim ng̃ tubig sa palibut[21] ng̃ murang tankai, na nagtatang̃an sa dahon, ginitgit[22] at pinutul ng̃ kanilang mg̃a ng̃ipin sa punù, kaya ng̃a naanod na kasunud ng̃ agos ang dahon, dalá si Gahinlalakí sa ibabau, sa malayô na dì maaabutan ng̃ palakâ.

Naglayag si Gahinlalakí at nagdaan sa tapat ng̃ maraming malalaking bayan, at ang mg̃a maliliit na ibon ai nang̃agtayô sa mg̃a tankai ng̃ kahuyan, at nagaauitan pag sia'i nakita: "Anong kaliag-liag[23] ng̃ maliit na dalaga!" Naanod at naanod na palagi ang dahon at lumayô, at lumabas sa kabayanan.

Ysang marikit na paru-parong maputî lilipad-lipad sa kaniang palibut at sakâ dumapu sa dahon sapagkat natuâ sia kai Gahinlalakí. Yto nama'i totoong nagsasayá; sapagkat ng̃aio'i dì na sia maaabutan ng̃ palakâ, at magandang totoo ang kaniang pinaroroonan; sumisikat ang arao sa tubig na kumikínang na anaki sapang[24] ginto. Kinalag nia ang kaniang pamigkis,[25] itinalî ang isang dulu sa paróparó at ang kabila ai sa dahon; kaya ng̃a ito'i lalong tumulin sa paglakad, at pati sia sapagkat nakalulan ng̃a sia sa ibabau.

---

18 **Iniultau: asomó.**
19 **Mana'i: enseguida.**
20 **Masuliapan: vieron.**
21 **Palibut: al rededor.**
22 **Ginitgit: forzaron a cortar (con sus dientes).**
23 **Kaliag-liag: amabilísima.**
24 **Sapang: riachuelo.**
25 **Pamigkis: mecate u otra cosa para amarrar.**

Nagkataong dumating na lumílipad ang isang malaking salágubang,[26] sia'i nasuliapan at kapagkaráka'i niyapus[27] ng̃ kaniang mg̃a paa ang binibini[28] niang katauan at ilinipad sa itaas ng̃ isang kahui; ang verdeng dahon ai naanod sa ilog na paibabâ, kasama ang paróparó sapagka't ito'i nakatalî sa dahon at hindî makakalag na magisa. —

Anong pagkagitlá[29] ng̃ kaauaauang si Gahinlalakí ng̃ sia'i ilipad ng̃ salagubang sa itaas ng̃ kahui! Ng̃uni at lalong-lalû na ikinalulumbai[30] nia ang maganda at maputing paró-paró na itinalì nia sa dahon; kung sakalì at di sia makakalag, ai mamamatai sa gutum. Ng̃uni at ito'i dî inaantala ng̃ salágubang. Ydinapò sia sa kalakilakihang murang dahon ng̃ kahui, binigian sia ng̃ ubud ng̃ bulaklak na makakain, at nagsabi na sia'i magandá bagamat sia'i hinding-hindî sia *mukhang* (katulad ng̃ isang) salagubang. Malaonlao'i[31] nagdatin̄gan ang ibang salagubang na naninirâhan sa kahui at sia'i dinalau; minasdan nila si Gahinlalakí, at binaluktut ng̃ mg̃a dalaga ng̃ salagubang ang kanilang mg̃a sung̃ai-sung̃aiyan at ang sabi: "Ualâ mandin sia kundî dalauang paa; anong salantang[32]-ayus."—"Ualâ sia isa mang sung̃ai-sung̃ayan!" [33] ang sabi ng̃ isa. "Malantík mandin at maliit ang baiáuang pfui! anaki'i tao! Anong kapang̃it!" ang sabi ng̃ lahat ng̃ mg̃a babaing salagubang, ng̃uni at bago si Gahinlalakí'i totoong maganda. Yto'i alam din naman ng̃ salagubang na sa kania'i umagau, ng̃uni at ng̃ masabi ng̃ iba na sia'i pang̃it, naniualà din naman sia ng̃ malaun at ayau na siang ariin; pumaroon sia kung saan nia ibig. Ybinabâ ng̃a sia sa kahui, at ipinatung sia sa isang bulaklak ng̃ margarita;[34] doon sia nanang̃is dahil at sa kaniang kapang̃itan, na pati mg̃a salagubang ai di sia ibig ariin, ng̃uni at ang tunai sia'i kaibig-ibig[35] na dî abutíng isipan, kasing dikit at kasing linis ng̃ kadikitdikitang[36] dahon ng̃ bulaklak ng̃ rosas.

---

26 Salágubang: escarabajo.
27 Niyapus: abrazó.
28 Binibini: Señorita.
29 Pagkagitla: susto.
30 Ikalulumbay: entristece dolorosamente.
31 Malaonlaon: después de algún momento.
32 Salantang: pobrecita.
33 Sungai-sungaian: a modo de cuerno.
34 Bulaklak ng margarita: flor de margarita.
35 Kaibig-ibig: amable.
36 Kadikit-dikitang: hermosísimo.

Nabuhai na nagiisa sa malauak[37] na parang habang tagarau ang kaauà-auang si Gahinlalakí. Lumala[38] sia ng̃ isang duyan sa tankai ng̃ damó na kaniang ibinitin sa isang kahui-kahuyan sa ilalim ng̃ isang gabi, at gaion sia nakasilong sa ulan; kinikitil nia ang ubud na matamis ng̃ mg̃a bulaklak ng̃ makain at iniinom nia ang hamog na naglagai sa mg̃a dahon sa tuing umaga. Ganoon lumampas ang taginit at ang mulâ ng̃ tag-lamig. Ng̃unì at dumating ang tagginau, ang malamig at mahabang tagginau. Lahat ng̃ mg̃a ibon, na nang̃agsihuning maaliu[39] sa tabí nia'i nang̃agliparan, nang̃atuyû ang mg̃a kahui at ang mg̃a bulaklak; ang malapad na dahon ng̃ gabi na kaniang sinilung̃an ai naluui[40] at ualang natirá kundì isang madilau at tuyung tankai; naginau si Gahinlalakí ng̃ katakuttakut, sa pagka at ang kaniang mg̃a damit ai punit, at sia'i magandá at maliit na madaling malamigan. Umulan na ng̃a ng̃ busilak, at bauang busilak na lumagpak sa kania, ai para bagá kung tayo'i tabunan ng̃ isang punung pala sa pagka at tayo'i malalaki at sia'i gaga isang tumurû. Nagbalot ng̃a sia sa isang toiong dahon, ng̃uni at ito'i dì nakaiinit; sia'i nang̃ang̃atal[41] ng̃ ginau.

Sa tabi ng̃ gubat na kaniang kinadatin̄gan ai nalalatag ang isang malaking bukid, ng̃uni at ang *palai* (trigo) ai malaon ng̃ nagápas at ualang nang̃agtayu sa maginau na lupa kundì ang mg̃a linís at toiong tankai. Sila'i para manding isang buung gubat na kaniang tatahakin[42] at sia'i nang̃ang̃atal ng̃ ginau! Sumapit ng̃a sia sa pintuan ng̃ isang dagang bukid na mai isang lungaan[43] sa ilalim ng̃ mg̃a tankai ng̃ *palai.* Doon namamahai ang dagang bukid, mainit at mainam, punû ang kaniang bahai ng̃ *palai,* masaganâ ang kaniang kusinà at ang taguan ng̃ ulam. Tumayû ng̃a sa pintuan ang kaaua-auang si Gahinlalakí kaparis ng̃ang tunai ng̃ ibang batà ng̃ salantâ, at huminḡi ng̃ isang maliit na binlid[44] ng̃ *cebada,* sa pagkat dalauang arau na hindì sia kumakain ng̃ anomang bagai.

"Ykau, maliit na batà!" ang uikà ng̃ dagang bukid, sa pagkat isa sia rin ng̃ang mabuting matandang dagang bukid, "masuk ka sa mainit kong tirahan, at sumalo ka sa akin!"

---

37 Malawak: ancho, extenso.
38 Lumala: tejer.
39 Maaliu: alegremente.
40 Naluuy: se secó.
41 Nangangatal: tiembla.
42 Tatahakin: que habrá de caminar.
43 Lungaan: cavidad en la tierra.
44 Binlid: partícula del grano de arroz molido o quebrantado de otra manera.

Dahil at sia'i natuâ kai Gahinlalakí, ai nagsabi: "Sa boong tagginau makatítira ka sa akin, nguni at dapat mong linisin at ualisin ang aking bahai, pagsalitan[45] ako ng mga buhai na totoo kong ibig." Ginauâ nga ni Gahinlalakí ang nais ng mabuting matandang dagang bukid, at bumuti ang kaniang lagai.

"Ngaion magkakaroon tayong madalî ng panauhin," ang sabi ng dagang bukid. "Ang aking kapit-bahai ai mai ugaling dumalau sa akin lingu-lingó. Lalong mabuti pa ang kaniang buhai kaisa sa akin, malalaki ang kaniang mga salas, at balot ng isang magandá at maitim na balat na terciopelo. Kung sia sana'i maging asaua mo, ai bubuti ang yong lagai; nguni at sia'i dî nakakakita. Dapat mong salitain sa kania ang lalong karikitdikitang mga salitâ na yong nalalaman!"

Nguni at di ito pinangungusiuaan[46] ni Gahinlalakí, di nia ibig mapakasalan ang kapit bahai, sapagka't ito'i isang *topo* ó magdudukal-lupà.

Dumating ito dumalao bihís ang kaniang balat na terciopelo. Mayaman dau sia at marunung, ang sabi ng dagang bukid, ang kaniang bahai ai maluang ng maikadalauang puo sa bahai ng dagang bukid. Labis ang kaniang karununngan, nguni at dî nia matiis ang arau at ang magagandang bulaklak, masamang totoo ang sinabi nia ukul dito sapagkat kailan mai ai dî nia nakita.

Pinaauit si Gahinlalakí at ito nga ai umauit: "Lipad, salagubang!" at "Maglakad ang kura sa bukid!" Naibigan nga sia ng magdudukal-lupà dahilan sa matamis niang voces, nguni at ualâ itong sinabi na anoman sapagka't sia'i isang mapagnilai-nilai[47] na tao.

Mai hinukai siang isang bagong mahabang daan sa ilalim ng lupà mula sa kaniang lungâ hangan sa lungâ ng dagâ; pinahintulutan nga nia ang dagang bukid at si Gahinlalakí na magpasial doon kalimit nilá ibigin. Nguni at sinabi nia na huag katakutan ang isang buhai na ibon, na nakaratai[48] sa daanan; yao'y isang buung ibon mai pakpak at tukâ, na sa bantâ[49] nila ai kamamatai pa at kalilibin pa doon pa nga mandin sa pinaghukayan ng daan.

---

[45] **Pagsalitan: contar o decir un cuento.**
[46] **Di ito pinangungusiuaan: no le aprecia, ni da importancia.**
[47] **Mapagnilai-nilai: meditabundo.**
[48] **Nakaratay: acostado por una enfermedad.**
[49] **Bantá: al parecer.**

Ang *topo* ai nagtanõai nõ isang kaputul na buluk na kahui, na nagliliuanag nõang parang apui sa dilim, nagpáuna at tinanglauan silá sa mahabâ at madilim na daanan.

Nang sila'i makarating doon sa kinararatayan nõ patai na ibon, itinuun[50] nõ magdudukal-lupà ang malapad niang nõusu sa bubung[51] at inunkal[52] ang lupá, nang makagauâ nõ isang butas na mapagdaanan nõ liuanag na sisilang sa ilalim. Sa gitnâ nõ daanan nakahigâ ang isang patai na layan-layang, pik-pik[53] sa tagiliran ang magagandang pakpak, ang mõa paa at ulu ai tagû sa balahibu; masasabing namatai sa guinau ang kahabag-habag na ibon. Yto'i ikinahambal[54] ni Gahinlalakí, mahal sa kania ang lahat na mõa mumunting ibon, silai nanõagsihuni at nanõagsiirit[55] sa harapan nia habang tagarao; nõuni at ang *topo* ai sinikaran ang ibon nõ kaniang maikling paa at nagsalitâ: Nõaion hindì na sia nasipul![56] Ysa manding kahabaghabag na buhai ang lumitao sa lupang parang isang ibon! Salamat sa Dios at di magiging ibon ang alin man sa aking mõa anak; ang paris nitong ibon ai ualâ kundì ang kaniang *kuibit*,[57] at namamatai nõ gutum sa tagginau!"

"Sia nõa, ya'i masasabi ninió palibhasà kayo'i mapagisip na tao," ang sagut nõ dagang bukid. "Ano ang arì nõ ibon pagdating nõ tagginau kundì ang kaniang *kuibit*? Namamatai sa gutum at ginau; datapua at ang buhai ai tila marangal,[58] ang sabi!"

Si Gahinlalakí ai hindì kumibu; nõuni at nõ matalikuran nõ dalauá ang ibon, yumuku sia hinaui[59] ang mõa balahibong tumatakip sa ulu, at hinal'kan sa mõa pikit na mata.

"Marahil ai sia ang nagauit sa aking marikit nõ tagarau," ang kaniang isip-isip. "Anong laking ligaya ang ibinigai sa akin nõ sintang magandang ibon!"

Tinakpan nõ *topo* ang butas na pinagdaanan nõ liuanag nõ arau at inihatid ang mõa babai sa kanilang bahai. Nõuni at nõ kinagabihan ai hindì makatulug si Gahinlalakí, nagbanõon nõa sia at lumala nõ isang malaki at magandang baníg na dinalá sa ibon, ikinumot sa kania, at linagian sa palibut ang

---

50 **Itinuun:** lo fijó.
51 **Bubong:** tejado, bóveda.
52 **Inunkal:** excavó.
53 **Pikpik:** comprimido.
54 **Ikinahambal:** le hizo compadecerse.
55 **Nangagsiirit:** gorjearon.
56 **Nasipul:** silva.
57 **«Kuibit»:** silbido de un pájaro.
58 **Marangal:** honorable.
59 **Hinaui:** despejó.

ibon ng̃ malalambut na bulak na kaniáng nasumpung̃an[60] sa bahai ng̃ dagang bukid, upan ding huag totoong malamigan sa kinararatayang lupà.

"Samahan ka nauâ ng̃ Dios, maganda't maliit na ibon!" ang sabi nia. "Samahan ka nauâ ng̃ Dios at salamat sa yong maririkit na auit ng̃ tagarao, niaong mai dahon pa ang lahat ng̃ kahui, at mainit pang sinisikatan tayo ng̃ arao!" At sakâ ipinatong nia ang kaniang ulu sa dibdib ng̃ ibon, ng̃uni at nágitla kapagdaka, sapagka at tila baga tumitibuk[61] sa loob. Yaon ng̃a ang pusò ng̃ ibon. Hindî pa ng̃a patai ang ibon, sia'i hinimatai lamang, at ng̃aiong muling nainitan, ai pinagsaul'an[62] ng̃ buhai.

Pag pasuk ng̃ taglamig nang̃agliliparan ang lahat na layang-layang tung̃u sa maiinit na lupà; ng̃uni at itong isa ai nahulí, inabot ng̃a ng̃ ginau, at lumagpak na parang patai, nátira sa linagpakan at natabunan ng̃ malamig na busilak.

Nang̃inig si Gahinlalakí ng̃ labis, sia'i gitlang gitlá, sapagkat ang ibon ai malaki, malaki ng̃ang labis kaisa kania na gagadaliri lamang kalakí, ng̃uni at nagtapang-tapang̃an, pinagiging[63] binalot ng̃ bulak ang layang-layang, kinuha ang isang dahon ng̃ *menta,* na kaniang kumut, at itinakip sa ulu ng̃ ibon.

Dinalau niang mulî sa sumunud na gabi, at natagpuan ng̃a niang buhai, ng̃uni at mahinang-mahina, bahagiâ nang maimulat[64] na sumandalî ang mg̃a matá at mating'nan si Gahinlalakí, na nakatayu sa harapan nia taglai ang isang kaputul na buluk na kahui, sapagka at ualâ siang ibang linterna.

"Salamat sa yo, ikau magandá at maliit na batà!" ang sabi ng̃ maisakit na layang-layang. Madaling akong nainitan; madaling pagsasaulian ako ng̃ lakás at muling makapagpapalipad-lipad doon sa labas sa mainit na sikat ng̃ arau!"

"O," ang sagot ni Gahinlalakí, "maginau doon sa labas, nahuhulog ang busilak at namumuô ang tubig! Matirá ka sa mainit mong baníg, at aalagaan ng̃a kita!"

Dinal'han ng̃a nia ang layang-layang ng̃ tubig sa isang dahon ng̃ bulaklak, uminom ng̃a ito at sinalitâ sa kania ang pagkakasugat ng̃ isa niang pakpak sa tinikan, at dahil dito'i dì

---

60 Nasumpungan: ha encontrado.
61 Tumitibok: late.
62 Pinagsaul'an: se le volvió.
63 Pinagiging: buenamente, debidamente.
64 Maimulat: pudo abrir.

sia nakalipad na mabilís paris ng̃ ibang mg̃a layang-layang, na nang̃agsilayû na, doon sa malayù, sa mg̃a maiinit na lupà. Ng̃ malaon ng̃a ai nahulug sia sa lupà. Ualâ siang masabi kundî ito at dî man nia matantô[65] kung bakit sia hangan dito nakasapit.

Tumirá sia doon sa ilalim habang tagginau, inaalagaan siang mahal ni Gahinlalakí, ni ang topo, ni ang dagang bukid ai ualâ mang namalayan, sapagka at hindî ng̃a nila matiis ang kaaua-auang layang-layang.

Pagdating ng̃a ng̃ pamumulaklak ng̃ mg̃a kahui at pagsikat ng̃ mainit na arau sa lupà, ai nagpaalam ang layang-layang kai-Gahinlalakí, na binuk'san ang butas gauâ sa bubung ng̃ mag-dudukal-lupà. Maaliu na pinasok silá ng̃ sikat ng̃ arau, at iti-nanong ng̃ layang-layang kung ibig niang sumama; makauupu rau sia sa kaniang balugbug,[66] at lilipad silá sa malayu, sa ma-dahong gubat. Ng̃uni at talos[67] ni Gahinlalakí na ikalulungkut ng̃ matandang dagang gubat ang kaniang paghiualai.

"Hindí, hindî ako makasasama!" ang sagot ni Gahinlalakí.

"Paalam sa yo, paalam, ikau mabait at magandang dalaga!" ang sabi ng̃ layang-layang at lumipad sa labas sa sikat ng̃ arau. Sinundan sia ng̃ matá ni Gahinlalakí at pinang̃iliran[68] ng̃ luhà sa pagka at mahal sa kaniang loob ang abang layang-layang.

"Kuibit, kuibit," ang huni ng̃ ibon at lumipad sa makahui na gubat. Si Gahinlalakí ai totoong nalungkut. Di sia pinahi-hintulutang pumaroon sa mainit na sikat ng̃ arau. Ang pálai, na nakatanim sa bukid sa ibabau ng̃ bahai ng̃ daga, ai lumakí at tumaas na matayug;[69] yo'i parang isang masúkal na kagu-batan para sa kaaua-auà at maliit na dalaga na gagadalirì kataas.

"Ng̃aion habang tagarau ai dapat mong tahiin ang iong damit na ipagkakasal!" ang sabi ng̃ dagang bukid sa kania; sa-pagka at namulung[70] na ang kapitbahai, ang nakaaantok na to-pong gayak ang terciopelong itim. "Dapat kang magkaroon ng̃ damit na lino at lana, sapagka at dî ka dapat magkulang ng̃ anoman pag ikau ai naging asaua ng̃ topo!"

---

65 Mantantó: enterarse.
66 Balugbúg: trasera, a lo largo de la columna vertebral.
67 Talos: sabe.
68 Pinangiliran: apareció . . . al rededor dentro de los ojos.
69 Matayog: muy alto.
70 Namulong: conversar avisandole sobre el casamiento.

Napilitan ng̃a si Gahinlalakíng umupû sa ulakan,[71] at ang dagang bukid ai umupa ng̃ apat na gagamba na gabí at arau ai nag uulak[72] at naghahabi para kai Gahinlalakí. Gabi-gabi ai dinadalau silá ng̃ topo at laging sinasabi na pagka ang tagarau ai matatapus na, ang arau hindî na totoong iinit, dahil at sa tagarau ai masanting[73] ang sikat ng̃ arau na paris ng̃a ng̃aion; sia ng̃a pagkalampas dau ng̃ tagarau, ibig niang pakasalan si Gahinlalakí. Ng̃uni at dî ito ikinatutuâ ni Gahinlalakí, sapagka at dî nia malunuk[74] ang nakaaantok na magdudukal lupà. Tuing umaga pagsikat ng̃ arau, at tuing hapon paglubug nagaalpas sia at nálabas sa pintô, at sakâ paghumihip ang hang̃in at nahauî ang mg̃a uhai ng̃ palai, at nasusuliapan nia ang asul na lang̃it, naalaala nia na maliuanag at maaliu doon sa labas, at ninanasang mahigpit na muling makita ang mahal na layanglayang; ng̃uni at ito'i dî na muling bumalik, marahil ai sia'i malayo at lumipad sa maganda at madahong gubat.

Nang dumating na ang panglalagas ng̃ mg̃a dahon,[75] ai tapus na ni Gahinlalakí ang lahat niang damit pangkasal.

"Sa loob ng̃ apat na lingo ai ikakasal ka!" ang sabi ng̃ dagang gubat. Ng̃uni at si Gahinlalakí ai nagiiyak at ang sabi ai dî nia ibig ang nagaantok na topo.

"Schnikschnak!" ang sagot ng̃ dagang bukid.

"Huag kang magmatigas ng̃ ulu at kakagatin ng̃ mapuputî kong ng̃ipin! Kagandang lalaki ang magiging asaua mo! Ang reina mai ualâ ng̃ gaiong maitim na balat terciopelo! Ang kusinâ nia at bodega ai punù. Ypagpasalamat mo sia sa Dios!"

Ng̃aion ikakasal na silá. Dumating na ang topo, at kakaunin si Gahinlalakí; siá'i dapat tumirá sa kaniang bahai doon sa malalim, sa lupa, dî na sia lálabas sa mainit na arau, sapagka at ito ai hindî matiis ng̃ topo. Ang abang batà ai totoong malungkut; ng̃aion sia magpapaalam sa maligayang arau, na nakikita nia sa pintu ng̃ bahai ng̃ dagang bukid.

"Paalam, samahan ka nauâ ng̃ Dios, ikau maliuanag na arau!" ang wika nia at itinaas ang mg̃a kamai sa itaas at lumakad ng̃ ilang hakbang sa harap ng̃ bahai ng̃ dagang gubat; sapagka at ng̃aion naani na ang palai ai ualang natitirang nag-

---

71 Ulakán: Aparato para tejer tela.
72 Naguulak: esta tejiendo.
73 Masanting: hermoso, hermosa.
74 Di niya malunok: no lo pudo aceptar.
75 Panlalagas ng mga dahon: la estación del año que se llama Otoño.

tayô kundì ang mg̃a tiong dayami.[76] "Paalam, samahan ka nauâ ng̃ Dios!" ang uikâ nia at linigid ng̃ kaniang mg̃a baraso[77] ang isang maliit na mapulang bulaklak na dooi nakatayô. "Ypagkumusta mo ako sa maliit na layang-layang kung sakalì at yo siang makita!"

"Kuibit, kuibit!" humuning biglâ sa itaas ng̃ kaniang ulu, tuming̃alà sia, yaon ng̃a ang maliit na layang-layang na nagkataong dumaan. Natuang lubus si Gahinlalakí ng̃ sia'i makita; sinalitâ ng̃a nia na lason sa kaniang loob ang pakasal sa pang̃it na topo, at sia'i patirahin doon sa ilalim ng̃ lupà, doon sa dì naaabut ng̃ sikat ng̃ arau. Dî ng̃a sia makapagpigil na umiyak.

"Ng̃aion darating ang malungkut na tagginau," ang sabi ng̃ maliit na layang-layang; "ako'i lilipad na malayu doon sa maiinit na lupà, ibig mong sumama sa akin? Makauupu ka sa aking balugbug! Ytalî mo lamang na mahigpit ang yong katauan ng̃ yong pamigkís, at sakâ liliparan natin ang pang̃it na topo, ang kaniang madilim na bahai, lalampasan natin ang mg̃a kabundukan at darating tayo sa maiinit na lupà, doo'i lalong marikit ang sikat ng̃ arau, palaging taginit at laging mai mariikit na bulaklak. Lumipad ka lamang na kasama ko, ikau mahal at maliit na si Gahinlalakí, na nagligtas sa aking buhai ng̃ ako'i nakahandusai[78] na parang patai sa madilim na lungâ!"

"Totoo ng̃a, sasama ng̃a ako sa yo!" ang sagot ni Gahinlalakí at umupu sa balugbug ng̃ ibon, ang mg̃a paa sa tupî[79] niang buntut, itinalì ang kaniang pamigkís sa isang katibaitibayang pakpak at saka lumipad na napaimbulug[80] ang layang-layang, sa ibabau ng̃ mg̃a gubat at dagat, sa itaas ng̃ matatayug na bundok na laging linalatagan[81] ng̃ busilak; nagiginau si Gahinlalakí sa malamig na hang̃in, ng̃uni at nagsusumiksik sia sa maiinit na balahibo ng̃ ibon at ualang isinusungao[82] kundì ang malingit na ulu ng̃ mapagmalas[83] pagtakhan ang lahat ng̃ mg̃a kariktan.

Dumating ng̃a sila sa maiinit na lupà. Doon sumisikat ang arau na maliuanag na lalo, ang lang̃it ai mataas na maika-

---

76 Dayami: hierba seca o ponos de palay secos.
77 Linigid ng kanyang mga baraso: la abrazó.
78 Nakahandusay: acostado sin conocimiento.
79 Tupí: doblado.
80 Napaimbulog: surcó el aire.
81 Linalatagan: que se cubre con.
82 Isinusungao: asoma.
83 Mapagmalas: para ver.

laua at nagsisitubù sa mg̃a hukai at mg̃a burul[84] ang magagandang verde at azul na uvas. Nang̃agbitin sa mg̃a kagubatan ang dayap at dalandan, dito humahalimuyak[85] ang mirto at menta, at sa mg̃a lansang̃an nagtatakbuhan ang mg̃a magagandang batà, kalarô ang mg̃a malalaking sari-saring kulai na paro-paro. Ng̃uni at ang layang-layang ai lumipad pa ng̃ lumipad, at ang lupà'i sumayá pa ng̃ sumayá. Nakatayu sa tabi ng̃ isang azul na dagatan, sa lilim ng̃ malalaki at mayayabung[86] na kahui isang maputing nakasisilao na palasiong marmol ng̃ una pang panahon. Gumagapang na napaiitaas sa mg̃a haliging matatayug ang mga punù ng̃ uvas; at sa kaitaasan ang mg̃a pugad ng̃ mg̃a layang-layang, at sa isa nito namamahai ang layang-layang na nagdala kai Gahinlalakí.

"Yto ang aking bahai!" ang sabi ng̃ layang-layang. "Datapua at kung ibig mong piliin ang isa ng̃ mg̃a karikit-dikitang bulaklak na doon sa ibabâ sumisibul, dadal'hin kitá doon; at lalagai ka ayon sa yong nasà!"

"Anong kainam!" ang uikà ni Gahinlalakí at nagpasaltak[87] ng̃ dalirì.

Doon nakahigâ ang isang malaki at maputing haliging marmol, na nabual sa lupa at nagkatatlong piraso, ng̃uni at sa mg̃a pagitan nito nagsisibul ang magaganda, malalakí at maputing bulaklak. Ylinipad ng̃ layang-layang na paibabâ si Gahinlalakí at ilinagai sa isang malapad na dahon. Ng̃uni at anong pagkagitlá nito! Doon sa gitnâ ng̃ isang bulaklak mai nakaupong isang maliit na lalaki, maputî at malinao na tila baga bubug[88] putung nia sa ulu ang isang marikit na koronang gintô, at sa likod ai mairoong magagandá at masisinag na pakpak, at sia ng̃a ai kasinglaki lamang ni Gahinlalakí. Yaon ng̃a ang angel ng̃ bulaklak. Sa bauat isang bulaklak ai mai tumítirang isang maliit na lalaki ó babai, ng̃uni at ito ang naghaharì sa kanilang lahat.

"Sanctus Deus, anong gandá!" ang bulung ni Gahinlalakí sa layang-layang. Kinagulatang totoo ng̃ maliit na principe ang layang-layang, sapagka at sa kaniang liit at kauntian ai ito isang malaking ibon; ng̃uni at ng̃ masuliapan si Gahinlalakí ai natuâ siang lubus; kailan man ualâ siang nakita na kasing-gandang dalaga. Kaya ng̃a inalis sa kaniang ulu ang koronang gintô

---

84 Burul: collado.
85 Humahalimuyak: desprende fragancia.
86 Mayayabung: lozanos.
87 Nagpasaltak: castañeteó.
88 Bubug: cristal que suele ser molido o quebrantado.

at ipinatong sa kania, itinanong kung anó ang ñgalan nia at kung ibig kayang pakasal, at maging reina ñ lahat ñ mña bulaklak! Sia nña po, ito'i iba ñang tunai sa anak ñ palakâ at sa magdudukal-lupà na mai damit ñ maitim na terciopelong balat. Kaya nña pinaoohan[89] nia ang marañal na principe at sa bauat isang bulaklak dumating na nangaling ang isang marañal na babai ó lalaki, labis ñ gandá na katuâtuâ;[90] bauat isa'i maitaglai na alai, ñuni at ang kagaling galiñan ai dalauang magagandang pakpak ñ isang malaki at maputing lañao; ikinapit nña itong matibai sa likod ni Gahinlalakí, at ngaion ai nakakaluksu na sia palipat-lipat sa mña bulaklak. Nañagsayá nña silang totoo at inauitan silang pinakainam ñ layanglayang na nakaupû sa itaas sa kaniang pugad; ñuni at sa loob nia ai malungkut sa pagka at mahal sa kania si Gahinlalakí at dî sana ibig na hiualayan sia magpakailan pa man.

"Hindî ka dapat magñalan ñ Gahinlalakí!" ang sabi sa kania ñ angel ñ bulaklak. "Ya'i isang pañit na ñalan at ikau ai maganda. Pañañanlan ka namin ñ Maya." [91]

"Paalam sa yo, paalam sa yo!" ang sabi ñ maliit na layanglayang at lumipad na muling umalis sa maiinit na lupà at tuñu sa malayo, sa Dinamarka; doon mairoon siang isang maliit na pugad sa ibabau ñ dañauan na tinitirahan ñ taong marunung magsalitâ ñ mña sarisaring buhai, umauit sa kania ñ "Kuibit, kuibit!" Kaya nña naalaman namin ang buung salitâ.

ANG PAÑIT NA SISIU Ñ PATO*

Maligaya ñang lubos doon sa labas ñ bayan; niao'i tagarau, ang trigo ai naninilao, ang avena ai verde, at ang damo ai namamandalâ[1] doon sa murang sakatihan at doon inihahakbang ñ *cigüeña* ang kaniang mapupulang paa at humuhuni ñ uikang *egipcio* sa pagkat itong uikang ito ai pinagarálan nia sa kaniang ina. Sa palibot ñ parang at ñ damuhan nañag-

---

[89] Pinaoohan: dió el *sí*, se conformó.

[90] Katuátuá: placentero, placentera.

[91] Maya: un nombre que se da a una persona bien admirada. En tagalog, es nombre de un pequeño pájaro que suele poner su nido en cualquiera parte secreta y alta de una casa.

* Ang Pangit na Sisiu ng Pato: La Anadeja Fea.

[1] Namamandalá: se amontonan.

tayô ang masusukal na kagubatan, at sa gitnà ng̃ gubat mai isang malalim na dagatan, sia ng̃a, maligaya ng̃ang tunai na tunai doon sa labas ng̃ bayan! Sa nasisikatan ng̃ arau ai nakatayô ang isang bahai ng̃ mataas na tao, ligid ng̃ malalalim na bambang,[2] at mulâ sa pader hangang sa tubig ai nagsisibulan ang malalaking punù ng̃ bigâ[3] at matataas, kayâ ng̃a at ang mg̃a batà ai nakasisilong na patindig sa ilalim; ng̃uni at doo'i masukal na anaki'i katumukan[4] ng̃ parang. Dito mai nakaupu sa pugad na isang pato na dapat limliman[5] ang kaniang mg̃a sisiu, ng̃uni at halos nayayamot na sia bago mang̃agputúkan ang mg̃a itlog, at saka pa bihirà siang dalauin dahil at minamag̃aling pa ng̃ mg̃a ibang pato ang maglang̃uyan sa mg̃a bambang sa umahon at sumilong sa isang dahon ng̃ bigà at makipagtaltalan[6] sa kania.

Nang malao'i nagputukan din ang mg̃a itlog na sunudsunud. "Pip, pip!" ang uikâ at ang lahat ng̃ mg̃a itlog ai nang̃abuhai at ang mg̃a batang bibi ai nagultauan ang ulu.

"Aapp, rapp!" ang uikâ ng̃ iná at nagraprapan[7] naman silang lahat ayon sa kanilang kaya at nagpabiling-biling[8] sa palibut sa ilalim ng̃ mg̃a murang dahon, pinabayaan naman ng̃ ina na sila'i magsipagmalas habang ibig nila sa pagka at ang kulai murà ai mabuti sa mata.

"Ano ng̃a palang lakí ng̃ mundo!" ang sabi ng̃ mg̃a sisiu; palibhasà ai ng̃aion ibá ang kanilang kinalalagian sa noon sila ai nasasaitlog pa.

"Ang isip ba ninio ai ito na ang buung mundó?" ang tanong ng̃ ina. "Yto ai lumalatag pang malayu hangan doon sa kabilang tabí ng̃ halamanan, abut hangán sa bukid ng̃ Cura, ng̃uni at ako'i hindî pa nakakasapit[9] doon! Tipón ba kayo?" ang tanong niang kasunud at tumindig. "Hindî, hindî pa napipisang[10] lahat, naroon pa ang malaking itlog. Gaano pa maglalaon[11] yan? Ako'i mayayamot na!" At mulî siang lumimlim.

---

2 Bambang: canal.

3 Bigá: (Bot.) Badana.

4 Anaki'i katamukan: como si fuera un pequeño matorral.

5 Limlimán: empollar.

6 Makipagtaltalan: chacharear.

7 Nagraprapan: el grito de los patos que suena como 'kwak, kwak' o 'rap-rap'.

8 Magpabiling-biling: pasar la vista a su contorno.

9 Nakakasapit: llega o alcanza.

10 Napipisa: se empolla.

11 Maglalaón: tardará.

"Ano, komusta kayo?" ang sabi ng̃ isang matandang pato na dumating at dumadalau.

"Tumatagal na totoo itong isang itlog!" ang sabi ng̃ itik na lumilimlim; "ayau pang mapisâ; ng̃uni at suliapan lamang ninio ang iba doon ¿dì ng̃a baga sila ang mg̃a kagandagandahang bibi na namalas kailan pa man? Kamukhâ mandin silang lahat ng̃ kanilang ama; ang hampas-lupà ai hindì man lamang dumarating at ako'i dalauin."

"Tingnan ko ng̃a ang itlog na hindì mapisa!" ang uika ng̃ matandâ. "Maniualà kayo sa akin, ya'i isang itlog ng̃ pavo, minsan ai nangyari din sa akin ng kaparis, at lakí ng̃ aking hirap at alagà sa mga sisiu dahil at sila'i takút sa tubig. Hindì ko mandin[12] silá mapalusung,[13] tinatang̃ai ko at sinisigauan ko sila, ng̃uni at ualang saisai.[14] Tingnan ko ng̃a ang itlog. Sia ng̃a, yan ng̃a'i itlog ng̃ pavo, bayaan ninio sia at turuan pa ninio ang ibang mg̃a anak na lumang̃oi."

"Lilimliman ko pa siang sandali" ang sabi ng̃ ítik; "matagal nakapaginot[15] lumimlim, makauupû pa akong sumandalì!"

"Kayo ang bahalà!" ang uikà ng̃ matandang itik at umalís.

Ng̃ malao'i napisâ ang malaking itlog. "Pip, pip!" ang uikâ ng̃ sisiu at lumabas; ito'i malaki at pang̃it. Pinagmasdan sia ng̃ itik na inahin. "Yto'i isang malakas at malaking sisiu ng̃ itik," ang sabi nia; "alin man sa iba ai hindì nia kamukha; sisiu ng̃a kayâ baga ito ng̃ pavo? Ng̃aion natin malalaman, lulusung sia sa tubig, mapilitan man akong sia'i itulak."

Sa kinabukásan, ai mainam at maganda ang panahon. Arau ai sumisikat sa lahat ng̃ bigà. Ang itik na inahin ai naparoon sa bangbang kasama ang lahat ng̃ anak; platseh! lumuksú ng̃a sia sa túbig. "Rapp, rapp!" ang uikâ nia at nagtalúnang sunudsunud ang mg̃a bibi; sila'i natatabunan ng̃ tubig hangang ulu ng̃uni at muling nalitau at naglang̃úyang mainam, ang mg̃a paa'i kumakauai ng̃ magisa, lahat sila'i nasasa tubig, pati ng̃ pang̃it at kakatuang[16] bibi ai lumalang̃oi.

"Hindì ng̃a, hindì ng̃a ito pavo!" ang sabi ng̃ inahin; mas'da't anong galing kumauai, matuid tumayô; anak ko ng̃a siang tunai. At sakâ maganda rin naman, kung talagá siang pagmamas'dan. Rapp, rapp—Sumunud kayó sa akin, ibig ko

---

12 **Mandin:** parece, quizás.
13 **Mapalusong:** hacerle bajar.
14 **Walang saisai:** no sirve para nada.
15 **Nakapaginot:** esperé con paciencia.
16 **Kakatuang:** raro, feo.

kayong akayin at dal'hin sa marañgal na bahai, ibig ko kayong ipakilala sa palacio ñg mña itik, ñguni at lumapit lamang kayong palagi sa akin ñg huag kayong mayapakan[17] ñg sinoman, at pañgilagan[18] ninió ang mña pusâ!"

Nasok ñga silá sa palacio ñg mña itik. Kaiñgai na katakottakot ñga sa loob, sa pagkat doo'i mai dalauang angkang[19] nagaagauan sa isang ulu ñg igat,[20] at sa katapustapusan ai nahulug sa kukú ñg pusà.

"Mas'dan ninió, ganian ñga ang lakad ñg mundó!" ang uikà ñg inahing itik at kinuskús ang kaniang tukâ sa pagka at nakakaibig din naman sia sa ulu ñg igat. "Lakad kayo!" ang uikà. "Magpílit kayong makapiyak,[21] at iyukû ang iniong liig sa harap niaong matandang itik doon; sia ang karañgaldañgalan[22] sa lahat; sia ai dugung-Kastilà kayâ ñga sia totoong matabâ; at mas'dan ninio; sia ai mairoong mapulang tauing[23] sa palibot ñg paa, yan ai dî maabot masabi ñg dikit, at ang kalakílakihang palitandâ[24] na maibibigai sa isang itik; malaking lubhâ ang kaniang kahulugan, na dî bagá sia ibig maualâ at makilala agad ñg hayup man ó tao man. Magraprapan kayo; huag ipapasok ang paa. Ang isang mai pinagkalak'hang[25] bibi ai iniungkang[26] ñg magaling ang dalauang paa, paris ñg amá at iná; ting'nan ninió ganitó. Ñgaion iyukû ang iniong liig at sabihin: "Rapp!"

Sinunud ñga nilá ito; ñguni at pinagmas'dan sila sa palibut ñg ibang mañga itik at nagsalitáang pasigau: "Ting'nan mó. Ñgaion madaragdagan na naman tayo ñg isang kabanan,[27] tila bagá hindî pa tayo labis, at pfui! anong kapañgit niaong isang bibi, ya'i dî natin dapat payagan!" At kapagkaraka'i linipad sia ñg isang itik at kinagat sa liig.

"Pabayaan mo sia, huag mong galauin!" ang uikà ñg ina. "Di nia kinikibô ang sinoman!"

---

17 Mayapakan: le pise.
18 Pangilagan: evite, aléjese.
19 Angkan: familia.
20 Igat: anguila.
21 Makapiyak: piar.
22 Karangaldangalan: honorabilísimo.
23 Tauing: marca o señal de color encarnado al rededor del pie de pato.
24 Palitandá: distinción.
25 Mai pinagkalak'hang: educado.
26 Iniungkang: extendió.
27 Kabanan: bandada.
28 Mahimulmulan: desplumar.
29 Inakai: pollo.

"Sia nga, nguni at napakalakí at di karaniuan" ang sagot ng mangangagat na itik, "at dahilan dito ai dapat siang mahimulmulan!" [28]

"Magaganda ang mga inakai[29] ng inahin," ang sabi ng itik na mai pamuti sa paa. "Lahát sila ai magaganda patí ng isang hindî nagkapalad;[30] pahintulutan akong magnasa na inió siang mabago."

"Hindî pô maarî, mahal na maginoo," ang sagut ng inahin; "hindî nga magandá nguni at mabait, mainam lalangoi, kasin dikit[31] ng ibá, at masasabi ko pang, marikít pa sa ibá; sapantahà[32] ko pó, ai gagandá paglakí at liliit ng kaunti sa habà ng panahon; natagalang nátira sa itlog at kaya nga hindî nagkaroon ng mabuting kias!" [33] at binatak sa liig at pinakinis[34] ang balahibo. "At sakâ po ai sia'i isang itik na lalaki," ang idinugtung nia; "at dahilan doon ai ualang malaking mauaualâ. Sa bantâ ko po ai totoong lálakas, magaling na pong sisisid."

"Ang ibang mga bibi ai kaligaligaya" ang uikà ng matanda. "Ypalagai niniong kayo'i nasa sarili, at kung kayo'i mai matagpuang ulu ng igat ai maibibigai ninió sa akin."

At lumagai nga silang para sa sarili.

Nguni at ang kaauaauang bibi na huling napisâ na pangit na lubhâ ai pinagkagatan, tulakan, tuyaan[35] at hindî lamang ang mga itik kundî patí ng mga manok. "Napakalakí," ang sabi nilang lahat at ang pavo na nagaakalâ na sia'i emperador dahil at sumiput sa mundó na mai tahid,[36] nangalisag[37] na parang sasakiang kadkad ang lahat ng layag[38] tinungo sia, pinaltok[39] sia, kayâ nga at namula ang liig. Dî nga maalaman ng kaauaauang bibi kung saan tatayô ó tutungo; malumbai nga siang totoo dahil sa kaniang kapangitan at dahil sa sia'i pinag lilibakan[40] ng tanang[41] kaitikan.

---

30 **Hindí nagkapalad: no hubo suerte, desafortunado.**
31 **Kasin dikit: tan bonito como.**
32 **Sapantahá: parece.**
33 **Kias: forma, figura, facha.**
34 **Pinakinis: pulimentó, hizo pulimentar.**
35 **Tuyaan: mofaron.**
36 **Tahid: espolón.**
37 **Nangalisag: se alzaron las plumas.**
38 **Layag: vela.**
39 **Pinaltok: dió un cozcorron.**
40 **Pinaglilibakan: le desprecian.**
41 **Tanang: todos.**

Gayon nakaraos ang unang arao, nguni at nalalaon at nalalaon ai lalong sumasamâ. Lahat ai nagtatabuyan sa bibi, at pati nga ng mga kapatid ai naiinip sa kania at laging sabisabi: "Madakip ka sana ng pusà, ikau pangit na kulugu!" [42] at ang uikà ng iná: "Lumayas ka sana lamang ng malayù!" Pinagtutukaan sia ng mga itik, at sinasabong ng mga manok at tinatadyakan[43] sia ng alilang babai na nagpapatukâ sa mga hayop.

Lumipad nga sia at nagtanan sa kulungan; nagliparang gitla ang mga ibon sa mga tumuk. "Ya'i nangyayari dahil at ako'i totoong pangit!" ang isip-isip ng bibi, at pumikit at lumipad ng lumipad; at dumating nga sa kumunoi[44] doon sa tirahan ng mga patong gubat. Dito sia tumirang magdamag, pagod siang labis at lubhang malumbai.[45]

Sa kinaumagahan ai nangagising ang mga patong gubat at pinagmas'dan ang bagong abai.[46] "¿Anó ka?" ang tanong nilá, ang bibi ai nagbigai ng magandang arao sa lahat, at pinagbuti ang pagbati.

"Napakalabis ka kapangit!" ang sabi ng mga patong bunduk. "Nguni at pababayaan ka namin kung huag ka lamang magaasaua sa isa sa aming an'kan." Malayù nga sa isip ng kaauaauang bibi ang magasaua, pahintulutan lamang siang umupû sa balangot at uminom ng kaunting tubig sa kumunoi.

Nátira nga sia doong dalauang arau. Nagkataon namang dumating ang dalauang gansang bukid,[47] ó lalong malinao dalauang gansang lalaki bulubundukin;[48] dì pa nga nalalaong sila'i napisâ sa itlog; at dahilan dito sila'i totoong matatabil.[49]

"Pakingan mo, abai" ang uikà nilá, "Ykau ai napakapangit na sukat naming mabatá;[50] ibig mong sumama at maging ibong galâ?[51] Dito sa malapit ai mai isang kumunoi na tinitirahan ng ilang magagandang gansang bunduk, dalagang tanan na nakapagsasabi ng "Rapp." Ykau ai nasasalagai[52] na magauâ mo ang yong palad, pangit ka mang labis!"

---

42 **Pangit na kulugu:** feo y reprochable.
43 **Tinatadyakan:** le dan taconazos.
44 **Kumunoi:** terreno pantanoso.
45 **Malumbay:** triste.
46 **Abay:** amigo, compañero.
47 **Gansang bukid:** ganzo bravo.
48 **Bulubundukin:** montañoso.
49 **Matatabil:** charlatanes.
50 **Mabatá:** sufrir, aguantar.
51 **Ibong galá:** pájaro vagante.
52 **Nasasalagai:** está en condición.

"Piff, paff," ang pumutuk at ang dalauang gansang bunduk ai nahulug na kapuâ sa balangot, at sa dugù ai namulá ang tubig. "Piff, paff," pumutuk na mulì, at nagliparan ang kabanang gansang gubat sa mg̃a balangot, at putukang mulì. Yao'i isang pang̃ang̃asong malakí, ang mg̃a mang̃ang̃aso'i[53] naglibot sa kumunoi, at ang iba'i nang̃agupù sa mg̃a sang̃a ng̃ kahoi na nang̃agduklai[54] sa tubig; kumalat ang azul na usuk na anaki'i alapaap[55] sa madidilim na kahoi hangang sa tubig; lumusung sa tubig ang mg̃a aso; platseh, platseh!—ang balangot at kauayan ai nahauì sa magkabikabilâ. Natakut ng̃ang lubhâ ang abang bibi; ibiniling ang ulu ng̃ maitago sa ilalim ng̃ pakpak; siang pagkakita sa piling nia ng̃ isang kakilakilabot[56] na malaking aso; lailai[57] na mahaba ang dilà at nagbabaga ang mata na nakatatakot; iniakmâ[58] ng kaniang bibig sa bibi ipinakita ang matulis niang ng̃ipin at—platseh! platseh! lumampas na hindî sia sinakmal.[59]

"O salamat sa Dios!" ang idinaing ng̃ bibi, "ako'i totoong napakapang̃it na ang aso ma'i dî makakagat sa akin!"

Nátira ng̃a siang tahimik, samantalang humuhugung sa mg̃a balangot ang ulan ng̃ bala at nagsusunudsunud ang putuk.

